Republic of the Philippines

**S E N A T E**

Pasay City

**COMMITTEE ON WOMEN, CHILDREN, FAMILY RELATIONS AND GENDER EQUALITY JOINT WITH THE COMMITTEES ON MIGRANT WORKERS; AND PUBLIC ORDER AND DANGEROUS DRUGS**

**Date** : Monday, September 9, 2024

**Time** : 10:00 a.m.

**Venue** : Sen. Ambrosio B. Padilla Room
Senate of the Philippines
Financial Center, Roxas Boulevard, Pasay City

**Agenda** : **PRIVILEGE SPEECH OF SEN. RISA HONTIVEROS ON HUMAN TRAFFICKING, DELIVERED ON NOVEMBER 21, 2022**

**INQUIRY, IN AID OF LEGISLATION, ON THE ALLEGED HUMAN TRAFFICKING AND CYBER FRAUD OPERATION AT CLARK:**

**PROPOSED SENATE RESOLUTION NO. 595 - RESOLUTION URGING THE APPROPRIATE SENATE COMMITTEE/S TO CONDUCT AN INQUIRY, IN AID OF LEGISLATION, ON THE ALLEGED HUMAN TRAFFICKING AND CYBER FRAUD OPERATIONS AT THE CLARK SUN VALLEY HUB CORPORATION INSIDE THE CLARK FREEPORT ZONE WITH THE END IN VIEW OF ELIMINATING HUMAN TRAFFICKING IN CYBER FRAUD INDUSTRIES IN THE COUNTRY (by Senator Poe)**

**HUMAN TRAFFICKING INSIDE THE CLARK FREEPORT ZONE:**

**PROPOSED SENATE RESOLUTION NO. 611 - RESOLUTION DIRECTING THE APPROPRIATE SENATE COMMITTEE TO CONDUCT AN INQUIRY, IN AID OF LEGISLATION, ON THE HUMAN TRAFFICKING INSIDE THE CLARK FREEPORT ZONE WHICH ARE BEING LINKED TO PHILIPPINE OFFSHORE GAMING**

**OPERATORS (POGO), WITH AN END VIEW OF CRAFTING A LEGISLATION OR POLICY RECOMMENDATION, AS MAY BE NECESSARY (by Senator Gatchalian)**

**INVOLVEMENT OF AN INTERNET GAMING LICENSEE OF PAGCOR ON THE ALLEGED CRIMES OR OFFENSES:**

**PROPOSED SENATE RESOLUTION NO. 853 - RESOLUTION DIRECTING THE APPROPRIATE SENATE COMMITTEE TO CONDUCT AN INQUIRY, IN AID OF LEGISLATION, ON THE INVOLVEMENT OF AN INTERNET GAMING LICENSEE OF THE PHILIPPINE AMUSEMENT AND GAMING CORPORATION (PAGCOR) ON THE ALLEGED CRIMES OR OFFENSES, PARTICULARLY PROSTITUTION, HUMAN TRAFFICKING, TORTURE, KIDNAPPING FOR RANSOM, AND ONLINE SCAMS, WITH AN END VIEW OF CRAFTING A LEGISLATION OR POLICY RECOMMENDATION, AS MAY BE NECESSARY (by Senator Gatchalian)**

**HUMAN TRAFFICKING, SERIOUS ILLEGAL DETENTION, AND PHYSICAL ABUSE AND TORTURE:**

**PROPOSED SENATE RESOLUTION NO. 977 - RESOLUTION DIRECTING THE APPROPRIATE SENATE COMMITTEE TO CONDUCT AN INQUIRY, IN AID OF LEGISLATION, ON THE ALLEGED HUMAN TRAFFICKING, SERIOUS ILLEGAL DETENTION, AND PHYSICAL ABUSE AND TORTURE IN THE PREMISES OF AN INTERNET GAMING LICENSEE OF PHILIPPINE AMUSEMENT GAMING CORPORATION (PAGCOR) IN TARLAC, WITH AN END VIEW OF CRAFTING A LEGISLATION OR POLICY RECOMMENDATION, AS MAY BE NECESSARY (by Senator Gatchalian)**

**HUMAN TRAFFICKING AND INVOLVEMENT IN SCAMMING ACTIVITIES:**

**PROPOSED SENATE RESOLUTION NO. 1032 - RESOLUTION DIRECTING THE APPROPRIATE SENATE COMMITTEE TO CONDUCT AN INQUIRY, IN AID OF LEGISLATION, ON THE ALLEGED HUMAN TRAFFICKING AND INVOLVEMENT IN SCAMMING ACTIVITIES,**

**VIOLATING THE CYBERCRIME PREVENTION ACT OF 2012, WITHIN MULTINATIONAL VILLAGE IN PARANAQUE CITY, WITH AN END VIEW OF CRAFTING A LEGISLATION OR POLICY RECOMMENDATION, AS MAY BE NECESSARY (by Senator Gatchalian)**

**-----------------------------------------------------------------------**

**ATTENDANCE**

**SENATORS:**

| | | |
|---|---|---|
| **HON. RISA B. HONTIVEROS** | - | Chairperson, Committee on Women, Children, Family Relations and Gender Equality |
| **HON. RAFFY T. TULFO** | - | Chairperson, Committee on Migrant Workers |
| **HON. RONALD "BATO" M. DELA ROSA** | - | Chairperson, Committee on Public Order and Dangerous Drugs |

**HON. JINGGOY EJERCITO ESTRADA**
**HON. FRANCIS "TOL" N. TOLENTINO**
**HON. AQUILINO "KOKO" PIMENTEL III**
**HON. JOSEPH VICTOR "JV" G. EJERCITO**
**HON. JOEL VILLANUEVA**
**HON. WIN GATCHALIAN**
**HON. LOREN LEGARDA**
**HON. GRACE POE**
**HON. JUAN MIGUEL "MIGZ" F. ZUBIRI**
**HON. RAMON BONG REVILLA JR.**
**HON. CHRISTOPHER LAWRENCE "BONG" T. GO**
**HON. ROBINHOOD C. PADILLA**

**GUESTS/RESOURCE PERSONS:**

| | | |
|---|---|---|
| Hon. Francis John L. Tejano | - | Assistant Secretary, Department of Justice (DOJ) |
| Atty. Hannah Lizette S. Manalili | - | Attorney V, DOJ |
| Atty. Benjamin R. Samson | - | Deputy City Prosecutor, DOJ |
| Atty. James L. Cundangan | - | Assistant Solicitor General, Office of the Solicitor General (OSG) |
| Atty. June Abigail S. Dela Cruz | - | State Solicitor II, OSG |
| PCol. Isagani A. Fetizanan | - | Philippine National Police (PNP) |
| PBGen. Raul M. Tacaca | - | Criminal Investigation and Detection Group (CIDG), PNP |

| | | |
|---|---|---|
| PCol Jay C. Dimaandal | - | Provincial Director, Pampanga, PNP |
| Ms. Maricar Magpili | - | OIC Division Chief, Department of Information and Communications Technology (DICT) |
| Ms. Leilani Feliciano | - | Director, Office of Consular Affairs, Visa Division, Department of Foreign Affairs (DFA) |
| Mr. Von Ryan Pangwi | - | Director, Office of Consular Affairs, Passport Division, DFA |
| Hon. Romeo P. Benitez | - | Assistant Secretary for Legal and Legislative Affairs, Department of the Interior and Local Government |
| Hon. Enrique Antonio J. Esquivel III | - | Assistant Secretary for Aviation and Airports, Department of Transportation (DOTr) |
| Hon. Gilberto Cruz | - | Undersecretary, Presidential Anti-Organized Crime Commission (PAOCC) |
| Dr. Winston John Casio | - | Consultant/Spokesperson, PAOCC |
| Hon. Nicholas Felix L. Ty | - | Undersecretary for Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT) |
| Mr. Alejandro H. Tengco | - | Chairperson, Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) |
| Gen. Raul P. Villanueva (Ret.) | - | Senior Vice President, Security and Monitoring Cluster, PAGCOR |
| Atty. Josephine Pagdanganan | - | Vice President, Legal Group, PAGCOR |
| Atty. Aliah Comagul | - | Officer-in-Charge, Corporate Services Department, PAGCOR |
| Atty. Adrian A. Arpon | - | Deputy Director, Financial Crimes Investigation Group, Investigation and Enforcement Department, Anti-Money Laundering Council (AMLC) |
| Atty. Arnold T. Kabanlit | - | Deputy Director, Compliance and Supervision Group Detection and Prevention Department, AMLC |
| Atty. Scranton L. Orcullo | - | Legal and Legislative Division, Bureau of Internal Revenue (BIR) |
| Atty. Edgar Allan Reyes II | - | Legal and Legislative Division, BIR |
| Atty. Norman G. Tansingco | - | Commissioner, Bureau of Immigration (BI) |
| Mr. Fortunato S. Manahan Jr. | - | Chief, Intelligence Division, BI |
| Atty. Arvin Cesar Santos | - | Chief, Legal Division, BI |

| | | |
|---|---|---|
| Mr. Rogelio D. Gevero Jr. | - | Chief, Immigration Regulation Division, BI |
| Judge Jaime B. Santiago (Ret.) | - | Director, National Bureau of Investigation (NBI) |
| Engr. Marizza B. Grande | - | Assistant National Statistician, Civil Registration Service, Philippine Statistics Authority (PSA) |
| Atty. Eliezer P. Ambatali | - | Director III, Legal Service, PSA |
| Mr. Eric Jose C. Ines | - | General Manager, Manila International Airport Authority |
| Atty. Roberto Martin S. Buenaventura | - | Assistant Director General II, Civil Aviation Authority of the Philippines (CAAP) |
| Atty. Mary Margaret Espino | - | Maritime Industry Authority (MARINA) |
| VAdm. Rolando Lizor N. Punzalar Jr. | - | Deputy Commandant for Operations, Philippine Coast Guard (PCG) |
| Capt. Havelino A. Salih | - | Commander, Deputy Chief of Coast Guard Staff for Maritime Security Law Enforcement, PCG |
| Capt. Oliver S. Tanseco | - | Acting Commander, Legislative Liaison Affairs, PCG |
| Cmdr. Ma. Gloria Bermido-Salcedo | - | Executive Officer, CG-2, PCG |
| Lt. Bernadeth Gutierrez | - | Legal Service, PCG |
| RAdm. Jose Ma. Ambrosio Expeleta | - | Vice Commander, Philippine Navy (PN) |
| Capt. Marco N. Buena | - | Assistant Chief of Naval Staff, PN |
| Capt. Estelito B. Lagadia Jr. | - | Personnel Officer, PN |
| Mr. Gerardo F. Del Rosario | - | Director, Securities and Exchange Commission (SEC) |
| Ms. Cheryl O. Medina | - | Executive Assistant II, Local Government, Sual, Pangasinan |
| Mr. Jose Antonio T. Feliciano | - | Former mayor of Bamban, Tarlac |
| Atty. Elmer Galicia | - | Notary Public for Ms. Alice Guo, EAG Law Firm |
| Atty. Stephen L. David | - | Counsel for Sheila Guo, David and Jamilla Law Offices |
| Ms. Ronelyn B. Baterna | - | Corporate Secretary, Lucky South 99 Outsourcing, Inc. |

Ms. Alice Guo / Guo Hua Ping
Ms. Shiela Guo / Zhang Mier

**SENATE SECRETARIAT:**

| | | |
|---|---|---|
| Ms. Gemma Genoveva Tanpiengco | - | Committee Secretary |
| Ms. Princess Gayla P. Cabral | - | Committee Stenographer |
| Ms. Maribel P. Mendoza | - | Committee Stenographer |
| Ms. Jo B. Cadaing | - | Committee Stenographer |
| Ms. Rea P. Corpuz | - | Committee Stenographer |
| Ms. Jennifer L. Flores | - | Committee Stenographer |
| Mr. Guillermo E. Sapinoso Jr. | - | Committee Stenographer |
| Ms. Juliet M. Padre Juan | - | LCSS Support Staff |
| Ms. Realyn C. Garces | - | Committee Support Staff |
| Ms. Mildred Fisico | - | Committee Support Staff |
| Ms. Faustina Maria Godoy | - | Committee Support Staff |
| Mr. Eric Caña | - | Committee Support Staff |
| Ms. Reeann Marie Alamodin | - | Committee Support Staff |

**(For a complete list, please see the attached Attendance sheet.)**

*/jbc/peg/agc*

**AT 10:10 A.M., HON. RISA HONTIVEROS, CHAIRPERSON OF THE COMMITTEE ON WOMEN, CHILDREN, FAMILY RELATIONS AND GENDER EQUALITY, CALLED THE HEARING TO ORDER.**

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Colleagues, dear resource persons, ladies and gentlemen, we resume the investigation of the Senate Committee on Women on human trafficking activities in POGO hubs.

Sa araw na ito, haharap na muli sa Komite ang noo'y nagpakilala sa atin na si Alice Leal Guo. Kumpirmado na po ng NBI na siya si Guo Hua Ping, isang Chinese national na pumasok dito noong 2003. Ibig sabihin, humarap siya sa atin, sa Senado, at tahasang nagsinungaling. Ibig sabihin, humarap siya sa mamamayan ng Bamban at tahasang nagsinungaling. Kahit anong pagpapa-cute niya, hindi matatanggal ang katotohanang ito. This is why iyong tila celebrity treatment sa kaniya ay hindi katanggap-tanggap. Huwag po tayong papabola. Huwag po tayong magpauto.

Friends, I am proud to say that our hearings have made significant progress. Maliban sa proklamasyon ng presidente sa pag-ban ng POGO, naiuwi na din sa Pilipinas si Alice Guo para harapin ang mga naiwan nating mga tanong para sa kanya. Sa gitna ng malawakang public interest sa tinatawag nilang "Senate Flix" na ito, huwag nating kalimutan

na ang pangunahin nating layunin ay ang pagpapaganda ng ating mga batas at polisiya. Nakikita na natin ang mga gaps sa ating mga polisiya sa birth registration, border control, cyber fraud at iba pa. We need to make sure our hearings achieve this purpose. Otherwise, all our efforts will be for naught.

Hindi ko na po ito patatagalin pa. I will ask my colleagues if they have opening statements. At pagkatapos niyan, we will ask the Comsec to recognize the resource persons and administer the oath to those here for the first time. Para po sa maalwan na daloy ng pagdinig na ito, and to give everyone a chance to ask questions, after the Chair, we will limit po the questions to 15 minutes per senator, tapos ay tingnan natin kung puwede tayong mag-round two. In order of arrival po tayo, ito po ang sequence: pagkatapos ng Chair, si SP *Pro Tempore* Sen Jinggoy, Senate Minority Leader Sen Koko, Senator Joel, Senator Bato o Doroy Dela Rosa, Senator JV, Senator Sherwin, Senator Raffy.

So, dear colleagues, mayroon bang may opening statement sa atin? Yes, SP *Pro Temp* Jinggoy, and then—yes.

**SEN. ESTRADA.** Thank you, Madam Chair.

Before I proceed with my opening statement, may I request Ms. Alice Guo to remove her face mask, kung totoong siya talaga si Alice Guo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Please remove your mask, Ms. Guo.

**SEN. ESTRADA.** Siya nga.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes.

**SEN. ESTRADA.** Good morning, Madam Chair, and to our esteemed colleagues.

Ms. Alice Guo, kumusta ka na? Kumusta ang pagbabalik Pilipinas mo?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice.

**SEN. ESTRADA.** I told you to remove your face mask all throughout the hearing.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Please keep it removed.

**MS. A. GUO.** Magandang umaga po, Sen.

Okay naman po.

**SEN. ESTRADA.** Okay. Marami kang litrato, naka-peace sign ka pa and all smiles kasama ang mga tauhan ng NBI at mga BI--at taga-Bureau of Immigration. Nakakadismaya ito at napaka-unprofessional. Bigyan ninyo naman ng dignidad ang inyong mga trabaho.

Alice Guo, sino ka ba talaga? Alam na namin lahat, through the hearings conducted by this Committee, na hindi ka Pilipino. Hindi

totoong lumaki ka sa farm; hindi totoo si Teacher Rubilyn; hindi rin totoo na simpleng mamamayan ka lang. Puro kasinungalingan ang istorya na isinawalat mo dito sa Senado at sa publiko.

At the two Senate hearings that you were present, and you were under oath, but you fearlessly fabricated stories and fed the Filipinos a pack of lies. And in stark contrast to the purported image that you grew up in a farm and were only involved in hog and poultry raising, some 28 billion flowed through your bank accounts despite your company's earning meager income.

Gaano ba kalawak ang kanilang operasyon? At ano ang intensiyon niya na pati pagiging mayor ay kailangan niyang pasukin? She openly mocked our government processes, disrespected our electoral system, and insulted every Filipino by believing she could run for mayor, win, and never be caught.

At isa pa, tungkol sa kaniyang counter-affidavit na isinumite sa DOJ para sa kaniyang human trafficking case na submitted na for resolution noon pang August 6, hindi ba talagang nakakapagtaka na nagpanotaryo noong August 14 sa San Jose del Monte, Bulacan maski wala na siya sa bansa; nag-request na tanggapin ng DOJ ang kaniyang counter-affidavit, maski na tapos na ang deadline? Kaya naman pala pinagpipilitan ng kaniyang mga abogado na nandito pa si Alice Guo dahil

may butas sa pagpapanotaryo. And it was all part of the narrative that Alice Guo was still here. Her lawyers insist that they were told by Alice Guo that she is still here in the country despite reports that she was seen abroad. Dapat panagutin ang gumawa ng kabulastugan na ito.

She must have been laughing at us thinking she outsmarted everyone when she fled the Philippines undetected or rather with the help of civilians and, potentially, even those in government. And let me just state frustratingly that the Indonesian authorities did exactly what the Philippine authorities have failed to do in two months with regard to her arrest. But, nevertheless, I would like to commend the DILG Secretary, Secretary Abalos, for a job well done and for successfully negotiating the return and bringing Alice Guo back to our country.

Nais nating malaman kung sino-sino ang mga tumulong kay Alice Guo at sa kaniyang mga kasamahan para makalabas ng Pilipinas na hindi dumaan sa tamang proseso. Certainly, we also would want to know how these Chinese nationals pretending to be Filipinos were allowed to open businesses under their names; how were they able to use Filipinos as dummies in their companies; also, how were they able to circumvent the constitutional prohibition of limiting foreign equity to 40 percent. Maraming batas ang kanilang nilabag. Nararapat lamang na sila ay managot, and we cannot let them get away with this.

Maraming salamat po, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Maraming salamat din, SP *Pro Temp* Jinggoy.

Any other colleagues with the—Yes, Sen Joel, and then Sen Sherwin.

**SEN. VILLANUEVA.** Thank you very much, Madam Chair. Magandang araw po sa ating lahat.

Ang sabi ho ng John chapter 8, verse 32, "The truth shall set us free." Isa lang po ang gusto nating lahat na malaman, matagal na nating hinahanap, matagal na nating hinihintay—ito rin ang hinihintay ngayon ng sambayanang Pilipino—walang iba kung hindi ang katotohanan, sapagkat ang katotohanan ang magpapalaya sa atin.

Umabot po tayo sa araw na ito, Madam Chair, dahil bukod po sa puro "Hindi ko na po maalala, Your Honor" ang sagot sa atin, tinaguan pa ho tayo ni Ms. Alice Guo, na napag-alaman nating hindi tunay na Pilipino.

Alice, binastos mo at binalahura mo ang buong gobyerno, ang buong sambayanang Pilipino. Hindi ko maintindihan kung bakit noong nahuli ka, parang walang-wala sa iyo. Na-offend po kami. Na-offend po kami. Hindi ko po alam, pero parang ang turing mo sa amin ay kaaway

na. Pero ang totoo, Alice, ang totoo, kung magsasabi ka ng katotohanan, kami dito sa Senado ang totoong kakampi mo.

Bibigyan ka namin muli ng pagkakataon ngayong araw na ito, pagkakataon na isiwalat ang katotohanan. Dahil kahit ayaw mong sabihin ang katotohanan, Senado ito, hindi ito perya. Sigurado kami na malalaman at lalabas ang katotohanan sa Senado. Kung ikaw ay tunay na Pilipino, dapat alam mo ang kasaysayan. Sa kasaysayan, ang Senado ang nagiging sandigan ng demokrasya. Ito ang nagpapalabas ng katotohanan. Pag ikaw ay nagsasabi ng katotohanan, ang Senado ang siguradong magpoprotekta sa iyo … /*pgpc/imjv/agc*

**SEN. VILLANUEVA.** … ang siguradong magpoprotekta sa iyo, more than any agency or institution in this country.

Muli, isang bagong pagkakataon ang araw na ito, lalo para sa iyo, Alice. Sa pagsasabi mo ng katotohanan, hindi lang ikaw ang magbebenepisyo, kung hindi ang sambayanan. At ipapaalala ko sa iyong muli ang iyong sinumpaan dito sa Senado: to tell the truth, the whole truth and nothing but the truth. Kung hindi ka sasagot sa mga tanong natin dito sa Senado o maglulubid ka lang ng buhangin, hindi lalabas ang katotohanan.

Nais nating sabihin sa ating mga kababayan ang kahalagahan ng ating ginagawa, not just in the aid of legislation, but to ensure that we will put a period, an end, to this horrible and terrible POGO. Naipakita ng Senado through this Committee, na even LGUs, even a town like Bamban ay kayang pasukin at kontrolin nang husto ng POGO.

Can you imagine, ladies and gentlemen, kung magpapatuloy ito, hindi lamang mayor, governor, congressman, o senador, baka balang araw, kapag hindi natin tinuldukan ito, sa susunod na halalan, mayroon tayong POGO-sponsored president. Kaya po importanteng mapagtulung-tulungan po natin ito at siguruhin that we will be able to serve the best interests of our people.

Maraming salamat at magandang umaga po sa ating lahat.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Maraming salamat din, Sen Joel.

Sen Sherwin.

**SEN. GATCHALIAN.** Guo Hua Ping, nagsinungaling ka sa taong-bayan, nagsinungaling ka sa Senado; at higit sa lahat, nagsinungaling ka sa sarili mong kababayan sa Bamban.

Alam namin, hindi ka Pilipino. Nakita namin iyan sa pekeng birth certificate mo. Alam namin na hindi ka lumaki sa farm at hindi ka nag-homeschool dahil alam ko saan ka nag-aral--sa Grace Christian High School, na parehong eskuwelahan na pinuntahan ko. Alam namin na mayroon kang kapatid na si Wesley Guo at si Seimen Guo na itinakwil mo noong una. At alam rin namin iyong connection mo sa mga POGO. Kahit na naging mayor ka, hindi mo ibinenta iyong pagmamay-ari mo sa Baofu Land. At alam namin, konektado ka pa rin diyan hangga't ikaw ay nasa posisyon. Alam rin namin na mayroon kang koneksiyon sa dalawang POGO na nag-o-operate sa sarili mong bayan, iyong Hongsheng and Zun Yuan. At mamaya, ipapakita rin namin iyong koneksiyon mo doon.

Kahit na tumakas ka, ipinagpatuloy namin iyong pagdinig dito sa Committee. At dahil sa pagdinig na ito, maraming kaso ang nai-file sa iyo, pitong kaso: graft and corruption case ng Ombudsman, human trafficking case ng DOJ, *quo warranto* case ng SolGen, tax evasion case ng BIR, money laundering case ng AMLC, pagkansela ng birth certificate mo ng SolGen, at mayroon ring Election Code offense ng Comelec. Ito na siguro ang, tingin ko, isa sa pinakamalalim at malalang criminal activity na nakita natin sa buong kasaysayan natin. Sa isang tao, halos pitong kaso ang isinampa sa iyo. Pero alam namin, hindi pa tapos itong pagdinig namin. Gusto naming malaman kung sino ang tumulong sa iyo para makatakas, pribadong personalidad man o sa gobyerno. Gusto rin naming malaman sino pa ang mga kasabwat mo sa POGO hub sa Bamban, pati na rin sa POGO hub sa Porac dahil nakakita na kami ng koneksiyon dito sa dalawa. At gusto rin naming malaman kung sino-sino pa iyong mga personalidad na tumulong sa iyo para mabuo itong mga POGO hub sa ating bansa, sa gobyerno man o sa pribado. Importante na makasuhan sila at importante rin na panagutin sila. Kaya mahalaga itong hearing na ito at mahalaga na marinig namin sa iyo mismo kung sino-sino itong mga taong tumulong sa iyo para magdala ng krimen dito sa ating minamahal na bansa.

Thank you very much, Madam Chairperson.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you very much also, Sen Sherwin.

Mayroon pa bang opening statements?

Sen JV and then Sen Raffy?

**SEN. EJERCITO.** Madam Chair, good morning po.

Anyway, sa umagang ito, sabi ko nga noon, satisfied naman ako—and I would like to congratulate again the Chair and the Committee for ably handling this issue.

Pero sa tatlong bagay lang po, Madam Chair. Ang importante, unang-una, gusto nating malaman, sino ba talaga ang tunay na mga bosses in this web of international syndicate na pumasok dito sa ating bansa. At sana po iyan ay sabihin po ni Ms. Guo ngayong umaga.

Pangalawa, sino—muli, nabangit na—sino ang mga tumulong na pribado man o nasa gobyerno para siya po ay tumakas dahil hindi na po puwedeng maulit ito na tayo po ay binabastos sa sariling bansa na katulong ang ilang mga nasa ahensiya ng ating pamahalaan.

At panghuli, pangatlo po, Madam Chair, sino po ang tumulong kay Ms. Guo na makapasok sa larangan ng politika hanggang siya po ay maging mayor? Baka mamaya po ay marami na hong pain ang Chinese

Communist Party, ang CCP. Dahil po sa ating dispute, mamaya sa iba't ibang lugar ay nakapasok na rin po pa sila.

So, iyong tatlong bagay lang po ngayong umaga. Alam ko po ay marami pa hong magtatanong pero sana po ay masagot po ito ni Ms. Guo sa umagang to.

Maraming salamat.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Maraming salamat din, Sen JV.

Sen Raffy.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Good morning, Madam Chair, Senator Risa Hontiveros.

Colleagues, resource speakers and guests, maraming salamat po sa pagdalo.

As Chairperson of the Committee on Public Service, I am concerned about the regulation of our transport system. We provide regulations for several reasons. First, to safeguard those taking public transportation are safe and secure. Second, to ensure that those given the privilege to own and operate any form of transportation could be held liable for their actions in operating such a vehicle, vessel or aircraft.

And, finally, there is a need to regulate these transport systems because they could be used for criminal activities.

These past weeks, namangha po tayo sa mala-action movie na kuwento ni Shiela Guo. She painted for us what was probably the escape route out of the Philippines. But note, that is just probably. Hindi po tayo sigurado. We have to take her testimony with a grain of salt. For all we know, binuo lang din nila iyang kuwentong iyan doon sa farm kung saan lumaki si Ms. Alice Guo, mga kuwentong paglihis sa tunay na nangyayari.

Based on our research and discussion with transport experts, anyone with money could have several options for exiting the Philippines.

Madam Chair, may I please direct everyone to a video we prepared to give an idea of what could have happened—being used by the Guos.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Raffy, just for the information of the Committee, ilang minuto po iyong ating video?

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Less than a minute, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you.

Please proceed, Sen Raffy, as part of your opening statement.

And before we proceed, the Chair would like to acknowledge and thank the presence of the Majority Leader, Sen Francis. Salamat po.

Please proceed, Sen Raffy.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Okay. As you can see, that is the fishing vessel, at nabanggit iyan ni Alice Guo, during one of the hearings—Shiela, sorry—Shiela Gou, na sumakay sila sa maliit na boat, kulay puti, and then nag-transfer sa isang fishing vessel.

So, maaaring ganoon iyong ginamit na—roll iyong video. And ipapakita po natin kung papaano na hindi na niya kailangan pang sumampa from boat-to-boat dahil tsinek (check) din namin from July 1 to July 20 iyong route na binanggit ni Shiela Guo ay medyo rough ang dagat. Medyo maalon, habagat, kaya imposibleng basta-basta na lamang sila makapagsampa without the aid of that fishing vessel that I showed.

Wala ba tayong moving? Mabilis lang.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Can we proceed to show the video, please, as part of the opening statement? Or kung hindi pa kaya sa ngayon, Sen Raffy, baka sa bahagi ng pagtatanong ninyo mamaya.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Yes.

Today, Madam Chair, with the help of our resource speakers from the Coast Guard, Immigration, CAAP, and other relevant agencies, I would like to identify the weak points in our border control.

Madam Chair, our country's borders is very complicated, every shoreline could serve as an exit point and this makes the Philippines a potential hub … /mpm/peg/agc

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** … a potential hub for transnational crimes. We have to review our border control and transportation regulations policies. Wala po sa mga commercial modes of transportation ang problema, kasi ang kriminal hindi naman po sasakay iyan ng MRT. Usually, sarili niyang motorsiklo or heavily tainted na van. Ganoon din po sa sea and air transport. Ang kriminal na may pera ay may ibang paraan ng paglalakbay.

On another matter, Madam Chair, I would like also for us to look into the process and protocol in extracting fugitives in our country. This is not our first fugitive extraction. We have undergone this process before. But what was the reason why there seemed to be a different protocol with Alice Guo's extraction? Usec Raul Vasquez said that it was just an immigration-to-immigration issue. Si Alice Guo, tulad ni Shiela Guo at Cassandra Ong, ay hinuli ng Indonesian authorities dahil sa immigration violation, dahil dalawang passport at hindi proper ang entry documents. That was the process that was followed because it is fast, efficient, and least expensive dahil nga immigration-to-immigration lang. Exclusion removal on their side and extraction on our side. In fact, for the two ladies, Shiela Guo and Cassandra Ong, there were just two immigration officers and two NBI officers who processed their

extraction, and they took a regular commercial flight. What was the thought process behind the alternate protocol in the case of Alice Guo?

The Senate arrest order was issued prior to the warrant issued by the Capas, Tarlac RTC. I want this to be clarified in this hearing.

And finally, was the dismissal of Alice Guo from being mayor a scheme for the filing of the case in Capas, Tarlac? Would it not be better if this case was filed in a court outside the jurisdiction of Tarlac, which Alice Guo treated as her playground? Of course, we assume that there is a regularity in our court processes. But maybe we should realign our policies to ensure that it cannot be manipulated. Because, let's face it, kung may natutunan tayo dito sa kuwento ni Alice Guo, basta't may pera ka, walang imposible. Salamat po, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat din po, Sen Raffy.

Kung wala na pong ibang opening statements, may I request Comsec i-acknowledge iyong ating mga resource persons at pagkatapos i-administer iyong oath sa mga hindi pa nakapanumpa noon.

**THE COMMITTEE SECRETARY (MS. TANPIENGCO).** Good morning, everyone. The Committee would like to acknowledge the presence of the following resource persons:

From the Department of Justice, we have Assistant Secretary Francis John L. Tejano, Atty. Mariel Francisco, Atty. Hannah Lizette Manalili, Atty. Benjamin Samson.

Then, from the Office of the Solicitor General, we have Assistant Solicitor General James Cundangan, State Solicitor June Abigail Dela Cruz.

Then, from the Philippine National Police, we have Police Colonel Isagani Fetizanan; then we have, still from the Philippine National Police-CIDG, Police Brigadier General Raul Tacaca; then, Police Colonel Jay Dimaandal.

From the Department of Information and Communications Technology, we have Maricar Magpili. Okay.

From the Department of Foreign Affairs, we have Director Leilani Feliciano, Director Von Ryan Pangwi.

Then, from the Department of Interior and Local Government, we have Assistant Secretary Romeo Benitez.

From the Department of Transportation, we have Asec Enrique Antonio Esquivel.

From the Presidential Anti-Organized Crime Commission, we have Undersecretary Gilberto Cruz. We have Director Winston John Casio.

Then, from the Inter-Agency Council Against Trafficking, we have Undersecretary Nicholas Felix Ty.

From the Philippine Amusement and Gaming Corporation, we have the Chairperson, Mr. Alejandro Tengco, together with General Raul Villanueva, Atty. Josephine Pagdanganan, Atty. Aliah Comagul.

Then, from the Anti-Money Laundering Council, we have Atty. Adrian Arpon; we have Attorney Arnold Kabanlit.

From the Bureau of Internal Revenue, we have Atty. Scranton Orcullo, Atty. Edgar Allan Reyes.

Then, from the Bureau of Immigration, we have Commissioner Norman Tansingco, together with Fortunato Manahan Jr., Atty. Arvin Cesar Santos.

From the Immigration Regulations Division, we have Chief Rogelio Gevero Jr.

From the National Bureau of Investigation, we have Judge Jaime Santiago.

Then, from the Philippine Statistic Authority, we have Engineer Marizza Grande; we have Atty. Eliezer Ambatali.

From the Manila International Airport Authority, we have the general manager, Mr. Eric Jose C. Ines.

From the Civil Aviation Authority of the Philippines, we have Atty. Roberto Martin Buenaventura.

From the Maritime Industry Authority, we have Atty. Mary Margaret Espino.

Then, from the Philippine Coast Guard, we have Vice Admiral Rolando Lizor Punzalan Jr.; we have Captain Oliver Tanseco; we have Captain Havelino Salih; we have Commander Ma. Gloria Bermido-Salcedo; and then, we have Bernadeth Gutierrez.

From the Philippine Navy, we have Rear Admiral Jose Maria Ambrosio Ezpeleta; then, Captain Marco Buena; we have Captain Estelito Lagadia Jr.

From the Securities and Exchange Commission, we have Atty. Gerardo F. Del Rosario.

Then, we have Ms. Cheryl Medina, the executive assistant of Mayor Calugay; then, we have Mr. Jose Antonio T. Feliciano, the former mayor of Bamban, Tarlac; then, we have Ms. Alice Guo alias Gua Hua Ping; then, Ms. Shiela Guo alias Zhang Mier; then, we have Atty. Elmer Galicia; Atty. Stephen L. David; Ms. Ronelyn Baterna, the corporate secretary of Lucky South 99.

That's all, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you, Comsec.

Yes, please proceed.

**THE COMMITTEE SECRETARY.** We also invited Mayor Calugay but he sent his letter of regrets.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** This is the second time that Mayor Calugay is absent. Noong unang imbitasyon sa kanila ng Komite, sinabi nila may sakit sila sa dengue. This is the second inability to honor the invitation of the Committee.

So, at the proper time—

**SEN. VILLANUEVA.** I will move now, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, please, Sen Joel, if you would.

**SEN. VILLANUEVA.** I will move now that we issue a subpoena, Madam Chair, to this mayor, Mayor Calugay, Madam Chair, of Sual, Pangasinan.

I so move, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes. The Chair—

**SEN. ESTRADA.** I second the motion.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you very much.

On the motion of Sen Joel, seconded by the Senate President *Pro Tempore*, Sen Jinggoy, the Chair rules that the Committee issue a subpoena for the good mayor na kailangan makadalo na sila sa susunod na pagdinig.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair…

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** … may I also ask if we were able to invite the secretary of Mayor Calugay, a certain Cheryl which—Is she around?

Thank you. Thank you, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Joel.

Also, Comsec, I heard the name Cassandra Li Ong. Nandito ba siya ngayon ulit o nandito na ba siya sa atin?

**THE COMMITTEE SECRETARY.** Madam Chair, she is still at the hospital. But we sent a letter to the Speaker requesting the presence …

/jbc/alicc/agc

**THE COMMITTEE SECRETARY.** … we sent a letter to the Speaker, requesting the presence of Ms. Cassandra Ong here. But there is no reply from the Office of the Speaker.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Well, the Committee hopes that there will be a reply forthcoming from the Office of the Speaker.

Yes, Comsec.

**THE COMMITTEE SECRETARY.** There is a reply. If I may read?

"This is... of your Committee to allow Ms. Catherine Cassandra Li Ong to attend the public hearing on September 9, 2024 at the Senate. Please know that this request has been approved by the Joint Justice Committee. However, please be informed that Ms. Ong is still confined at a hospital in Taguig. Our latest update is that she may be discharged from confinement either tonight or Tuesday, tomorrow."

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** That is good to know, Comsec. At salamat sa sagot ng Office of the Speaker.

We have that in writing, ano po, hindi lang sa cellphone? Okay po.

And tamang-tama, kung madi-discharge na siya ngayong gabi— Kasi actually, ang alam natin, last time, Huwebes, two to three days lamang siya pinapapahinga ng doctor ng House. So, she should really be here at the next hearing.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** Yes, Madam Chair. Following the opening statements a while ago of Senator Raffy, and I think it is very important that we set the record straight when it comes to the contempt powers of the Senate, the jurisdiction and the pending court cases, and I can see two brilliant legal luminaries here in this august chamber.

Madam Chair, just for the record and for the sake of clarification, is it correct that Ms. Alice Guo is still under contempt for her failure to attend the two hearings of this Senate Committee, June 26 and July 10 here? Is that an affirmative, Madam Chair?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** That is correct, Sen Joel. Alice Guo or Guo Hua Ping is still subject to the citation of contempt of this Committee and the Senate.

**SEN. VILLANUEVA.** So live pa rin po ito, Madam Chair.

Pangalawa, iyong jurisdiction. May we know the Committee's position as to the jurisdiction and the period of imprisonment under the inherent contempt powers of the Senate, Madam Chair?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Joel, those are actually among the questions that not only the Chair, but I am sure the colleagues will be raising during this hearing. And by the end of the

hearing, gusto kong makapagbuo talaga ng ruling ang Chair at ang Komite tungkol sa importanteng usaping ito. Kasi napaka-importante po sa Komite at sa buong Senado na nirerespeto noong mga resource persons ang powers at ang rulings ng Senado. In the same way, we give equal respect to the co-equal branches of government.

**SEN. TOLENTINO.** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Before the Chair asks the Comsec to administer the oath to our resource persons, I will call on the Majority Leader, and then we will proceed to the administering of the oath.

Yes, Sen Francis.

**SEN. TOLENTINO.** Madam Chair, good morning.

Germane to the statement given by Senator Joel Villanueva, at the proper time—at the proper time, mamaya po, I will file a motion directing this Committee to take cognizance of Ms. Alice Guo at dito na po muna idetini (detain) sa Senado.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you.

**SEN. TOLENTINO.** Okay na po. I serve notice, Madam Chair. I have with me, bags of jurisprudence to back up my claim.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you very much, Majority Leader.

**SEN. VILLANUEVA.** Thank you.

Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** The Chair will welcome that motion at the proper time and will rule on it accordingly.

Yes, Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** Thank you very much, Madam Chair. And I would like to thank our Majority Leader for raising that up because that is precisely what we wanted to tackle, Madam Chair. Because—let me just put into the records of this august chamber the landmark case of *Arnault versus Nazareno*. This is a landmark case. It was stated that obedience to its process may be enforced by the Senate Committee if the subject investigation before it was within the range of legitimate legislative inquiry.

Accordingly, Madam Chair, as you mentioned, live iyong ating contempt citation kay Alice Guo. As long as there is legitimate legislative inquiry, then the inherent power of contempt by the Senate may be properly exercised. Conversely, Madam Chair, once the legislative inquiry concludes, the exercise of the inherent power of contempt ceases and there is no more genuine necessity to penalize the detained witness.

I was about to ask that question, Madam Chair, before the Majority Leader made that statement of his intention. And it is also the intention

of this representation to make a motion, Madam Chair, because the question will be: Will Ms. Guo's presence here today not interfere with her pending cases in court? I would say "no." And that is the position of this humble representation, and we wanted also to know the position of this Committee.

Madam Chair, I don't think that the mere filing of a criminal complaint before a court should not automatically bar the conduct of legislative investigation. At alam na alam ni Senator Jinggoy ito kasi iyong *Reghis Romero II versus Senator Jinggoy Estrada*, iyon po ang nakalagay po doon sa desisyon, "The power of legislative inquiry cannot be made subordinate to a criminal or administrative investigation." And so, I remain steadfast with that position, Madam Chair. And let me place it into the records that it should not—that we have jurisdiction, Madam Chair, considering also that we were the first one who issued the warrant of arrest, Madam Chair.

And last but not the least, before we start, I know everyone wanted to ask question, I wanted to raise this, and considering that we have Senator Francis Tolentino and Senator Koko Pimentel with us here today, if you look at RA No. 10660, this is An Act Strengthening Further the Functional and Structural Organization of the Sandiganbayan, Further Amending Presidential Decree No. 1606, it states there, Madam

Chair, Section—what is that particular section?—Section 5, if I am not mistaken, Madam Chair, that the regional trial courts shall have exclusive original jurisdiction where the information does not allege any damage to the government or any bribery; letter (b), allege damage to the government, or bribery arising from the same closely related transactions or acts in amount not exceeding to ₱1 million.

So, iyon po iyong nangyari, ano. But, Madam Chair, it should not be the Capas Regional Trial Court, but a different court should handle the case of Ms. Alice.

Under Republic Act No. 10660, Madam Chair, it states there that cases—and we talked about it on the sidelines with our Minority Leader—it says there, "Cases falling under the jurisdiction of the regional trial court under this section shall be tried in a judicial region other than where the official holds office."

So, I submit to the wisdom of this Committee and, again, wanted to put that into the records.

Thank you, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you also, Sen Joel.

Of course, that is a substantive question already. So, iyong tanong tungkol sa criminal jurisdiction, siguradong idi-discuss pa natin mamaya nang kaunti sa hearing na ito.

Pero, mayaman na iyong mga predicate na inilatag para sa motion na ihahain ni Majority Leader, Sen Francis, mamaya at pati ni Sen Joel. At gaya ng sinabi ko kanina, dahil talagang ang Senado ang unang nag-issue ng warrant kaugnay ni Alice Guo at nag-trigger ng manhunt para sa kaniya, the Chair will welcome that motion. And ano pa man iyong magiging ruling ng Chair, makakapag-coordinate naman at magko-coordinate kung sakali ang Komiteng ito sa korte which has jurisdiction of her detention at the moment.

So maraming salamat po mga kasama para dito sa ating unang round ng exchanges.

Comsec, paki panumpain iyong mga hindi pa nakapapanumpa.

**THE COMMITTEE SECRETARY.** May I request those who have not taken their oath during the previous hearings to please stand up, raise your right hand, and repeat after me.

I—please state your name—do solemnly swear that I will tell the truth, the whole truth, and nothing but the truth, to this Committee.

Thank you. You may now take your seat.

[The following resource persons took their oath and answered in the affirmative: Asec Enrique Antonio J. Esquivel III, Ms. Maricar Magpili, Mr. Eric Jose C. Ines, Rear Admiral Jose Ma Ambrosio Q. Ezpeleta, Ms. Cheryl O. Medina, Ms. Shiela Guo, Mr. Jose Antonio T. Feliciano; Atty. Arnold T. Kabanlit, and Judge Jaime B. Santiago.]

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Comsec.

Ms. Shiela, napansin ko na nagsumpa kayo ulit; hindi na sana kailangan dahil nakapagsumpa na kayo noon. But you remain under oath, so that is fine.

All right. So magsisimula ako sa mga tanong kay Miss Alice.

So, after months of evading the Senate, ngayon nandito ka na. Sumagot po kayo nang kumpleto at makatotohanan sa aming Komite. Dahil ang Komite po namin, tinatratong maayos iyong mga nagsasabi nang totoo … */rpc/jmb/agc*

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** … mga nagsasabi nang totoo sa amin at rumerespeto sa aming Komite at saka sa Senado.

Naintindihan ninyo po iyon, Ms. Alice?

**MS. A. GUO.** Opo, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** All right. So, can you finally confirm before this Committee, kayo ba si Guo Hua Ping? At bago ninyo po i-invoke iyong right against self-incrimination, hindi naman kayo iyong nag-file ng inyong late registration of live birth, hindi ba? So you are not incriminating yourself. So, are you Guo Hua Ping?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, may mga kaso na po na pinayl (file) po sa akin po sa court kaya hindi ko po siya masagot po sa inyo ngayon.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** I do not think iyong tanong ko ay may kinalaman sa kaso sa inyo, lalo na may pruweba nang na-establish ang NBI at iyong isa pang ahensiya, kinukumpara iyong fingerprints ni Guo Hua Ping at fingerprints ninyo bilang Alice Guo, at parehong sinabi nilang magkapareho ang taong ito.

So, you know, for your own sake, at para sa kabatiran ng aming Komite, just one last time on this very simple fundamental question: Ikaw ba si Guo Hua Ping?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, hindi ko po kino-confirm, at may kaso na po sa aking isinampa. Sasagutin ko po sa korte po.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair, may I invoke—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Joel, one related question.

**SEN. VILLANUEVA.** May I invoke, Madam Chair, may I invoke? I am not going to invoke or raise a point of order, but may I invoke Section 19 of our Senate Rules, which states the privilege against self-incrimination. A witness can only invoke his right or her right to self-incrimination, Madam Chair, only when a question which tends to elicit an answer that will incriminate him or her is propounded to her. However, Madam Chair, the witness or the resource person may offer to answer any question in an executive session.

So, I would just like to invoke that, Madam Chair, because the Chairperson already stated that it will not, in any way, incriminate her, Madam Chair. Just to put that on record.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Joel.

Exactly. So inulit, ano, iyong sinabi ko na sa inyo kanina, hindi naman kayo mai-incriminate, simpleng tanong, kung sino ka. Unless hihingi pa tayo ng executive session, ano? Lilipat pa kami, kasama ninyo sa ibang kwarto para lang masagot ninyo, sino ba kayo talaga, or palalabasin ng Chair lahat ng mga taong ito para lang mag-executive session.

And before I proceed, I would just like to recognize the presence of Sen Loren.

Salamat, Sen Loren, for your participation today.

**SEN. LEGARDA.** Good morning, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Good morning po.

Ms. Alice, gusto kong ipaalala sa iyo na ayon mismo sa Korte Suprema, in the case of *Office of the Court Administrator versus Yu*, "The right to self-incrimination does not prohibit legitimate inquiry in non-criminal matters."

So, iyong tanong na, "Sino ka ba? Ikaw ba si Guo Hua Ping?" Hindi iyan criminal matter. Hindi iyan bagay na i-cite kaugnay ng mga kaso. Identity questions are within the purview of the Committee. The Senate has a right to know. Sino ba ang kausap namin? Iyon talagang totoong taong akala namin or ibang tao? The Senate has the right to ascertain who the resource persons are, who you say that you are.

Sige, i-rephrase ko na lang—Okay, do you have something to say at this point, Ms. Alice?

**MS. A. GUO.** Opo, Madam Chair. Ako po si Alice Guo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Well, napatunayan na po namin na hindi kayo si Alice Guo. Kayo ay totoong si Guo Hua

Ping. Hindi lang ang Komite ang umabot sa ganiyang conclusion, ang NBI mismo, at ang isa pang ahensiya.

If you insist not to answer kung kayo si Guo Hua Ping, i-rephrase ko iyong tanong ko. Ang tatay mo ay si Guo Jian Zhong at ang nanay mo ay si Lin Wen Yi, tama ba?

**MS. A. GUO.** Ang tatay ko po si Guo Jian Zhong po, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** At ang nanay ninyo?

**MS. A. GUO.** At ang—hindi ko po nanay si Lin Wen Yi.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Naku, Ms. Alice, binabaliktad ninyo na iyong sinabi ninyo sa isang previous hearing, ano? Iyong bank document na ito, inililista ninyo, kasi bank document mo ito, inilista mo dito bilang nanay mo si Lin Wen Yi. So, baliktad na, pinasinungalingan mo iyong isinabmit (submit) mong bank document noon sa sinabi mo ngayon na hindi mo nanay si Lin Wen Yi. You were born in China, not in Tarlac, tama po ba?

**MS. A. GUO.** Ang alam ko po, I was born in Tarlac; Tarlac po, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ang childhood mo, mula sabihin natin zero to 12 years old, ay sa China, tama? Kaya wala

kang maalala, wala kang maikuwento sa amin ni isang alaala ng pagkabata mo sa Tarlac, hindi ba?

**SEN. LEGARDA.** [off-mike] Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Loren, for one related question.

**SEN. LEGARDA.** I know it is your opening statement. Nag-oath na po siya. Pero maliwanag na nagsisinungaling kung saan siya napanganak. So, I bring that to the body, opening pa lang, nagsisinungaling na. Alam naman nating lahat na may mga ahensiya ng gobyerno na nagbigay ng mga birth certificate at inamin na nila, ng PSA, sa mga dayuhan, at kasama siya doon. So, umpisa pa lang, ini-insist niya, pinagpipilitan niyang napanganak sa Tarlac. Wala na pong maniniwala niyan, alam na po natin iyan.

So, I am just putting that on record. How can we extract the truth if the first question, wala pa ngang question, ay nagsisinungaling na?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Loren. So, thank you.

At nakahanda na nga at lalong tumitibay iyong ihahaing motion nina Majority Leader at Sen Joel at the proper time.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Madam Chair, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Raffy, for one related question.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Thank you.

Noong May 22, this year, hinamon ko si Alice Guo kung willing siyang mag-undergo ng lie detector test.

Hanggang ngayon, okay ka pa rin ba, Ms. Alice Guo? Papayag ka pa bang magpa-lie detector test para malaman natin iyong mga sinabi mo, ibabangga natin doon sa mga alam namin? Are you still willing?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Madam Chair, puwede ko po i-consult po muna?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sinong iko-consult mo?

**MS. A. GUO.** Consult ko po sa lawyer po muna.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** All right. You can do that during this hearing.

**MS. A. GUO.** Thank you po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Balikan po namin iyong tanong na iyon during this hearing.

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Thank you.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair, this is related. This is related, Madam Chair, very related.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Joel, for a related question.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair, obviously, itong nambastos sa Senado ay wala pa ring konsensiya para magsalita ng katotohanan sa atin, Madam Chair. Iyong simpleng tanong ninyo kanina, Madam Chair, siya ba si Guo Hua Ping, kahit po magsinungaling siya, hindi siya sumagot, kung ano-anong sabihin po niya sa atin, Madam Chair, ang NBI mismo ay nagkaroon ng fingerprints ni Alice Guo at nitong si Chinese national, Guo Hua Ping. At in-establish po doon na match and the same person si Guo Hua Ping at si Alice Guo.

So, ang tanong na lang siguro, Alice, ikaw ba ay naniniwala doon sa pagma-match sa fingerprint that matched na ginawa nitong NBI na ikaw si Guo Hua Ping at si Alice Guo ay iisang tao?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Madam Chair, honestly po, hindi ko po alam kung paano po nangyari. Basta ako, alam ko po, ako po si Alice Guo po. At pasensiya na rin po kung hindi po kayo naniniwala. Ako, sinasabi ko—as much as possible po, gusto ko rin pong sabihin po sa inyo lahat at

sa mga magiging questions ninyo rin po sa akin mamaya, may consideration lang din po ako sa safety ko rin po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Well, tatanungin ko rin kayo tungkol diyang sinasabi ninyong safety ninyo mamaya. Pero, ibig sabihin din, bawat tanong namin ngayon, dahil paiksi na iyong panahon, pasara na iyong window of opportunity ninyo, bawat tanong namin ay pagkakataon sa iyong magsabi na nang totoo at huwag nang magsinungaling sa Komiteng ito. And, Ms. Alice—

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Madam Chair. Short interjection, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Doroy, for one related question.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** May I ask from the Chair kung puwede nating ipaklaro sa kanya, ano iyong safety consideration na sinasabi niya? Para maklaro tayo. Kasi kung palagi siyang mag-invoke ng safety, hindi natin alam kung anong safety ang sinasabi. Kung mayroon bang interesado sa buhay niya na isang malaking sindikato na siya ay papatahimikin o ano bang safety na sinasabi niya, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice, tatanungin ko rin sana sa iyo iyan mamaya nang kaunti. But briefly,

simulan ninyong sagutin iyong tanong ni Sen Doroy. Ano ba iyong sinasabi ninyong safety na iyan?

**MS. A. GUO.** Sen, tungkol po sa personal ko pong safety po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Kaya nga, kaya nga. Ano iyon? Anong safety? So, anong threat, nakikita mo? Para matulungan ka namin. Sige.

**MS. A. GUO.** Opo. May death threat po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** May death threat?

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Sinong nag-death threat? Sino?

**MS. A. GUO.** Hindi ko lang po mai-discuss po dito in public po.

**SEN. ESTRADA.** Why don’t you discuss it in public? The people ought to know about it.

**MS. A. GUO.** Opo. May death threat po na—

**SEN. ESTRADA.** Sino ang nagbabanta sa iyo, sa buhay mo?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kung ayaw mo pang sagutin ngayon, Ms. Alice, hindi kayo makakatakas sa tanong na iyon. Tatanungin ko rin kayo diyan.

**MS. A. GUO.** Madam Chair, wala po din naman po akong plan po na takasan po iyong question po. However po, mayroon lang din …

/jlf/mms/agc

**MS. A. GUO.** … However po, mayroon lang din po talaga na safety concern po sa sarili ko po na security concern po na death threat po na ibinigay po sa akin kaya hindi ko lang po ma-discuss po sa public po.

**SEN. ESTRADA.** Madam Chair, if I may?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, SP *Pro Temp*.

**SEN. ESTRADA.** Ms. Alice, noong nagkita kayo ni Secretary Abalos, ang una mong sinabi kay Secretary Abalos, "Tulungan mo ako, Sec, dahil may death threats ako."

Sino ang nagbabanta sa iyo?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sagutin mo na ng maiksi at deretso, Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Opo. Sen, pasensiya na po, hindi ko kasi masabi po in public kasi nga po may safety problem nga po ako.

**SEN. ESTRADA.** No, no, no. You tell—

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Madam Chair, that answer is unacceptable as far as this representation is concerned.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** It is unacceptable, Sen Doroy.

Sen Joel.

Pero sasagutin natin iyan mamaya.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Because parang idinadamay niya iyong buong Committee sa kaniyang safety pag ganoon.

**SEN. ESTRADA.** Malay namin kung binobola mo kami rito. Matagal mo na kaming binobola rito.

**SEN. VILLANUEVA.** Pagkatapos mo kaming bastusin, gaganyanin mo kami ngayon? Sasagutin mo kaming ganiyan, pagkatapos mo kaming bastusin. Pagkatapos mo kaming takasan, sasabihin mo may death threat ka, tapos hindi mo masabi kung saan galing iyong death threat mo? Ni hindi mo masabi kung dito sa Pilipinas o sa abroad.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice, pinaaalalahanan kita—you never raised security concerns to the Committee before, nito na lamang naaresto ka na at ibinalik dito.

Tatanungin pa rin talaga kita doon sa sinasabi mong death threats na iyan na ngayon lang namin narinig iyan. Balikan ko lang muna, kumbaga, prejudicial question para sa amin, iyong identity ninyo.

You entered the country as Guo Hua Ping in 2003, correct? Ikaw ay 12 o 13 years old pa lamang noon, correct?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, wala po akong record po niyan.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** O, speaking of records. Have you ever had a Chinese passport?

**MS. A. GUO.** Ang alam ko po, Madam Chair, Filipino passport po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Filipino passport. Sa pagkaalam namin, nagkaroon ka ng Chinese passport, hindi mo lang ni-renew, nag-lapse iyon.

So, Alice Guo, alias Guo Hua Ping, Filipino ka ba?

**MS. A. GUO.** Opo, Filipino po ako, Madam Chair.

**SEN. LEGARDA.** Madam Chair?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Loren, for one related question.

**SEN. LEGARDA.** Thank you.

Since iyong sinabi po ninyo, kung mayroon siyang passport na Philippine passport, sinabi na mayroon siya. Tapatin lang tayo, sino ang nagbigay ng Philippine passport? Sino rin nag-issue ng kaniyang Philippine birth certificate? Pag sinabi mo iyon, we can protect you. Pag sinabi mo iyong totoo, paano ka naging Pilipino, paano ka nagkaroon ng passport, then you are answering us properly, we can perhaps protect you. But if you keep on lying to us, you will sink in a web of lies, hindi ka namin mapoprotektahan sa mga sindikatong naghahabol sa iyo.

I think she has to answer that—how did she get her Philippine birth certificate from the PSA or the satellite office, and how she acquired her Philippine passport from the DFA? We have to find out the syndicates in the government agencies.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** For the record, para sa kabatiran ng lahat, at lumabas na po ito sa mga nakaraang hearing. Mayroong birth certificate na nakuha through late registration of live birth, pero mismong ang PSA—I am sure makoko-confirm ito ni Engineer Marizza Grande later—ang PSA mismo ang nagsabing irregular ang birth certificate na iyon kaya't idinulog nila sa Office of the Solicitor General na kanselahin na ito. But apparently, habang hawak pa iyang irregular birth certificate na iyon, nagamit para makakuha ng Filipino passport. Pero sa pagkaalam din ng aming Komite, nagkaroon ka, Ms. Alice, ng Chinese passport.

Kaya sa lahat ng mga tanong na ito, so far, bakit ayaw mong sumagot? Wala namang self-incriminating sa mga tanong na ito. You are only being asked; in fact, you are only being asked about your previous answers to the Committee, iyong mga previous documents na isinabmit (submit) mo sa mga bangko na nakuha namin. So, please stop being evasive; stop being evasive before this Committee.

Ayan, iflinash (flash) namin ulit iyong dactyloscopy report ng NBI: "Result of examination after a thorough examination and analysis, fingerprints of Guo Hua Ping *y* Lin, and fingerprints of Guo Alice *y* Leal were found identical."

Opinion, NBI ito: "In view of the foregoing, fingerprints of Guo Hua Ping *y* Lin and fingerprints of Guo Alice *y* Leal were affixed by one and the same person." Isang tao lamang. Iyon iyong unang-unang tanong ko sa inyo, pero nagsinungaling pa rin kayo.

Now, once and for all, Alice Guo, alias Guo Hua Ping, I am giving you the opportunity to explain why you should not be cited in contempt for lying before this Committee and for providing untruthful and evasive testimony. Ha, Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Madam Chair, lumaki po ako, alam ko po ako ay isang Pilipino.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** One-minute suspension. Pahingi po sa mga kasama a quick—

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Please, Sen Raffy, if you will allow, I request you and all the colleagues, mag-one-minute suspension tayo. Quick discussion sa ating mga senador, kung maaari po.

We are suspended for—

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Mabilis lang ito sana, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Please, Sen Raffy. And then, please, we need to take a one-minute suspension.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Related ito sa sinabi ni Senator Loren.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Raffy.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Maalaala ko sa previous hearings ng Committee ninyo, nabanggit iyong pangalang John Patrick Samson, na supposed to be a fixer na tumulong para ma-facilitate iyong pagkakuha ng late registration, birth certificate hanggang passport ni Ms. Alice Guo. Bakit hindi po natin siya inimbitahan?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Raffy. Actually, iimbitahin natin si JP Samson sa susunod na pagdinig, bahagi po siya ng tanong ko mamaya-maya sa ibang resource persons natin.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Last na po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, please. Last na before we suspend for a minute.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Noong last hearing, mayroong isinulat si Shiela Guo sa papel na sabi niya secretary. Hindi naman iyon sa executive session, so puwede bang mai-divulge kung sino iyong dalawang pangalan na isinulat na hindi nabanggit sa hearing ng mga senador?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Mamaya po ay idi-divulge din iyong dalawang pangalang iyon, pero mayroon na pong isang related resource person sa dalawang iyon na nandirito ngayong araw at siguradong matatanong natin.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Thank you, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Raffy.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair, before we suspend.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Joel, before we suspend for one minute.

**SEN. VILLANUEVA.** I know we are going to suspend the deliberation, and I am already anticipating, Madam Chair, what is going to happen when we suspend the deliberation. And I am just giving one chance again to Alice, Madam Chair, because this will help me decide as we suspend the hearing today to talk about your fate as a resource person. If it is true—

Ms. Alice, ako muna. Ako muna, Ms. Alice.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice, pakinggan po ang senador na nagtatanong.

**SEN. VILLANUEVA.** Ms. Alice, I am asking you, ako muna; ako muna, Attorney, please.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Atty. David, please.

**SEN. VILLANUEVA.** Sinasabi mo may death threat ka, pero ayaw mong sabihin kung saan nanggagaling iyong death threat mo. Ni ayaw mong sabihin ba sa amin kung ito ay tawag o sulat o text? Kasi kung hindi, hindi ka totoong nagsasabing may death threat ka.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice?

**MS. A. GUO.** Opo. Sen, magsasabi po ako, huwag lang po in public.

**SEN. VILLANUEVA.** May death threat ka ba?

**MS. A. GUO.** Mayroon po. Magsasabi po ako, huwag lang po in public.

**SEN. VILLANUEVA.** Then, I will accept that, Madam Chair. But ang problem kasi is kung iyong death threat na iyan, totoo o hindi, Madam Chair, dahil ayaw talaga niyang magsalita.

I will yield, Madam Chair, to the wisdom of the Committee. Thank you.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Joel.

At saka ang hirap kasi, ang dami mo nang sinabing hindi totoo, tapos babalik ka dito, magsasabi ka na naman ng isang malaking kuwento, pinakamalaki, so far, death threat. Kaya siguro naman maintindihan mo bakit hindi kami maniwala. Hindi mo pa nga pinatotohanan iyong mga unang kasinungalingan mo, ngayon may bago ka namang gusto mong paniwalaan namin.

So, we will suspend for one minute and then resume after one minute.

Hearing suspended.

**[THE HEARING WAS SUSPENDED AT 11:09 A.M.]**

/ges/jacs/agc

**[THE HEARING WAS RESUMED AT 11:14 A.M.]**

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hearing is resumed.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Raffy, before you—

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Madam Chair, quick lang.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** I need to do something right after your quick intervention.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Yes. Kasi pinag-uusapan din lang iyong death threat against her, puwedeng sa executive session banggitin niya sa atin later kung sino iyong mga ibang—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Raffy, we can do that later on.

**SEN. VILLANUEVA.** But, Madam Chair—sorry.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Joel?

**SEN. VILLANUEVA.** But because of that statement of Sen Raffy, I still don't get it, Madam Chair, why can she not disclose it in public? Hindi po ba, Madam Chair, isn't it more natural to expose it in public so that she is protected? I don't get it, Madam Chair. I really don't get it. If you are having a death threat, you wanted to say it in public so that

you can be protected, if you really wanted a protection, Madam Chair. So, it doesn't make sense, hiding it doesn't make sense, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** I agree, Sen Joel. Actually, kung talagang may death threat, kung talagang humihingi ng proteksiyon—walang kinalaman ang security threat din sa pagsagot lang tungkol sa pangalan ninyo. That's already established. The threat will not be made worse by confirming what is in documentary evidence.

But in any case, gusto kong ipaalala sa iyo na ayon nga sa Supreme Court, in the case of *Office of Court Administrator versus Yu*, the right to self-incrimination does not prohibit legitimate inquiry in non-criminal matters. *Ad nauseam* na po ito, halos naduduwal na po kami sa pag-ulit-ulit nito.

Alice Guo, ladies and gentlemen, is continuing to lie to this Committee despite glaring evidence that she is a Chinese national named Guo Hua Ping, whose father, Jian Zhong Guo, is Chinese based on her own declaration in this Committee, and whose mother, Lin Wen Yi, is also Chinese based on her own declarations in bank documents, by the way, verified by the AMLC. This is a blatant defiance of the legislative's constitutional power of inquiry. Lumalabas na pinaglalaruan mo ang aming batas at pinapaikot mo ang mga Pilipino. Pero ibahin mo ang Senado, ibahin mo ang Senado.

I move to cite Guo Hua Ping, also known as Alice Guo, in contempt of the Senate for testifying falsely and evasively before this Committee.

**SEN. VILLANUEVA.** Second the motion, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you, Sen Joel.

**SEN. PIMENTEL.** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Koko.

**SEN. PIMENTEL.** When we were in recess kanina, the pending matter was the refusal to give us details of the death threats that she herself brought before us. Siya ang nag-volunteer, binolunteer (volunteer) niya ang information sa atin. Then pinu-pursue namin, ayaw mong sagutin.

And I think the prevailing sentiment is, hindi siya makahingi ng executive session. Sagutin niya ngayon lahat. Kasi kung totoo naman na may death threat ka, na-monitor ka na rin noong nagbigay ng death threat sa iyo. Kahit mag-executive session, 'di alam na rin niyang sinabi mo na rin sa amin, ikaw pa rin iyong source. Kaya hindi kami papayag sa executive session. Ngayon, ang prevailing sentiment, if I am not mistaken, is you have to answer the questions relating to that particular subject matter na ikaw mismo ang nagboluntaryong palabasin sa hearing na ito, inumpisahan ni Senator Bato and then si Senator Jinggoy.

Kaya, Madam Chair, doon ako sa ground na iyon, if we should—kasi at least iyon, there is no need to determine who is telling the truth. Wala itong ano—Ito, we have, I think, Senate section here, if the refusal to cooperate or giving evasive answers, puwede na natin gamiting ground iyon to cite the witness or the resource person in contempt.

At, Alice, sa lahat dito, ako ang pinaka-lenient actually na ayaw ka i-cite in contempt. Pero in this particular case, kahit anong isipin ko, you have to answer. You have to answer. And if we require you to answer publicly, you have to answer. You can invoke a right, pero pag-uusapan namin iyon. But when we deny that you are not entitled to such a right, then you have to answer, otherwise, maku-contempt ka talaga.

So, I am presenting that alternative ground, Madam Chair, if we can use that. Kasi parang, pagkaalam ko, noong nag-break tayo, that was the hanging matter na rinaise (raise) ni Senator Bato, followed up by Senate President *Pro Tempore*.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Mino.

Actually, there are two hanging matters. Isa na iyong tungkol sa death threat-death threat na iyan, pero higit pa doon, iyong question ng identity, dahil proven na ng NBI at proven na ng isa pang ahensiya na Alice Guo at Guo Hua Ping, iisang tao lang kayo. At iyon iyong patuloy na pinagsisinungalingan mo sa Komiteng ito.

Therefore, the Chair is citing Alice Guo alias Guo Hua Ping in contempt, as seconded by Senator Joel.

**SEN. ESTRADA.** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** SP *Pro Temp* Jinggoy.

**SEN. ESTRADA.** Let us give a last chance for her to answer the question.

Answer, Alice. … /*pgpc/imjv/agc*

**SEN. ESTRADA.** … Answer, Alice.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ikaw ba daw si Guo Hua Ping?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, Sen, pasensiya na po talaga. Ako po si Alice Guo po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. Well, pasensiya din po.

The Chair cites Alice Guo alias Guo Hua Ping in contempt of this Committee, as seconded by Senator Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** Thank you.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Mino.

**SEN. PIMENTEL.** Anyway, she has been cited in contempt but hindi kasi ako present sa past hearings ng Committee on Women, but has she been confronted with the documents of Guo Hua Ping? Naipakita na sa kaniya?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Mino.

**SEN. PIMENTEL.** Kasi dapat may handwriting doon or may signature na allegedly coming from her, hindi ba? Did she deny the signature?

May entries siguro doon coming from the applicant? Tama?

Am I mistaken, NBI director?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** We can flash the passport page, Mino.

And then, NBI Director Santiago, gusto ninyo bang i-address itong matter, please?

**MR. SANTIAGO.** Sir, with Your Honor, please.

Iyon pong sa signature, remember iyong sa ACR niya, doon namin ibinase (base), ay mayroon pong—iba ang signature niya doon. At dito sa NBI clearance na ibinigay namin sa kanya, iba rin po ang signature kasi bata pa siya noong iyon hong sa ACR kaya we cannot rely on the signature. Pero ang fingerprint po, hindi po iyan magbabago magmula ipanganak hanggang sa mamatay ang tao.

**SEN. PIMENTEL.** Yes, but have we confronted her with the document and then asking her, did she accomplish the said document? Tanungin natin siya kasi hindi naman siguro siya musmos na bata na hindi na niya maalala noon; may memory na siya noon.

**MR. SANTIAGO.** Hindi po namin siya na-confront noon.

**SEN. PIMENTEL.** Hindi pa?

**MR. SANTIAGO.** Opo.

**SEN. PIMENTEL.** Okay. Kaya pala.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** But, Mino and colleagues, we presented those same documents na fina-flash ko ulit dito kay Alice Guo sa mga nakaraang hearings bago pa siya tumakas sa bansa.

**SEN. PIMENTEL.** Can we give her one last chance? I-flash iyong document na iyon and then I will ask her now if she remembers accomplishing the said document of Guo Hua Ping.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair, I am sorry, but I asked that question a while ago and she said "No."

**SEN. PIMENTEL.** Hindi. Can we flash the document used by the NBI? NBI, I mean, used the document.

Where is the document? Please give her a chance. Ipakita natin sa kanya for fairness' sake. Pero kapag i-deny niya na hindi niya in-accomplish iyon at what particular age, eh, kumbinsido na tayo. Then, therefore, she is lying before us, hindi ba?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Mayroon po tayo ditong dactyloscopy report na sinasabing identical ang fingerprints ni Alice Guo at ni Guo Hua Ping, at iyong fingerprints na iyon ni Guo Hua Ping at ni Alice Guo were affixed by one and the same person.

Do we have the supporting document na ginamit ng NBI para dito para ipakita ulit? Dahil ipinakita na natin dati kay Alice Guo.

Ms. Alice, extraordinary ito. Kayo lang iyong naaalala kong resource person na ipapakita naming paulit-ulit ang mga dokumento sa iyo. Dapat naman siguro suklian mo iyong Komite na magsabi ka na ng totoo. Hindi iyong going the extra mile ang Komite pero kasinungalingan pa rin ang isinusukli ninyo.

Comsec, do we have the supporting document on hand para i-project dito sa ating monitor iyong ginamit ng NBI to come to this conclusive opinion used in all courts of the Philippines, ang fingerprint matching?

Yes, Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair, while we are still waiting, just to support the motion that was approved by this Committee, Madam Chair, does the Senate have sufficient, substantial, and damning evidence to support a conclusion, Madam Chair, that this witness is lying?

Now, whether the court will bear it out later or not, that is the basis, Madam Chair. If this is the prevailing stance, then witness won't play around with the Senate. I think that is the only reason why we are

doing this because she is obviously playing around, Madam Chair. We have given her enough time, so many chances, Madam Chair. I have never seen a witness na ganito karami iyong tiyansa na binibigay natin magsabi ng katotohanan. Pero kung ayaw talaga, Madam Chair, she has to face the music.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Agree, Sen Joel.

But, Comsec, i-flash po natin, please, iyong passport ni Guo Hua Ping para masagot niya iyong one more chance na tanong ng Minority Leader.

**SEN. ESTRADA.** While waiting, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, SP *Pro Temp* Jinggoy.

**SEN. ESTRADA.** Habang hinintay nating i-flash iyong passport sa ano.

I will give you one more chance, Alice, tungkol sa death threat.

Kailan mo na-receive iyong tangka sa buhay mo?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice?

**MS. A. GUO.** I think mga bandang June po.

**SEN. ESTRADA.** June of this year?

**MS. A. GUO.** This year po.

**SEN. ESTRADA.** Ilang beses?

**MS. A. GUO.** More than five times po.

**SEN. ESTRADA.** Kanino galing?

**MS. A. GUO.** Through phone po.

**SEN. ESTRADA.** Sino iyong tumawag?

**MS. A. GUO.** Sen, gustong-gusto ko po din i-discuss po sa inyo at humihingi din po ako ng pasensiya po sa inyo. Natatakot din po talaga na i-disclose po sa public.

**SEN. ESTRADA.** Kahit i-disclose mo sa amin through an executive session—katulad nga noong sinabi ni Senator Koko, malalaman din iyan.

Ngayon, sabihin mo sa amin sino iyong source?

**MS. A. GUO.** Opo. Sen, ang understanding ko po, pagka sinabi ko po sa inyo sa executive session po, hindi po lalabas. Kasi nagwo-worry po ako sa sarili kong safety.

**SEN. ESTRADA.** Ganoon din iyon. Sabihin mo sa amin.

**MS. A. GUO.** Sen, ako po kasi—ang Senate hearing po natatapos pero natatakot po kasi ako sa magiging buhay ko.

**SEN. ESTRADA.** Paano ka tinatakot noong kausap mo sa telepono? How were you threatened?

**MS. A. GUO.** Sen, hindi ko po muna idi-discuss po sa public po.

**SEN. ESTRADA.** No.

**MS. A. GUO.** Pasensiya na po talaga, Sen.

**SEN. ESTRADA.** The public ought to know how were you threatened. Iyon lang tanong ko, how were you threatened?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po siya mai-discuss po sa public po, Sen. Pasensiya na po talaga.

**SEN. ESTRADA.** Eh talagang makukulong ka.

Madam Chair, if just in case the court will allow the Senate to be detained here, I would like to raise this motion to immediately commit her at the Pasay City Jail.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Senate President Pro-Tempore.

Before that matter will be deliberated, we have a pending citation in contempt by the Chair, seconded by Sen Joel.

And so, Alice, one last chance dito sa ipinapakita namin ulit na page ng passport mo. Sagutin mo iyong tanong ni Sen Koko.

Ikaw ba ito?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, ako po si Alice Guo po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** No. Hindi iyan ang tanong ko sa inyo. Ang tanong ko po ay—mayroon kang monitor sa harap mo, kita mo iyong page ng passport. Kayo ba iyan sa photo na iyan? I am not asking iyong pangalan ninyo. Alam na namin, Guo Hua Ping. Ito ba ay ikaw?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, mayroon pong pending case po sa akin po.

**SEN. VILLANUEVA.** You answer!

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** All right, you are not taking the many one last chances na ibinibigay ng Kometing ito sa iyo. You are denying your identity as Guo Hua Ping. So may I return to—Yes, Minority Leader.

**SEN. PIMENTEL.** She was trying to invoke something. What are you invoking? For your refusal to answer, what are you invoking?

**MS. A. GUO.** Sen, may pending cases na po kasi sa akin sa court po. Ang understanding ko po, lahat po ng sasabihin ko po dito might incriminating my own self po.

**SEN. PIMENTEL.** Okay, this one. Saan ito maka-incriminate? What particular case? Kailangan may particularity, hindi puwedeng wala.

**MS. A. GUO.** Sen, may ifinayle (file) po sa akin sa citizenship po na issue po sa court po. I think there's seven pending cases po sa korte po ngayon. Isa na po diyan iyong citizenship po.

**SEN. PIMENTEL.** No, no. Hindi. Kasi, kunwari, may kaso ka ng estafa, hindi naman connected sa estafa iyan. So, hindi mo puwedeng sabihin may kaso ako sa korte, you have to specify. Saan ka ma-incriminate ng sagot mo magagamit to prove your guilt sa isang criminal case? Which one?

**MS. A. GUO.** Sen, pasensya na po. Mali po pala iyong nasabi ko po kanina, hindi pala citizenship. Ang dapat po pala, Comelec po.

**SEN. PIMENTEL.** Comelec.

**MS. A. GUO.** May na-file na pending case po sa Comelec po.

**SEN. PIMENTEL.** Material misrepresentation case siguro. Criminal case?

**MS. A. GUO.** Yes po, criminal case po.

**SEN. PIMENTEL.** Okay. At bakit related ito?

**MS. A. GUO.** Iyan lang po iyong alam ko po na may pending cases po sa Comelec.

**SEN. PIMENTEL.** But, actually, Madam Chair, this appears to be a document issued by the People's Republic of China. I am requesting

for that ACR. Iyong atin, the Philippine form. Philippine form accomplished by a child supposed to be but a child with all consciousness already who happens to be the younger Alice Guo. Iyon iyong theory ninyo. Iyon ang gusto kong ipakita natin sa kaniya.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Comsec, puwede ba nating i-flash ulit iyong ACR na iyon at ipakita ulit kay Alice Guo?

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Madam Chair? Madam Chair?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Raffy. One related question.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Yes.

Noong August 27, 2024 … /mpm/peg/agc

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** … Noong August 27, 2024, hearing, page 141 of the transcript, inamin ni Shiela Guo na mayroong dalawang passport si Alice Guo. So that means, dual citizen siya, Chinese and Filipino?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** All right. Salamat, Sen Raffy, sa pagpapaalala.

So, dual citizen pala kayo kahit sa pagkaalam ni Ms. Shiela Guo, sa paalala ni Sen Raffy. And, in fact, alam ninyo ba na hindi pinapayagan ang dual citizenship sa China? Dito lang sa Pilipinas mayroon na ganyan. Pero sa China, bawal iyon. And yet, you have both Filipino and Chinese passports sa testimonya ni Sheila Guo.

**MS. A. GUO.** Madam Chair, I have only one Filipino passport po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, you have only one Filipino passport, but you had a Chinese passport.

**MS. A. GUO.** Wala po akong Chinese passport po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. Comsec, puwede nating ipakita iyong hinihingi naming ACR before we act on the—we finalize the motion of the Chair seconded by Sen Joel? Okay, baka puwedeng—iyan na ba iyong pinakamalaki?

All right. So, ito po ang ACR form.

**SEN. PIMENTEL.** O, hindi na iyan musmos na bata, hindi ba? May consciousness na iyang nakalitrato diyan. O iyan ang itanong natin kay Alice Guo.

Alice, naalala mo na in-accomplish mo iyang form na iyan na nag-fingerprint ka pa voluntarily diyan, inilagay mo? Naalala mo o hindi?

**MS. A. GUO.** Sen, wala po akong naaalala na ganoon na dokumento pong ginawa.

**SEN. PIMENTEL.** Okay.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** I'm incredulous, Mino. Pati iyong pirma niya diyan looks like iyong pirma niya sa iba pang mga dokumento.

**SEN. PIMENTEL.** That's it, Madam Chair. That all convinces me of the lying. So, I think tapos na po iyong ano ninyo, na-declare ninyo na siya in contempt. Nag-elaborate lang naman ako na ano. Tapos na po, na-declare ninyo na po siya on the lying part ito, not on the refusal to answer doon sa death threat.

So, sorry, Alice. Ako, I gave you a chance. You mean to say, pati iyong paglalagay ng fingerprint mo roon, hindi mo naalala. So, medyo ano na po iyon, medyo too difficult to—masyado nang mahirap paniwalaan na—Paano? Tulog ka, kinuha ang fingerprints mo? Pinilit ka? I mean, it's too much. But hindi na po sanggol iyong nandoon sa litrato.

So, with that, Madam Chair, it puts to rest your contempt citation of the resource person. Thank you.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair.

**SEN. EJERCITO.** Isa lang, Madam Chair, if I may?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, kaayo, Mino.

SP Pro Temp Jinggoy, and then we will return to the motion.

**SEN. ESTRADA.** Alice, ilang taon ka noong nag-thumbmark ka diyan? Ilang taon ka?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Sir, wala po akong maalala na nag-thumbprint po ako niyan.

**SEN. ESTRADA.** Iyan ba ay—thumbmark ba niya iyan?

Hindi mo maalala na nag-thumbmark ka? Ilang taon ka noong nag-thumbmark ka diyan?

Sagot.

**MS. A. GUO.** [off-mike] Wala po.

**SEN. ESTRADA.** You do not know how old were you?

**MS. A. GUO.** Wala po akong naalala, Sen, na may ginawa po akong thumbmark po sa ganoong papel po.

**SEN. ESTRADA.** May pirma ba iyan? May pirma?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** May pirma, SP *Pro Temp.*

**SEN. ESTRADA.** Did you sign it? Did you sign it? Wala ka ring maalala na pinirmahan mo?

**MS. A. GUO.** Wala po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Doon sa ACR.

**SEN. ESTRADA.** Pirma mo ba iyan?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ipakita natin ulit iyong ACR.

**SEN. ESTRADA.** Pirma mo?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, ipakita natin iyong kaninang ACR form, iyong may photo, fingerprints, at saka pirma.

**SEN. ESTRADA.** O iyan, may signature. Is that your signature?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Oo. So, ang ipinapakita natin, iyong fingerprints ni Alice Guo. Pero noong kinumpara ng NBI doon sa fingerprints ni Guo Hua Ping, identical, matched po.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair—

**SEN. ESTRADA.** Let her answer. Is that your signature, Alice?

**MS. A. GUO.** Doon sa under po ng picture, signature ko po iyon pero hindi ko po alam paano nangyari po iyon.

**SEN. ESTRADA.** Paanong hindi mo alam kung paano nangyari iyon?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po talaga alam, Sen.

**SEN. ESTRADA.** Hindi mo alam na pinirmahan mo, eh pirma mo iyan?

**MS. A. GUO.** Sen, hindi po—wala po akong pinirmahan po ng ganoong dokumento, pero signature ko po siya. Pero wala po akong—wala po akong napirmahan po na ganoong dokumento.

**SEN. ESTRADA.** When was this, last—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, kino-confirm mo na signature mo iyan sa form na iyan?

**MS. A. GUO.** Kino-confirm ko lang po, Madam Chair, iyong signature po under po noong picture is my signature.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay.

**SEN. ESTRADA.** But you do not remember when you signed that piece of paper?

**MS. A. GUO.** Wala po akong—wala po akong ginawa na ganoon po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Well, it is impossible to fake fingerprints. Kinonfirm (confirm) mo na pirma mo

iyan. Iyong fingerprints dito at iyong fingerprints doon sa dokumento ni Guo Hua Ping ay na-match ng NBI. Iisang tao lamang po, iyon po iyon.

**SEN. VILLANUEVA.** If I may, Madam Chair, just one—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** Because I'm so sick and tired na whether Guo Hua Ping and Alice Guo ay identical at iisa, dahil convinced na po tayo doon. I mean, how can you doctor iyong mga fingerprints, Madam Chair?

So, ayaw niyang sagutin iyon, but overwhelming, siya ho iyon, si Guo Hua Ping. Kaya baka dapat ang tawag natin sa kanya, "Guo Hua Ping," hindi Alice Guo. Dahil mahirap na tawagin siyang Alice Guo, hindi naman pala siya Pilipino.

But let me just ask iyong tinatanong kanina ni Sen Jinggoy. Kilala mo Alice, Guo Hua Ping, iyong tumawag sa iyo na nagbibigay sa iyo ng death threat. Kilala mo po iyon, hindi ba? Kasi, otherwise, hindi mo siya sasagutin at hindi mo kikilalanin na totoo at may bigat iyong death threat sa iyo.

Is that correct, Your Honor?

**MS. A. GUO.** Your Honor, isa po doon, kilala ko po. Pero ika-clarify ko lang po iyong nakita ko po kanina sa monitor po. Iyong signature po,

akin po iyong signature, pero hindi ko po alam kung bakit nandiyan po iyong signature ko po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** No.

**SEN. VILLANUEVA.** Hindi na ako nagtatanong noon, Guo Hua Ping. Hindi na ako nagtatanong kasi klarong-klaro sa akin iyon, hindi pupuwedeng doktorin iyong fingerprints mo.

So, ang tinatanong ko, kilala mo iyong nag-death threat sa iyo. Saan siya galing? Dito ba siya sa Pilipinas o sa abroad?

**MS. A. GUO.** Lokal po, dito po.

**SEN. VILLANUEVA.** Dito sa Pilipinas. So, sa Pilipinas nanggagaling iyong death threat mo. Kung sa Pilipinas nanggagaling iyong death threat mo—nakita ko iyong pagtatagpo ninyo ni PNP, chief at saka ni SILG. Parang fan meet at parang masyado kang talagang kampanteng-kampante. At noong in-interview ka, ang sabi mo, kasi secured ka, you feel safe. You feel safe na kasama mo ang SILG at PNP, chief.

Ngayon ang tanong ko, if you feel safe na kasama mo ang PNP, chief at saka SILG, bakit ka pa kailangang lumabas ng Pilipinas dahil natatakot ka sa death threat mo? Bakit hindi ka na lang lumapit o nag-report sa PNP, chief o kay SILG?

**MS. A. GUO.** Sagutin ko na po.

**SEN. VILLANUEVA.** Sa tingin ko—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, one more time, Ms. Alice. One last time.

**MS. A. GUO.** Yes po, Madam Chair.

**SEN. ESTRADA.** You answer the question of Senator Joel.

**MS. A. GUO.** Sen, okay lang po, paulit po. Sorry po.

**SEN. ESTRADA.** Madam Chair, I hope the lawyers of Alice Guo must advise their client to tell the truth.

**SEN. VILLANUEVA.** Alice, noong nakita mo si SILG at si PNP, chief, ang sabi mo, haping-happy ka at ikaw ay masaya. Kitang-kita naman iyon, walang naitago sa sambayanang Pilipino na at ease ka. Nagpa-picture ka pang ano, hindi ba?

So, paano mo sasabihin na natatakot ka, may death threat ka sa Pilipinas, pero kailangan mong tumakas, kailangan mong umalis ng Pilipinas? Pero sabi mo, safe ka na makita mo ang PNP, chief, SILG, pero hindi ka lumapit sa kanila, hindi ka humingi ng tulong? Ni hindi mo nga sinabi na galing dito sa Pilipinas at tumawag sa iyo ng ilang beses iyong nagde-death threat sa iyo.

**MS. A. GUO.** Sen, doon sa question ninyo po, dalawa po iyong answer ko po diyan. One po, kaya po ako naka-smile po, iyan po iyong

para sa akin po na pinaka-language ko po sa family, sa mga tao pong nagmamahal po sa akin na okay po ako.

**SEN. VILLANUEVA.** Hindi iyon ang tanong ko. Hindi iyon ang tanong ko. Guo Hua Ping, hindi iyon ang tanong ko.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Joel, with your indulgence, before we go further into this topic, para lang ma-settle itong pending issue, iniri-reiterate ko, I move to cite Guo Hua Ping, also known as Alice Guo, in contempt of the Senate for testifying falsely and evasively before this Committee.

**SEN. VILLANUEVA.** I second the motion, Madam Chair.

**SEN. EJERCITO.** I second the motion, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen JV at Sen Joel.

With the motion duly seconded by Senator JV and Sen Joel … /jbc/alicc/agc

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** … by Senator JV and Sen Joel, you are hereby cited in contempt.

You will remain in the custody of the Senate until the conclusion of this Committee's inquiry or until you finally recognize the authority of this body and grant even a semblance of respect for the laws of this country. The Committee will coordinate with any court ordering your detention, pero rerespetuhin mo ang Senado.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Doroy.

**SEN. VILLANUEVA.** May we ask the resource person to answer my question first, Madam Chair?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** We will have one—Ms. Alice, isang huling sagot sa puntong ito sa tanong ni Sen Joel; and then, isang related na tanong kay Sen Doroy; and then itutuloy ng Chair iyong mga tanong ko; and the Majority Leader as well after Sen Doroy.

Please answer the question of Sen Joel, Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Sen Joel, naputol po kanina. Iyong first answer po, nasagot ko na po. Iyong second answer naman po—

**SEN. VILLANUEVA.** I am not even asking that first answer that you were talking about, that it is a sign to whoever your fanbase is. My only question is, why didn't you go straight to PNP chief and SILG? Why

didn't you ask for police help? Because, at the end of the day, ganoon din pala iyong gagawin mo. At sabi mo, doon ka—you feel safe. Pero hindi, tumakas ka. Iniwanan mo kami. Binastos mo kami. Binastos mo iyong buong gobyerno. Hinalughog ka sa buong Pilipinas. Iyong mga kapulisan natin, mga NBI, Coast Guards, talagang pinahirapan mo. Pero sasabihin mo ngayon, may death threat ka. At ngayon, kampante ka na protektado ka. It doesn't make sense kasi, Alice—Guo Hua Ping.

Please answer my question: Bakit?

**MS. A. GUO.** Sen, ang answer ko pa rin po diyan ay after—wala rin po sa mind ko po na puwede ko pong gawin iyan. At pagkatapos ko po na-share na mayroon po akong death threat, I feel relieved po noong nakausap ko po sila.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** Hindi mo pa rin sinasagot iyong tanong ko.

But, anyway, hindi ka tumatakas sa Pilipinas dahil sa death threat, iyon ang isasagot mo sa amin. Tumatakas ka dahil tinatakasan mo iyong mga kaso mo, tinatakasan mo iyong mga criminal activities na ginawa mo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Joel.

Sen Doroy, one related question.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Madam Chair, may this representation inquire as to the limit of the number of contempt citation that we can give to a particular resource person? Mayroon ba tayong limit diyan o unlimited tayo?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Walang limit po iyon. Kasi rin, kapag ang resource person sumasagot nang totoo sa atin, hindi naman natin siya sina-cite. Pero sa bawat hearing man lang na hindi siya magsabi nang totoo, puwede natin siyang i-cite in contempt.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** So right now, Madam Chair, she is facing three contempt citations already, if I am correct. Tatlo na? O dalawa pa? Iyong previous niya; iyong ni-rule mo ngayon lately, at saka—

**SEN. VILLANUEVA.** [off-mike] Kasi iyong isa, dahil hindi siya nag-appear.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Ayun.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes. Iyong nauna pong citations in contempt natin, dahil hindi siya nag-appear, dahil tumakas siya. Ngayon na nag-appear siya, sinayt (cite)—kinailangan na naman natin siyang i-cite in contempt dahil nag-appear man siya, evasive at false ang testimony niya sa atin. Nagsisinungaling siya sa Komite.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** And maybe this third question, Madam Chair, is, pang-third na niya na contempt citation ito ngayon kung ayaw talaga niyang mag-cooperate, iyong source ng kanyang threat, eh mahirap iyon.

I know iyong ating rule dito sa Committee is that we can only afford a resource person executive session when the matters to be discussed are involving national security and public interest. And for this matter, alam natin na very personal interest and personal security concern. But then, bakit ayaw niyang mag-cooperate sa atin kung—we are here to—

Alice, we are here to help you. You are facing people from government. We can help you with death threat. Huwag kang matakot. Sino ba iyong tao na iyan? Siga pa talaga iyan, hindi iyan kaya namin? Magsabi ka. Wala kaming sasantuhin dito. Kahit kami—ako, hindi na ako pulis, pero senador ako ngayon, hindi ko pa rin sasantuhin iyan kung sino iyong tao na iyan na nagte-threat sa iyo. Sige nga, mag-cooperate ka sa amin kung sino iyong source na iyan para malaman natin ngayon at matulungan ka namin.

Thank you, Madam Chair.

**SEN. LEGARDA.** Madam Chair, just one short question.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Before—Ms. Alice, sagutin mo iyong tanong ni Sen Doroy—Sen Loren, and then the Majority Leader is next.

**SEN. LEGARDA.** To simplify, ang kailangan lang natin na impormasyon for now from Ms. Guo is, sino ba sa mga ahensiya ng gobyerno o sa labas na mga fixer ang tumulong sa kanya para makakuha ng Philippine birth certificate; pangalawa, at sino iyong nagbigay ng Philippine passport. Ganoon kasimple. Isang oras na tayo dito, maraming issues. Sagutin lang iyon, matutulungan ka namin. And your lawyers will understand that. Iyon lang—sino?

Dahil ang PSA, with all due respect, at ang DFA, mukha—mukhang napasukan ng sindikato. Paano natin bibigyan ng budget ang ahensiya ng gobyerno sa panahon ngayon ng budgetary allocations for next year kung ang bina-budget-an natin ay napasukan ng sindikato na kalaban ng taong-bayan.

So, ikaw ang susi na magsabi. Alam ni Senator Tulfo iyong pangalan ng fixer mo. Ibunyag mo lang sa amin, papaano? Kasi hindi lang ikaw. Inamin na ng PSA na mayroon higit sa isang libo na nabigyan ng birth certificate.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** One thousand two hundred.

**SEN. LEGARDA.** Ayun! Exact number, 1,200. So, mayroon pa kaming hinahanap na balanse sa 1,200 na nagpapanggap na Alice Guo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Iyan nga, Madam Chair. Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Loren.

Sen Raffy, before the Chair recognizes.

So, for the record ulit, Sen Loren, na-establish natin in previous hearings na pinaylan (file) ng late registration of live birth si Alice Guo, inisyuhan ng birth certificate, pero dineclare (declare) na ng PSA na irregular iyong birth certificate na iyon.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Bakit naisyuhan pa rin?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kaya pinapa-cancel sa Office of the Solicitor General.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Kaya nga, Madam Chair, kung ... irregular—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** And then—if I may just finish, Sen Raffy—before recognizing Majority Leader and then Sen Raffy—kaya nakapagkuha ng Philippine passport.

I will just recognize at this point now Majority Leader, and then Sen Raffy, and then itutuloy ng Chair iyong questioning, and then each

in order of arrival, beginning with the SP *Pro Temp* and the Senate Minority Leader, Sen Joel, et al., will have 15 minutes each per round. We can go to a second round pag may oras pa.

So, Majority Leader.

**SEN. TOLENTINO.** Madam Chair, just an addendum to your earlier order, citing in contempt Ms. Alice Guo, may the Committee Secretariat be likewise directed at this instant, using the fastest means of communications, to inform Branch 109 of the Regional Trial Court based in Capas, Tarlac of the said citation, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you, Majo.

Comsec, please do that. And please include in the communication to the good court iyong sinabi ng Chair kanina sa citation in contempt kay Alice Guo o Guo Hua Ping that this Committee will coordinate with the court ordering her detention. So, we will coordinate with that court.

**SEN. TOLENTINO.** Thank you, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Madam Chair, Madam Chair.

**SEN. VILLANUEVA.** And lastly, Madam Chair, just in that particular communication to the court ...

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Joel and then Sen Raffy.

**SEN. VILLANUEVA.** … we also would like to put into the records how much we appreciate, Madam Chair, the confirmation of the court and the respect of the court to this Committee to allow Guo Hua Ping to appear before us, Madam Chair. Because we wanted to put that into the records, Madam Chair.

Thank you po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Joel.

Oo, ina-appreciate ng buong Komite at ng Chair na pinaunlakan ng judge iyong written request na pa-appear-in at pasalitain sa ating Komite si Alice Guo o Guo Hua Ping. Kaya pinut (put) on record na ng Komite iyong pag-cite in contempt kay Alice Guo. At bunga niyan, we will coordinate with the court dahil ito iyong nag-order … /*rpc/jmb/agc*

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** ... dahil ito iyong nag-order ng kanyang detention.

So, Sen Raffy, and then the Chair will continue with her questioning.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Thank you, Madam Chair.

She has been very evasive from the get-go. Parang nagsasayang lang tayo ng oras at mga laway natin, at karapatan naman niya na hindi magsalita at magsinungaling. Ang importante sa akin dito ngayon, iyong sindikato; lumalaki nang lumalaki habang tayo ay nag-uusap dito, tulad ng sinabi ni Sen Loren. Iyon talaga ang tinutumbok ko noon pa man, Madam Chair. At tutal nabanggit naman sa previous hearing, iyong kasabwat na para siya ay makakuha ng birth certificate through late registration, kailangan siguro isa sa mga tutumbukin natin para mabuwag na ang sindikato na ito, sino-sino sa late registration sa local registrar’s office ang mga kasabwat niya diyan sa Tarlac kaya siya nakakuha ng certificate? At sino iyong mayor at that time? Sino iyong hepe ng local registrar’s office? At ilan nga ba ang mga Chinese national sa bayan na iyon, sa Tarlac, ang nabigyan din ng birth certificate, Filipino birth certificate, through late registration? Because napakalaking problema ito, Madam Chair. One thousand two hundred

sa Davao del Sur lamang iyan, iyong foreign nationals na nabigyan ng Filipino birth certificate, naging instant Filipino citizen.

Now, hindi lang po sa Davao del Sur, kung hindi sa iba't iba pang lugar sa bansa. And then, the Immigration mismo, umamin na every single year, since 2000, sila po ay nakakahuli ng mga Chinese nationals na pumapasok dito o lumalabas na gamit ay Philippine passport. And we are not doing anything about it. Since—Jesus—for decades, nobody is doing something na para buwagin iyong sindikato na iyon. Kasi kung hindi natin pag-uusapan ito, at puro na lang tayo naka-concentrate sa isang topic, lalawak nang lalawak nang lalawak ang sindikato until such time, baka paggising natin, na-take over na tayo ng mga Chinese nationals.

Thank you, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat. Thank you, Sen Raffy. And we will pursue those points during your question time.

So, Alice, ituloy ko na iyong mga tanong sa iyo. Maraming lumabas na mga photo na kasama mo si Duanren Wu. This character has been identified as the big boss of the POGO in Porac. Interesado akong malaman kung ang mga kakuntsaba mo sa POGO ay mga

kakuntsaba mo rin palabas. Tinulungan ka ba ni Duanren Wu na makaeskapo?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, hindi po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Well, kung hindi ka niya tinulungan, panahon na para i-set iyong record straight. Sino-sino ang tumulong sa iyo para makalabas sa Pilipinas? Paano ka lumabas at umalis dito?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, isa rin po iyong concern ko po doon sa safety ko po pagka diniscuss (discuss) ko po—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** That is not my question, Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hindi ko na po tinatanong ang bitin na tanong namin nina Sen Doroy sa inyo. Tinatanong ko, paano ka umalis sa Pilipinas, Ms. Alice?

**MS. A. GUO.** Umalis po kami, Madam Chair, by boat po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** By boat? Okay. Paanong by boat? Ang balita ko may sinabihan ka na umalis ka sa pamamagitan ng hindi boat lang, isang yate. Tama po ba iyon?

**MS. A. GUO.** Yes po, mayroon po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, yate ang sinakyan ninyo?

**MS. A. GUO.** Mayroon po kaming sinakyan po na yate po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay, at least malinaw. Hindi na lang small boat, big boat, very big boat, yate. Okay.

**SEN. ESTRADA.** Madam Chair, kanina po iyong—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, SP *Pro Temp.*

Kanino?

**SEN. ESTRADA.** Who owns the yacht?

**MS. A. GUO.** Madam, Sen, hindi ko po alam sinong may-ari po noong yate po.

**SEN. ESTRADA.** Sino iyong … [overlapping voices] para gamitin ninyo iyan?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice, parang— Actually, SP *Pro Temp,* parang ito iyong tanong doon sa McLaren.

Noong una, hindi mo maalala sinong nagpahiram. Imposibleng magpapahiram ng napakamahal na kotse, lalo na ng napakamahal na boat, yate, na hindi mo alam at ipantatakas sa bansa.

Ang tanong ni SP *Pro Temp*, sino ang may-ari ng yate? Iyon. At galing saan iyong sinakyan ninyong yate? Ano iyong naging ruta ninyo?

**MS. A. GUO.** Sen, iyong yate po, kung sino po iyong may-ari ng yate po, hindi ko po talaga alam.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** That is impossible. Okay.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Talagang dapat na-cite namin kayo in contempt. Unbelievable iyong mga sagot.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Madam Chair. Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Doroy, related question.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** With the permission of Senate Pro Temp.

Kung hindi mo alam kung kaninong yate iyong ginamit ninyo, at least alam mo siguro sinong nag-facilitate para makasakay kayo sa yate na iyon. Sino?

**MS. A. GUO.** Sen, okay lang po ba na hindi ko po siya i-discuss sa inyo po in public?

**SEN. ESTRADA.** No! You ... [overlapping voices]

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** It is not okay, Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Natatakot po ako, hindi ko po masabi—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** No, no, no.

**SEN. ESTRADA.** Huwag kang matakot.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sino ang nag-facilitate, iyong tanong ni Sen Doroy, sino ang nag-facilitate na magamit ninyo iyong yate?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, gustong-gusto ko pong sabihin pero hindi ko po masabi po sa public po.

**SEN. ESTRADA.** Isulat mo sa papel.

**SEN. LEGARDA.** [off-mike] Isulat sa papel.

**SEN. ESTRADA.** Isulat mo sa papel.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Isulat mo sa papel at ipapasa ng Comsec sa aming mga senador dito.

**SEN. ESTRADA.** Isulat mo sa papel, sige na.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Isulat mo sa papel, sino ang may-ari ng yate at sinong nag-facilitate, masakyan ninyo iyong yate.

**MS. A. GUO.** Iyong may-ari po at saka iyong nag-facilitate po, hindi po ako sure kung iisang tao po sila.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** It does not matter. Isulat mo iyong dalawa o iisang pangalan na iyon sa papel para mabasa naming lahat dito.

**SEN. ESTRADA.** Sige na.

Atty. David, you better tell your client to tell the truth and allow her to write in paper the owner of the yacht.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice, isulat mo na, nandiyan na iyong papel.

**SEN. ESTRADA.** Saan ka sumakay? Saan ka sumakay? Saan ka sumakay, Alice, sa yate? Anong port?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice, saan ka sumakay at anong naging rota mo?

**MS. A. GUO.** Sen, kung isusulat ko po, okay lang po ba na hindi ninyo po i-discuss po sa public?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice, please do not tell the senators what to do with the information na halos kailangang bunutin namin sa inyo na parang ngipin. Write it on the paper.

**MS. A. GUO.** Opo. Pero, Sen, natatakot po kasi ako.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Write it on the paper, at ia-appreciate namin kapag nabasa na namin. Unbelievable.

Iyong ibang witnesses, kailangang sumagot verbally. Pinagbibigyan namin kayong isulat sa papel. Please do that now. May ibang witness na ginawa na iyon sa nakaraang hearing. Please write down on paper.

**SEN. ESTRADA.** Isulat mo na rin kung anong port kung saan ka sumakay. Sige na, para isahan na lang.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** At saka makadagdag, Madam Chair—

**MS. A. GUO.** Sen, pasensiya na po talaga, pero natatakot po talaga ako.

**THE CHAIRPERSON (SEN. TULFO).** Madam Chair—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice, nauubos na iyong pasensiya namin dito. Isulat ninyo.

**MS. A. GUO.** Opo. Sana po maintindihan ninyo rin po ako na natatakot po ako talaga.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Iniintindi ka namin at inaalam namin kung ano iyang kinatatakutan mong sinasabi mong death threat, ayaw mo pang sabihin. Ngayon, mas simple, isulat sinong may-ari at facilitator sa yate at sabihin mo sa amin saan ka sumakay.

**MS. A. GUO.** Sen, gustong-gusto ko po talaga i-discuss, pero natatakot po ako i-discuss po sa public.

**SEN. ESTRADA.** Gustong-gusto mo pala, 'di sabihin mo sa amin. Nakakapikon ka na, ha. Nakakagigil ka na.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** At saka, Ms. Alice, nasa custody kayo ng PNP. Paano kayo papatayin doon? Imposible. You are within the most protective institution sa ating bansa. You are sa national headquarters ng Philippine National Police sa Camp Crame.

**MS. A. GUO.** Yes—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Isulat mo na iyong may-ari at facilitator sa yate.

**MS. A. GUO.** Yes po, Madam Chair. Alam ko po, safe na safe na safe po ako ngayon. Kaso lang nagwo-worry po ako. Pagkatapos po ng session, pagkatapos po ng hearing, ano pong mangyayari po sa akin? Doon po ako nagwo-worry.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Let us take it one day at a time, one step at a time. First step, isulat mo sa papel, sinong may-ari at facilitator sa yate.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Madam Chair, sana naman itong mga abogado ni Alice ay makiisa rin naman sana sa atin na, although may duty kayo sa client ninyo, pero ang iniimbestigahan natin dito is sindikato na sabi nga ni Senator Tulfo, matagal na itong

sindikato na ito at wala tayong mapupuntahan nito, walang solusyon itong imbestigasyon na ito kung hindi natin matumbok ang sindikato.

So, ngayon, kung wala tayong makuha ditong impormasyon, wala na. Baka hindi alam nitong mga abogado ni Alice Guo na later on, baka sila rin, mabibiktima nitong sindikato na ito kung hindi tayo magtutulungan dito. We need a whole-of-nation approach pagdating sa pag-combat nitong mga—baka ito ay transnational crimes na itong—transnational criminal syndicates na itong mga involved nito. Kailangang magtutulungan tayo dito dahil bansa natin ang nakataya dito. Hindi lang si Alice Guo.

Alice Guo, kayang-kaya kang protektahan ng PNP. Hindi ka mamamatay diyan. Kaya mag-cooperate ka naman sana para sa Pilipinas. Gumanda naman sana ang Pilipinas kapag nayari iyang mga sindikato na iyan. Tumulong ka.

Thank you, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Doroy.

NBI Director Santiago, puwede ninyo bang i-assure iyong safety ni Ms. Alice habang siya ay nasa custody ng gobyerno at sumasagot sa aming Komite?

**MR. SANTIAGO.** Pagka nasa amin pong custody … /jlf/mms/agc

**MR. SANTIAGO.** Pagka nasa amin pong custody ay masasagot ko po iyan.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat.

So, nasa custody ka na ng PNP na nagpoprotekta sa inyo; kung naging sa custody kayo ng NBI, mapoprotektahan din nila kayo. So, answer our questions. Iyong yate, ano bang markings noong yate na sinakyan ninyo, Ms. Alice?

**MS. A. GUO.** Alam ko lang po, kulay puti, kung hindi po ako nagkakamali. Pero wala po akong makitang number, tapos parang may mga wings po. Ganoon lang po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ah, okay. So, yes. Hindi ko pa nga naitatanong iyong number, nabanggit. Anong numbers nakita mo doon sa yateng puti na may wings?

**MS. A. GUO.** Actually, naka-cover po kami kaya wala po akong nakitang number po. Pero alam ko po yate.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Wala kang nakitang number. May letters ba sa yate?

**MS. A. GUO.** Mayroong parang sticker po na wings po na design lang po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sticker na wings? Ano iyong naka-cover kayo, ano iyon, Ms. Alice?

**MS. A. GUO.** Makeup po, tapos kahit gabi po mayroon po kaming sunglass po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, noong gabing— Ano! Gabi, tapos naka-sunglasses kayo? Bakit ganoon?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po alam.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, noong gabing iyon, saang port kayo umalis sakay ng yate?

**SEN. ESTRADA.** That was a previous question.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, SP *Pro Temp*.

Saang port kayo umalis?

**MS. A. GUO.** Iyong port po, hindi ko po alam iyong exact pero Manila po. Hindi ko alam kung south or north o saan po, basta alam ko po Manila po.

**SEN. ESTRADA.** What do you mean Manila?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, sa isang port sa Manila.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Metro Manila or—?

**MS. A. GUO.** Metro Manila po.

**SEN. ESTRADA.** Metro Manila.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, sa isang yacht docked sa Manila?

**MS. A. GUO.** Yate po iyong unang sinakyan po namin.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Una. Ano iyong sunod?

**SEN. VILLANUEVA.** Just to put on record, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** Just to put on record that this is absolutely in contrast with the statements made by Ms. Shiela Guo that they traveled from Bamban for five hours, Madam Chair, south of Luzon. And now, itong si Guo Hua Ping is saying that they took that white boat here in Manila, Madam Chair. Just to put on record.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes. Thank you, Sen Joel.

Ms. Alice, naisulat mo na ba iyong pangalan noong may-ari at facilitator sa yate?

**MS. A. GUO.** Hindi pa po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Pakisulat po. Kanina pa po namin—kanina ninyo pa sinabing gagawin ninyo. Isulat sa papel iyong may-ari at facilitator sa yate.

**SEN. ESTRADA.** Gusto mo bang lumapit pa kami para ibulong mo sa amin, Alice?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen JV.

**SEN. EJERCITO.** Yes, Madam Chair.

Is it okay if Alice could narrate to us iyong kaniya pong istorya, iyong kaniya pong escape story so that we can compare it doon kay Shiela kung talagang totoo. Ngayon pa lang, magkaiba na eh. Isa, small boat to big boat; ito, yate.

So, probably, kung puwede lang—Alice, hindi naman ito makakaapekto sa iyong mga kasong ipinayl (file) sa iyo, pero gusto lang namin malaman kung paano ka tumakas. Kasi matutulungan mo din ang Komite at ang lahat para malaman natin kung sino iyong mga tumutulong, nang sa ganoon ay iyong mga kriminal na tumatakas ay hindi ito maulit. Iyon lang pagtakas mo ang gusto naming malaman.

Puwede mo i-narrate sandali—Madam Chair?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen JV.

Yes, unang-una, pakisulat na sa papel iyong may-ari noong yate at iyong facilitator sa yacht ride ninyo. Pangalawa, ikuwento mo iyong naging biyahe ninyo at ruta mula sa Manila sakay sa yate.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Doroy.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** May I move, Madam Chair, that we suspend the rules of this Committee by affording Ms. Alice Guo executive session para makuha natin iyong impormasyon na iyan?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen—

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Ang sabi niya payag daw siya sabihin sa atin.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** With all due respect, Sen Doroy.

**SEN. REVILLA.** I second the motion of Senator Bato.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** I am sorry, the Chair would like to recognize the presence of Sen Bong Revilla.

Salamat sa pagdalo.

There is a motion, duly seconded, pero ngayon pa lamang I am hearing objections to the motion to go into executive session.

Yes?

**SEN. VILLANUEVA.** I have a very strong reservation, Madam Chair, for an executive session because I really think the public—we owe it to the public to know all of this. After tayong bastusin at balahurain ng mga puganteng ito, bigyan natin ng justice din iyong mga taong naghanap at pinahirapan nitong husto, Madam Chair. It is a simple question, Madam Chair. And in fact, Madam Chair, alam na alam na ni Alice, sabi niya, gustong-gusto niyang sabihin sa atin, Madam Chair. Pero tuwing lilingon siya sa likod niya, may dalawa doon na bumubulong na parang ayaw po siyang pagsabihin. I am being tempted to cite them also in contempt, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** After all, one of them is also a resource person, Sen Joel.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** But in any case—

Before Sen Doroy again, there was a motion, duly seconded at may strong reservation, may objection. The Chair will call for—

Okay, before the Chair suspends, Sen Sherwin.

**SEN. GATCHALIAN.** Madam Chairperson, with all due respect to Senator Bato. Si Shiela ho, noong pumunta ho dito, malaya siyang nagkuwento kung ano iyong pinagdaanan nila. Hindi naman ho siya

humingi ng executive session. So, hindi ko ho nakikita kung bakit si Guo Hua Ping humihingi ng executive session. Hindi rin naman niya masabi kung ano po iyong banta sa kaniyang buhay. Kung may banta ho sa kaniyang buhay, bakit ho si Shiela Guo wala hong banta sa kaniyang buhay? Kaya hindi po ako sumasang-ayon na magkaroon ng executive session dahil ito po iyong isa sa pinakamahalagang aspeto nitong imbestigasyon: paano at sino ang tumulong ho sa kaniya para makatakas po?

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Sherwin.

Sen Doroy, and then the Minority Leader.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** I am inclined to withdraw my motion. But before that, I would like to explain my position on this matter.

Madam Chair, alam ko iyong nararamdaman ng aking mga colleagues, that is why I am inclined to withdraw my motion. Pero ang sa akin lang, nandito na si Shiela Guo, kung sige tayo insist na she has to divulge that information openly, in open hearing, hindi talaga siya, magmamatigas siya. Whereas kung mag-executive session tayo,

ibibigay niya for our own consumption, at least may mai-extract tayong information at magagamit natin somehow, Madam Chair.

Iyon lang ang akin, pang-pinulis ba, pinulis na pag-iisip. Sayang din iyong impormasyon na iyon pag hindi natin makuha. Magmamatigas iyan, wala tayong magawa. Hindi man natin iyan puwedeng i-kuwan—ano iyong kuwan sa interview? Iyong isang mas harsh na interview—interrogation. Hindi man natin puwedeng i-interrogate iyan, hanggang interview lang tayo dito.

So, iyon lang, Madam Chair. Thank you.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, kaayo, Sen Doroy.

Minority Leader, and then Sen Joel.

**SEN. PIMENTEL.** Word of caution lang sa mga colleagues ko kasi ako ay abogado din po. Parang napapansin ko, umaabot na sa radar ninyo iyong mga abogadong nasa likod. But they are only doing their responsibility or their jobs, my dear colleagues. Huwag natin silang warning-an or something. They have a role to perform.

Ang pakiusap ko lang sa mga kasama ko sa profession, we competently just do our duty. If your client has a right, you let her invoke it, explain to her how to invoke it properly, connect it to the

matter at hand, and then you trust us din if you will agree with the reasoning or not.

Pero pakiusap ko lang po, huwag natin paringgan iyong mga abogado sa likod because they have a role to play. Malay mo, winarningan (warning) sila kanina na malay mo sila ang maging biktima ng sindikato. Ang akin namang warning sa atin, malay mo, tayo naman ang mangailangan ng abogado in the future. So, ilabas natin sa radar natin iyong mga abogado. Just perform your job and your responsibility in accordance with our code of professional responsibility.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat kaayo, Mino.

And for the record, for one, Atty. David is not just counsel to Ms. Alice but also a resource person in this hearing.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** May I just place into the record that I was voted and given a mandate by the people to do my job as the representative of the people. I am a senator, a sitting senator, and I can say whatever I wanted to say, and we are bound by the rules, Madam

Chair. I only made mention about it because we wanted to ferret out the truth. Who is afraid of the truth, Madam Chair?

I appreciate what Senator Bato made mention, but let me also state for the record, Madam Chair, that there is no case about her escape right now, Madam Chair. So, questions about her escape should not be part of self-incrimination privilege, Madam Chair.

Now, when it comes to death threats, Madam Chair, no one amongst us understands really, Madam Chair. Bakit ka aalis ng bansa?
… /ges/jacs/agc

**SEN. VILLANUEVA.** … Bakit ka aalis ng bansa? Tapos pag nakita mo ang PNP at saka SILG, okay ka, safe ka, pero hindi mo masabi? Ayaw mong tulungan ka namin? Ayaw mong tulungan ka ng Senado? Klaro po sa akin iyon, Madam Chair, hindi talaga death threat.

So, Madam Chair, as much as I wanted to help the client of the two lawyers advising her, Madam Chair, ang pinaka-role natin dito is to ferret out the truth. We wanted to know the truth. Tinakasan na po tayo nito, nitong pugante na ito, tapos bebeybihin (baby) pa ba rin natin siya, Madam Chair? I don't agree with it, Madam Chair. Sorry. Thank you.

**SEN. GATCHALIAN.** Madam Chairman.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Joel.

Sen Sherwin.

**SEN. GATCHALIAN.** Just quick interjection, Madam Chairman. May I know from Ms. Guo, nag-file ba siya ng police report dito sa kaniyang death threat?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Sen, hindi po.

**SEN. GATCHALIAN.** Nasabi ninyo ba kay SILG, kay chief, PNP, dahil kaharap ninyo na sila? Nasabi ninyo ba sa kanila iyong detalye niyang inyong death threat?

**MS. A. GUO.** Hindi po lahat po.

**SEN. GATCHALIAN.** Kasi noong ako, nagkaroon ng death threat, ang una kong ginawa, mag-file ng police report para on record ito. At inimbestigahan ng pulis para malaman kung totoo o hindi, dahil hindi ko rin alam kung totoo o hindi. As a precautionary measure, nag-file ako ng police report. Pero sa inyo, sinasabi ninyong may death threat kayo, pero wala naman kayong ginawa, sinasabi ninyo lang, may death threat kayo. Paano ngayon maiimbestigahan ng kapulisan, ng NBI, kung legitimate iyong death threat ninyo o gawa-gawa ninyo lang? Kasi sa mata namin ngayon, gawa-gawa ninyo lang ito para hindi kayo sumagot.

**MS. A. GUO.** Sen, hindi po ako gumagawa po ng kuwento, totoo po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hindi po iyan ang tanong ni Sen Sherwin. Tinatanong niya, kung nakatanggap talaga kayo ng death threat noon, bakit hindi ninyo ipinormal sa isang police report?

**MS. A. GUO.** Natatakot po kasi ako sa safety ko po, Sen, kaya—opo.

**SEN. GATCHALIAN.** Kami rin natatakot rin kami sa safety namin, but we have to trust our enforcers at one point dahil dapat maimbestigahan iyan. Pero parang ginagamit mo lang itong death threat para hindi ka sumagot. Kaya paikot-ikot ho kami dito.

**SEN. REVILLA.** Madam Chair, just one question, with the permission of—

**SEN. GATCHALIAN.** Yes.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Bong Revilla, for one related question.

**SEN. REVILLA.** Ms. Alice, sino iyong nagde-death threat sa iyo? Pilipino ba siya o Chinese?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Sen, kung okay lang po talaga na hindi ko po siya sagutin sa public.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sinabi ninyo na kanina, local.

**MS. A. GUO.** Local po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sinabi ninyo na kanina, local.

**MS. A. GUO.** Opo, local po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, sagutin ang tanong ni Sen Bong Revilla, sinong local iyan?

**SEN. REVILLA.** Pilipino ba siya o Chinese iyong nagde-death threat sa iyo?

**SEN. ESTRADA.** Local daw.

**MS. A. GUO.** Mayroon foreign, mayroon local Filipino po.

**SEN. REVILLA.** So, both?

**MS. A. GUO.** Both.

**SEN. REVILLA.** Filipino—malaking grupo talaga.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Bong.

So, nasulat mo na ba, sa wakas, sa papel iyong may-ari ng yate at iyong nag-facilitate sa yacht ride ninyo, Ms. Alice?

**MS. A. GUO.** Sens, pasensiya na po talaga, for my safety po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** No, no, no, Ms. Alice, kanina sinabi ninyo na. Don't tell me pasisinungalingan ninyo iyong sarili ninyo. You told us minutes ago, isusulat mo sa papel para mabasa namin iyong dalawang taong iyon, or kung nag-iisang tao iyon, na nag-facilitate at may-ari ng yate. Do that now. You said you would do that.

**MS. A. GUO.** Opo, Sen. Hingi lang po sana ako ng malaking tulong po sa inyo na—isusulat ko po pero huwag ninyo po i-disclose po sa public.

**SEN. ESTRADA.** O sige, sige, sige. Okay, okay. Sige.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Isulat mo na.

**SEN. ESTRADA.** Isulat mo na, huwag mo na kaming turuan, at saka iyong pangalan noong yate, kung alam mo, kung ano iyong pangalan ng yate. Dahil sa pagkakaintindi ko, lahat ng mga yate, may mga pangalan iyan.

Sus, tuturuan pa tayo nitong mga ito.

**SEN. EJERCITO.** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Before Sen JV—iyan, Ms. Alice, isulat mo na para makasunod iyong ibang mga tanong.

Sen JV.

**SEN. EJERCITO.** Habang sinusulat ni Alice, again, I would like to reiterate that she narrates her escape story, because I think this will be very vital in this investigation kasi po dito natin maikokompara. This will be able to compare and confirm some of the previous information that we got from other resource persons. Siguro maganda ho talagang ma-narrate niya itong kaniyang escape story muna, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen. JV.

Amin na iyong papel, Ms. Alice. Pakikunin sa kaniya.

**MS. A. GUO.** Sen, huwag ninyo po iano sa public po, ha?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Huwag ninyo kaming uutusan, Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Pasensiya na po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ang susunod naming tanong, kanina pang tanong, ano iyong naging ruta ninyo sa yate noong pag-alis ninyo sa Manila?

**MS. A. GUO.** Pag-alis po namin, nauna po kami doon sa yate po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ituloy mo lang.

**MS. A. GUO.** Pagkatapos po, may sinakyan po kaming isang malaking barko po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Mula yate, lumipat pa kayo sa malaking barko?

**MS. A. GUO.** Hindi po siya ano—yes po, malaking barko po siya.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, mula yate, sa malaking barko. Saan banda kayo lumipat sa barko?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, as much as gusto ko pong sabihin, pero hindi ko po alam iyong location, basta puro dagat po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Gaanong katagal mula umalis kayong Manila na naka-yate na lumipat kayo sa malaking barko?

**MS. A. GUO.** Iyong sa yate po, I believe few hours lang po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ilang oras?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po maalala to be exact, kasi lahat po ng cell phone po namin noong pagkaano po namin doon sa tao, wala na po kaming phone.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sinong tao?

**MS. A. GUO.** Ah—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sinong tao po iyon?

**MS. A. GUO.** Mayroon pong isang babae po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Babae?

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Pilipina o dayuhan?

**MS. A. GUO.** Dayuhan po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ano ang nationality?

**MS. A. GUO.** Hindi po ako sure kung siya po ay—hindi po ako sure sa nationality po niya pero, definitely, hindi po siya Pilipino.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hindi siya Pinay. Asian ba siya? Puti ba siya? Latina ba siya? African?

**MS. A. GUO.** Asian po siya, Asian.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Asian. Bakit niya kinuha iyong mga cell phone ninyo?

**MS. A. GUO.** Kasama po iyon sa usapan po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ano iyong usapan?

**MS. A. GUO.** Walang phone, wala po lahat.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Bakit may ganoong usapan na walang phone?

**MS. A. GUO.** Iyan po ang sabi sa amin po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Dahil?

**MS. A. GUO.** Siguro po for safety na rin po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Safety nino?

**MS. A. GUO.** Para sa akin lang po, baka para sa safety na rin po ng lahat. Basta wala pong cell phone, bawal po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Bakit magiging peligroso ang may cell phone sa lahat?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po alam, basta iyon po ang sinabi po, na walang cell phone po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So lumipat kayo sa barko some hours after bumiyahe kayo sa yate?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** [off-mike] Estimate hours.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Estimate number of hours bago kayo lumipat.

**MS. A. GUO.** Hindi ko po mae-estimate kasi baka magkamali po ako. Wala po akong talagang maano po sa hours po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Mas okay nang magkamali kaysa magsinungaling. Iyong honest effort to tell the truth, mas okay nang magkamali. Gabi kayo umalis sa Manila?

**MS. A. GUO.** Opo, gabi po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Gabi pa ba noong lumipat sa barko or madaling araw na?

**MS. A. GUO.** Ano pa rin po, madilim pa rin po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Madilim pa rin.

**MS. A. GUO.** Opo, madilim pa rin po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, anong oras ba kayo umalis sa Manila na gabi?

**MS. A GUO.** Pagdating po kasi namin ng Manila po, ikot-ikot po kami nang ikot.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hindi. Anong oras kayo sumampa sa yate?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po maalala noong time pero, definitely, siguro mga bago naman po mag-10 o'clock.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So bago mag-10, so mga 9 p.m. or so. And then—

**MS. A. GUO.** Pero hindi po ako sure to be exact po doon sa time po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** And then bumiyahe kayo ng ilang oras bago lumipat sa barko.

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Paglipat sa barko, madilim pa ba or sisikat na ang araw?

**MS. A. GUO.** Madilim pa rin po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Madilim pa rin?

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** And then pagkasakay ninyo sa barko, ano ang ginawa ninyong sunod?

**MS. A. GUO.** Pagkasakay po sa barko po, Madam Chair, ipinasok po kami sa isang room, doon na po kami.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ilang oras kayo doon sa room sa barko?

**MS. A. GUO.** Ay, matagal po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Gaano katagal?

**MS. A. GUO.** Araw po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ilang araw?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po—siguro mga four.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Four days?

**MS. A. GUO.** Baka four or three or five, mga ganoon, basta matagal po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Three to five days. Ilang beses kayo nag-breakfast?

**MS. A. GUO.** Ako po kasi, hindi po ako nagbe-breakfast.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. Ilang beses kayong nag-lunch?

**MS. A. GUO.** Iyong food po kasi namin, may ano po kami—siguro mga three or—mga four days po siguro.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Mga four times kasi kayo nag-lunch?

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, mga four days kayo doon.

And then, paglabas ninyo sa room—teka, apat na araw, nasa room lang kayo?

**MS. A. GUO.** Hindi po kami pinapalabas.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hindi kayo lumalabas doon sa deck ng barko?

**MS. A. GUO.** Hindi po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hindi ba nakaka—claustrophobic iyan?

**MS. A. GUO.** Actually, noong nakasakay na po kami sa malaking barko, sa totoo lang, kung puwede lang umatras, aatras na rin ako noon, nakakatakot talaga.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Bakit ka aatras sana?

**MS. A. GUO.** Parang—nakakatakot po talaga.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ano iyong inaatrasan mo sana?

**MS. A. GUO.** Na gusto ko na pong umuwi, gusto ko nang bumalik.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, bakit hindi mo ginawa?

**MS. A. GUO.** Iyon nga po, nagkamali din po ako talaga doon.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Iyong kuwartong iyon, may bintana ba?

**MS. A. GUO.** Mayroon—wala po siyang bintana, parang—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Mayroon o wala?

**MS. A. GUO.** Wala po siyang—kasi pag bintana po, iyong nabubuksan po, hindi ba?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hindi. Bintana na nakakakita kayo sa labas. … /*pgpc/imjv/agc*

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** … nakakakita kayo sa labas.

**MS. A. GUO.** Ah, mayroon po siyang isang maliit, mayroon po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. So, ano ang nakikita ninyo doon sa isang maliit na bintana?

**MS. A. GUO.** Wala po kaming nakikita po, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Pero nakikita ninyong sumisikat ang araw, lumulubog ang araw…

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** …maaring sumisikat ang buwan, tapos nawawala?

**MS. A. GUO.** Ah, wala pong ganoon eh.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ano ang mayroon?

**MS. A. GUO.** Nasa-sight lang po siya.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kahit na. Sa side(?) makikita mo iyong langit kung lumiliwanag, dumidilim. Nakikita ninyo iyong pagbago ng oras sa bawat araw?

**MS. A. GUO.** To be exact po, Madam Chair, hindi ko na rin po napapansin po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, basta sabi mo mga apat na araw.

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Pagkatapos noong apat na araw na hindi daw kayo lumabas sa kuwarto, paglabas ninyo sa deck, sa barko, nasaan na kayo?

**MS. A. GUO.** Paglabas po namin, may sinakyan pa po kami, ano po—may sinakyan po kaming isang maliit na bangka.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Maliit na bangka?

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Nasaan na kayo noon?

**MS. A. GUO.** Iyong bangka po, bumiyahe pa po kami tapos Malaysia na po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Gaano katagal kayong bumiyahe?

**MS. A. GUO.** Ilang hours din po iyon.

**SEN. ESTRADA.** Hindi.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** SP *Pro Temp*.

**SEN. ESTRADA.** Saan ka sumakay ng bangka?

If I may?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** *SP Pro Temp.*

**SEN. ESTRADA.** Saan ka sumakay ng bangka?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po alam iyong exact location din po, Sen, basta dagat po.

**SEN. ESTRADA.** Hindi mo alam iyong daungan? Hindi mo alam kung saan?

**MS. A. GUO.** Hindi po, hindi po. At saka iyong instruction po sa amin, huwag na po kami tumingin.

**SEN. ESTRADA.** Ano, nakapiring kayo?

**MS. A. GUO.** Hindi naman po, naka-sunglass pa rin po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, SP *Pro Temp*.

Bago si Sen Joel, tatanungin ko sa inyong sunod, sino iyong mga Pilipinong tumulong sa inyo sa bawat yugtong iyon? Mula yate, hanggang barko, hanggang maliit na bangka, papuntang Malaysia.

Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** In relation lang, Madam Chair, doon sa big boat, Guo Hua Ping, doon sa big boat, ilan kayong magkakasama doon sa big boat?

**MS. A. GUO.** Doon sa big boat po, tatlo lang po kami at saka isang Chi—isang babae po na foreign.

**SEN. VILLANUEVA.** Oh, Chinese na, oo. Chinese pala iyong mga kasama mo.

**MS. A. GUO.** Hindi po siya Chinese kasi ang conversation po namin English.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay.

**MS. A. GUO.** So, hindi po siya Chinese.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay, hindi siya Chinese pero Asyana siya, hindi ba, iyong sinabi mo kanina?

**MS. A. GUO.** Asyana po siya, opo.

**SEN. VILLANUEVA.** So, kayong tatlo lang doon sa maliit na kuwarto na sinasabi mo?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Kayo ni Shiela at saka ni Wesley?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Kayong tatlo lang iyong nandoon?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Thank you.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Joel.

So, Ms. Shiela, sino iyong mga Pilipinong tumulong sa inyong makasakay sa yate? Sinong mga Pilipinong tumulong sa inyong makatakas sa Pilipinas?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, walang tumulong po ni isang Filipino or Filipina, wala po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, iyong—walang Pilipino na tumulong sa inyo?

**MS. A. GUO.** Wala po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, iyong nag-iisang taong isinulat ninyo sa papel, iyon lamang ang tumulong sa inyo?

**MS. A. GUO.** Iyon po ang tumulong po.

**SEN. ESTRADA.** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** SP *Pro Temp*.

**SEN. ESTRADA.** Ito bang taong itong isinulat mo, nandito sa Pilipinas?

**MS. A. GUO.** Understanding ko po, wala.

**SEN. ESTRADA.** Nakatakas na rin?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po alam pero alam ko po, wala po siya dito.

**SEN. ESTRADA.** Sa pagkakaalam mo, nasaan?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po alam, Sen.

**SEN. ESTRADA.** Paano ka kinontak (contact)?

**MS. A. GUO.** Nag-usap po kami.

**SEN. ESTRADA.** Paano siya nag-facilitate noong pag-alis mo?

**MS. A. GUO.** Bago po nangyari po iyon, nag-usap po kami.

**SEN. ESTRADA.** Nandito siya sa Pilipinas noon noong nag-uusap kayo?

**MS. A. GUO.** Phone po kami nag-uusap.

**SEN. ESTRADA.** Kaya nga, nasaan siya?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po alam exactly nasaan po siya doon.

**SEN. ESTRADA.** Are you sure walang Pilipino, walang government official na tumulong sa pag-eskapo mo rito sa ating bansa?

**MS. A. GUO.** Sen, wala po. Walang Pilipino, wala po.

**SEN. ESTRADA.** That is impossible. Imposibleng walang tumulong sa inyong Pilipino para makatakas dito sa Pilipinas.

**MS. A. GUO.** Pero, Sen, wala po talaga.

**SEN. ESTRADA.** Ang galing naman nitong Chinese na ito.

**MS. A. GUO.** Wala, wala po talagang tumulong.

**SEN. ESTRADA.** Nag-arkila ng yate, dinala ka sa kung saan man iyan, kung sa Malaysia o sa Indonesia. Itong tao lang ito, nag-facilitate sa iyo na walang tulong ang mga Pilipino?

**MS. A. GUO.** Wala pong tumulong. Wala pong tumulong, wala pong nakatulong po na Filipino po, Sen.

**SEN. ESTRADA.** Napakasinungaling nito.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, SP *Pro Temp*.

Eh mayroon ka bang binigyan ng bribe, Ms. Alice? Kasi narinig ko—pakinggan ninyo ha. Narinig ko ang Zoom. Have you bribed any government official para dito sa pagtakas ninyo sa Pilipinas?

**MS. A. GUO.** Wala po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Narinig ko iyong halagang 200 million.

**MS. A. GUO.** Wala po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ah, ibang halaga?

**MS. A. GUO.** Wala po. Wala po akong alam na may ganoong amount. Wala po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kung totoong walang tumulong na Pilipino, sino nagbibigay ng instruction sa mga dayuhang kasama ninyo? At sino ang nagbibigay ng instruction sa inyo tungkol doon sa, sabi mo, kaninang usapan, kung paano gagawin ang pagtakas ninyo?

**MS. A. GUO.** Wala pong—wala po ako nakitang Filipino, wala rin pong tumulong po sa akin na Filipino po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice—bago si Sen Joel—iyong bawat ahensiyang nandirito ngayon, gumagawa ng sariling internal investigation nila.

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hindi lang tungkol sa inyo, tungkol sa mga tao nilang posibleng tumulong sa inyo.

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kapag hindi kayo nagsabi ng totoo sa amin tungkol sa mga tumulong sa inyo, pati doon sa internal investigation ng mga ahensiya, madadawit kayo.

Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair, just one question.

So, itong isinulat mong tao sa papel, bakit ka niya tinutulungan? Alam niyang tatakas ka? Alam niyang pugante ka?

**MS. A. GUO.** Sen, siguro—hindi ko po talaga siya mai-discuss lang po sa public.

**SEN. VILLANUEVA.** Kung bakit ka niya tinutulungan?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po lang po talaga siya mai-discuss.

**SEN. VILLANUEVA.** Kaya nga.

**MS. A. GUO.** Pero puwede ko po i-discuss po sa inyo.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay, sige. I will wait for that.

But, Guo Hua Ping, sino nagbayad noong mga travel mo? Libre ba ito? Noong sumakay ka doon sa yate, sa big boat, sa small boat, libre lahat ito? O magkano ang ibinayad mo per sakay mo, kung hindi 200 million?

**MS. A. GUO.** Sen, wala po akong binayaran po.

**SEN. VILLANUEVA.** So, lahat libre?

**SEN. ESTRADA.** Sino nagbayad?

**MS. A. GUO.** Wala po akong binayaran po.

**SEN. VILLANUEVA.** Lahat libre?

**MS. A. GUO.** Wala po akong binayaran po.

**SEN. VILLANUEVA.** Kaya nga. Uulitin ko: mula sa yate, walang bayad; sa malaking boat, four days, five days, walang bayad; maliit na boat, wala pa ring bayad. Noong sumakay ka dito sa mga ito, from the yate to the big boat, to the small boat, mayroong nag-aasikaso sa inyo doon—iyong pupunta sa—saan ka uupo, saan ka sasakay, kung sakaling tumaob, mayroong life vest, *et cetera*. Ilan Itong mga tao na ito? Sa Yate muna.

**MS. A. GUO.** Iyong babae po ang kasama namin all the way po.

**SEN. VILLANUEVA.** Hanggang makarating ka doon sa dulo?

**MS. A. GUO.** Hanggang makarating po sa dulo.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay. So, siya iyong lahat nang nagpa-facilitate, itong Asyano na babae na ito, ano?

**MS. A. GUO.** Babae po na Asian.

**SEN. VILLANUEVA.** Oo. Doon ho, pagsakay ninyo, sinasabi sa inyo, "Saan tayo unang pupunta?" "Itong yate na ito, pupunta tayo sa—" para doon sa malaking boat. Ano ang sabi sa iyo?

**MS. A. GUO.** Wala na pong mga ganoong discussion po.

**SEN. VILLANUEVA.** Noong sumakay ka doon sa malaking boat at apat na araw ka na doon sa maliit na kuwarto, ano ang sabi sa iyo, saan kayo pupunta?

**MS. A. GUO.** Bago po kami ipinasok po doon sa maliit na room po, sinabi po sa amin between 4 to 5 days po makakarating po.

**SEN. VILLANUEVA.** At saan kayo pupunta?

**MS. A. GUO.** Mayroon po siyang na-mention po eh pero hindi ko po matandaan, pero not our country na po.

**SEN. VILLANUEVA.** Guo Hua Ping, hindi naman pupuwede na hindi mo alam kung saan kayo pupunta. Ikaw na nagsabi gusto mo na

ngang bumalik. Hindi pupuwede iyon na hindi mo alam saan kayo pupunta.

**MS. A. GUO.** Sen, pasensiya na po talaga. Pinipilit ko na rin po iyong sarili ko na ilabas po lahat, sabihin po sa inyo. Sana rin po na—humihingi din po ako ng kaunting unawa din po sa inyo na paniwalaan ninyo rin po ako.

**SEN. VILLANUEVA.** Wala pong kaso na isinampa sa iyo dito sa pagtakas mo mula dito sa Pilipinas papuntang ibang bansa. Kaya siguro, maintindihan mo rin kami. Pagkatapos mo kaming takasan, siguro maiintindihan mo rin kami na mag-apela kami sa iyo, na hingin ang katotohanan, alam mo kung saan kayo pupunta. Alam mo kung saan ka—ano iyong talagang destination mo para i-meet itong mga taong imineet (meet) mo. At mamaya tatanungin ko iyon.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** At saka, Ms. Alice, sinabi ni Ms. Shiela noon, ikaw ang nagsasabi kapag aalis kayo at saan kayo pupunta.

So, alangan namang pareho kayong hindi ninyo alam kung saan kayo pupunta at okay lang sa iyo.

Majority Leader and then SP *Pro Temp*.

**SEN. TOLENTINO.** One quick question kay Ms. Alice.

May tumulong ba sa iyo na mga taga-Immigration? Alam mo iyong mga taga-Immigration?

**MS. A. GUO.** Immigration, wala po. Government officials, wala rin po. Filipino, wala po. Wala pong tumulong.

**SEN. TOLENTINO.** Matanong ko lang, Madam Chair, si Commissioner Tansingco.

Commissioner. Commissioner, kumakalat na po iyong balita galing kay Secretary Remulla, your boss, na pinalitan na raw kayo. Is this correct?

**MR. TANSINGCO.** Good afternoon, Madam Chair. Good afternoon, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Commissioner Tansingco.

**SEN. TOLENTINO.** Tama ba iyon, Commissioner na you were relieved of your boss?

**MR. TANSINGCO.** Na-receive ko na po through the post sa media, but I have not yet been officially informed, Your Honor.

**SEN. TOLENTINO.** You are not yet informed that you are being relieved or being transferred to another post? So, wala?

**MR. TANSINGCO.** Not yet, Your Honor.

**SEN. TOLENTINO.** Pero aware kayo na there is a certain move to replace you as the head of the Bureau of Immigration?

**MR. TANSINGCO.** Through the media, Your Honor.

**SEN. TOLENTINO.** Iyon lamang po, just to make that of record, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Majo.

But I hope, Commissioner, mag-stay on pa rin kayo sa aming hearing habang tumatakbo ito … /mpm/peg/agc

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** … habang tumatakbo ito ngayong maghapon. We need all the agencies on board sa aming imbestigasyon.

**MR. TANSINGCO.** Yes, Your Honor.

**SEN. ESTRADA.** Madam Chair, if I may?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Commissioner.

Yes, SP Pro Temp.

**SEN. ESTRADA.** Itong pangalan na isinulat mo, ikaw ba ang humingi ng tulong sa kanya o kusa siyang tumulong sa iyo?

**MS. A. GUO.** Humingi po ako ng tulong po. Actually, hindi tulong po iyong hiningi ko po sa kanya.

**SEN. ESTRADA.** Ano iyong hiningi mo?

**MS. A. GUO.** Actually, to be exact, medyo pinagsalitaan ko po siya ng hindi maganda.

**SEN. ESTRADA.** Ano iyon? Ano iyong hindi magandang pinagsalitaan mo sa kanya?

**MS. A. GUO.** Sen, kung okay lang po. Hindi ko po talaga siya puwedeng i-disclose po sa public.

**SEN. ESTRADA.** Bakit mo siya pinagsalitaan ng hindi maganda tapos siya ang tumulong sa iyo, nag-facilitate ng pagtakas mo dito sa Pilipinas?

**MS. A. GUO.** Opo, Sen. Hindi ko lang talaga siya puwedeng i-discuss in public.

**SEN. ESTRADA.** Hindi nga, ang tanong ko sa iyo, pinagsalitaan mo siya ng masama, pero siya ang nag-facilitate noong pagtakas mo rito sa Pilipinas. Kung pinagsalitaan mo siya ng masama—siyempre, ako, pag pinagsalitaan mo ako ng masama, hindi na kita tutulungan, hindi ba?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** SP *Pro Temp*, bago sumagot sana si Ms. Alice, the Chair would like to recognize iyong presensya ni Sen Migz. Salamat sa iyong pagdalo. Salamat, kaayo. At si Sen Bong Go, salamat.

Pakisagot na iyong tanong ni SP *Pro Temp*. Kinailangan pa niyang itanong ng dalawang beses.

**MS. A. GUO.** Oo nga po eh. Pero katulad po noong na-mention ko po kanina, hindi ko po talaga siya puwedeng i-disclose lang po sa public.

**SEN. REVILLA.** Madam Chair, isa lang.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Bago si Sen Bong Revilla, the Chair would like to appreciate the presence of Sen Grace. Salamat po.

**SEN. REVILLA.** Isa lang—

**SEN. ESTRADA.** Sandali lang.

Alice …

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, okay. SP *Pro Temp* muna and then Sen Bong.

**SEN. ESTRADA.** … bakit hindi mo puwedeng i-divulge sa publiko? Ano bang—May sikreto ba kayo? This is just a simple question. Noong pinagsalitaan mo ng masama—absurd. Para sa akin, it is weird. Tapos siya pa ang tumulong sa iyo na makatakas sa Pilipinas.

**MS. A. GUO.** Sen, it's really about security na po talaga.

**SEN. ESTRADA.** Hindi ba, you feel safe? You're under the custody of the Philippine National Police.

**MS. A. GUO.** Yes po.

**SEN. ESTRADA.** You're under the custody of NBI.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Now, you're under the custody of the Senate.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** And we will protect you.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Why don't you want to divulge everything here that you know?

**MS. A. GUO.** Sen, nandito po ako, safe na safe po ako. Alam ko po iyon.

**SEN. ESTRADA.** Yes.

**MS. A. GUO.** Pero pagkatapos po ng session, paano po ako? Iyon lang—doon po ako nagwo-worry. Kaya ayaw ko pong mag-disclose po sa public.

**SEN. ESTRADA.** Nandiyan ang pulis, nandiyan ang NBI. We will protect you just as long as you tell the truth.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** At saka Ms. Alice, iyong pangalan na sinulat mo sa papel, actually, lumabas na iyong pangalan niya sa hearing. Tinanong ko na kayo tungkol sa taong iyan. Nasaan ba siya ngayon?

**MS. A. GUO.** As of today, hindi ko po alam nasaan po siya, Sen.

**SEN. ESTRADA.** Nasa Taiwan, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay, SP *Pro Temp.*

**SEN. ESTRADA.** Itong taong binanggit mo…

**SEN. REVILLA.** Okay. Isa lang, isa lang, in line with ano—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, oo.

**SEN. ESTRADA.** Sandali. Itong taong isinulat mo, holder ng limang passport ito. Are you aware of it?

**MS. A. GUO.** Sen, hindi po ako aware na holder po siya ng five.

**SEN. ESTRADA.** He is a holder ng passport ng Kitts, Nevis, China, Cyprus, Dominica, at saka Cambodia. He's a holder of five passports. And based from the information I received, he is now in Taiwan.

Now, please, ako nakikiusap ako sa iyo. Kami sa Komiteng ito nakikiusap sa iyo na magsabi ka lang ng buong katotohanan. We are here to ferret out the truth, the whole truth and nothing but the truth.

Iyong tanong ko lang sa iyo napakasimple. Sino ang humingi ng tulong? Ikaw ba ang humingi ng tulong dito sa taong iyong pangalan sinulat mo? Sige na.

**MS. A. GUO.** Sen, hindi po tulong po iyong hiningi ko po sa kanya talaga.

**SEN. ESTRADA.** So, ano?

**MS. A. GUO.** Pinagsalitaan ko po talaga siya ng hindi maganda.

**SEN. ESTRADA.** Yes, ano nga?

**MS. A. GUO.** Doon po nag-start.

**SEN. ESTRADA.** Why did he or she facilitate your escape from the country kung pinagsalitaan mo siya ng masama? Iyon lang naman. Bakit siya ang nag-facilitate?

**MS. A. GUO.** Siguro po dahil isa na rin na, sa tingin ko lang po, baka nagi-guilty na rin po siya.

**SEN. ESTRADA.** Nagi-guilty saan?

**MS. A. GUO.** Opo, sa nangyayari po ngayon sa akin. Sa tingin ko lang po.

**SEN. ESTRADA.** Dahil—bakit siya nagi-guilty? Bakit siya nagi-guilty?

**MS. A. GUO.** Sen, kung okay lang po na hindi ko po siya i-disclose po sa public.

**SEN. ESTRADA.** No, no, no. It's not okay. It is not okay with me. Ikuwento mo na, tutal nandito na tayong lahat.

**MS. A. GUO.** Pasensiya na po, Sen. I refuse to answer po for my own safety po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** SP *Pro Temp*, gustong mag-interject ni Sen Bong.

**SEN. ESTRADA.** Iyong safety mo, sagot na namin. Sagot na ng PNP.

**SEN. REVILLA.** Isa lang tanong. Isa lang. Isa lang.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** With the indulgence of SP *Pro Temp*, Sen Bong.

**SEN. REVILLA.** Jing, isa lang, isa lang.

Tumakas ka ba o itinakas ka?

**MS. A. GUO.** Anong difference?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ikaw ba iyong tumakas, Ms. Alice, o iyong taong ito sa papel, itinakas ka niya?

**SEN. REVILLA.** Ikaw ba ang tumakas o itinakas ka?

**SEN. ESTRADA.** I don't think you need the advice of a lawyer to answer that question.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Oo nga, factual question lang.

**SEN. REVILLA.** Bakit kailangan pa, napakasimple lang ng tanong.

**MS. A. GUO.** Sen, siya po nag-initiate po, pero along the way po—

**SEN. REVILLA.** So, itinakas ka niya.

**MS. A. GUO.** Along the way po, hindi po kami magkasama.

**SEN. REVILLA.** Oo nga, oo nga. So itinakas ka. Hindi ka tumakas. Magkaiba kasi iyon.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ah, so noong pag-alis ninyo sa yate—Sorry, Sen Bong, quick ano lang.

**SEN. REVILLA.** Yes, yes.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, noong pag-alis ninyo sa yate sa Manila, kasama iyong taong nakasulat sa papel?

**MS. A. GUO.** Hindi po, hindi po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hindi rin.

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** With the indulgence of SP Pro Temp.

**SEN. VILLANUEVA.** Ibig sabihin, Madam Chair, itinakas po siya.

I just wanted to clarify. Hindi ka tumakas. Itinakas ka nitong tao na ito?

**MS. A. GUO.** Hindi—ang nangyari po diyan—

**SEN. VILLANUEVA.** Desisyon mo ba na umalis o ang taong ito ang nagdesisyong umalis ka?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kasi ang sabi mo gusto mo na sanang umatras.

**SEN. VILLANUEVA.** Yes or no lang. Desisyon mo bang umalis o itong tao na ito ang nagdesisyon para sa iyo na umalis kaya niya finacilitate (facilitate) ito?

**MS. A. GUO.** Noong una po, siya po ang nagdesisyon para sa akin.

**SEN. VILLANUEVA.** So, noong una?

**MS. A. GUO.** Noong una po.

**SEN. VILLANUEVA.** Tapos noong pangalawa, ikaw na rin?

**MS. A. GUO.** Noong pangalawa po, dahil mayroon po ako ulit na mga naririnig, nababalitaan po, natatakot na po ako din talaga.

**SEN. VILLANUEVA.** So ikaw sinabi mo sa kanya, nagsalita ka ng masama sa kanya. Hindi ka natakot sa kanya noon dahil nagsalita ka ng masama sa kanya. At parang sinasabi mo, noong una siya ang nag-initiate na ikaw ay tumakas.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Hindi ba ito ang mastermind mo, itong mastermind ng lahat na ito? Amo mo ito, itong tao na ito?

**MS. A. GUO.** Sen, wala po akong amo.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay. So, ikaw ang…

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ikaw ang big boss ng lahat ng POGO sa Bamban?

**SEN. VILLANUEVA.** …big boss. Tama.

**MS. A. GUO.** Hindi rin po ako big boss ng Bamban.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ano ka? Kung hindi ikaw ang boss, kung hindi siya ang big boss, anong papel mo, Ms. Alice, sa POGO sa Bamban? You are under oath ha, at ang dami nang lumabas sa pagdinig na ito.

**MS. A. GUO.** Madam Chairman, doon sa POGO sa Bamban, ang participation ko lang po doon ay iyong lupa na dati po sa akin.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** No, no, no. We've gone way beyond that na.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** Just to put into the records, itong tao na ito, sabi niya noong una, siya nag-initiate na itakas siya.

Pangalawa, Madam Chair, nagalit siya at sabi niya na itong lahat ng nangyayaring ito, parte siya kung bakit nangyayari ito. Inamin niya na iyon, Madam Chair.

So, ibig sabihin, Madam Chair, itong tao na ito, malaki ang—hindi man niya amo ito, malaki ang participation nito sa mga illegal activities niya, Madam Chair. Just to put that on record.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, salamat, Sen. Joel.

**SEN. ESTRADA.** Madam Chair, only one question.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, SP Pro Temp.

**SEN. ESTRADA.** Madam Alice, ito bang pangalan na isinulat mo sa papel, ito ba nagtangka sa buhay mo ito? Ito ba iyong nagtatangka sa buhay mo?

**MS. A. GUO.** Noong huli po—hindi po siya exactly, pero mayroon din po akong nabalitaan.

**SEN. ESTRADA.** Na siya? Itong sinulat mo?

**MS. A. GUO.** Noong huli na po.

**SEN. ESTRADA.** Kaya nga. So, anong motive? Kung itong taong ito na isinulat mo sa papel ay nagtatangka sa buhay mo, bakit siya?

**MS. A. GUO.** Sa umpisa, hindi naman po ganoon.

**SEN. ESTRADA.** Oh.

**MS. A. GUO.** Sa umpisa, okay naman po lahat.

**SEN. ESTRADA.** Ngayon, noong bandang huli?

**MS. A. GUO.** Noong bandang huli lang po. Noong bandang huli, marami na rin po akong narinig na—

**SEN. ESTRADA.** Ano iyong mga narinig mo?

**MS. A. GUO.** Sen, I refuse to answer po for my safety po, please.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Actually, dahil nasabi mo na sa amin na hindi na kayo good nitong taong ito and, in fact, sagot mo kay SP *Pro Temp*, isa siya na nagbabanta o parang nagbabanta sa iyo, all the more, dapat sabihin mo iyong lahat ng totoong alam mo, ginawa mo, ginawa niya, para iyong proteksiyon na ibinibigay na ng PNP, maaring ibigay ng NBI, ibinibigay ng Senado ay iyan ang proteksiyon mo laban kahit sa taong iyan.

**SEN. ESTRADA.** Maybe Madam Chair, you can continue with your questioning.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, salamat SP *Pro Temp.*

So, by the way, Ms. Alice, kinukumpirma mo ba na noong August 14, August 14 ha, wala ka na sa Pilipinas kung kailan ninotaryohan iyong iyong isinumiteng salaysay?

**MS. A. GUO.** Ma'am, mayroon na po akong kaso po sa Ombudsman.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** I'm just asking po kung nandito—kung wala ka na ba sa Pilipinas noong August 14? Oo, hindi iyan incriminating sa kaso mo sa Ombudsman. Tinatanong ko lang, wala ka na ba sa Pilipinas noong August 14?

**MS. A. GUO.** Sen, under investigation na po iyong issue … /jbc/alicc/agc

**MS. A. GUO.** … under investigation na po iyong issue po about po doon.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** No, no, no. I am just asking, nandito ka ba sa Pilipinas noong August 14?

**MS. A. GUO.** Sen, hindi ko po siya isasagot kasi mayroon na pong kaso po sa akin about it po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kailan kayo umalis sa yate? Anong petsa?

**MS. A. GUO.** Ah—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Iyan iyong mahirap pag hindi ninyo na lang sinasagot diretso iyong mga diretsong tanong eh. Kailangan ninyong rebyuhin (review) ano ba iyong naunang naging sagot ninyo para swak pa rin.

Anong petsa noong pag-alis ninyo sa yate?

**MS. A. GUO.** To be exact, hindi ko po alam anong date po talaga, pero July po iyon.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Anong buwan? July?

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Oo. So, before August 14, umalis kayo sa yate. Tama? Tama. July comes before August.

**MS. A. GUO.** Opo. July po kami sumakay sa yate po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Right. Okay.

Sabi ninyo sa isang media interview, kilala mo si Atty. Galicia. Paano mo siya nakilala?

**MS. A. GUO.** Hindi po ako nagpa-interview po, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Basta. Sinabi mo sa isang media interview—marami ka ng interviews, alam ko po iyon. Paano mo nakilala si Atty. Galicia?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, wala po akong sinabihan po na ganoon sa interview po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kilala mo ba si Atty. Galicia?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, I invoke my right po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** I am just asking. Parang tinanong mo ako, "Risa, kilala mo ba si—" "Sen Sherwin, kilala mo ba si Sen Doroy?"

Tinatanong lang kita, Ms. Alice, kilala mo ba si Atty. Galicia?

**MS. A. GUO.** Sen, kausapin ko lang po saglit iyong counsel po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** My God.

Si Atty. Galicia ay naging resource person na rin po namin dito sa hearing na ito. So, siguro naman out of the two answers na puwede ninyong ibigay sa Chair, totoo ang sasabihin ninyo.

Yes, Ms. Alice, kilala ninyo ba si Atty. Galicia?

**MS. A. GUO.** Sen, I invoke my right against self-incrimination po. May sinampahan na po sa akin na kaso po doon.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Wala pong kaso tungkol sa pagkakilala mo kay Atty. Galicia. Wala.

**MS. A. GUO.** May issue na po about po doon kay Atty. Galicia po, iyong sa Ombudsman po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** May issue. I am only asking you kung kilala ninyo si Atty. Galicia. Sabihin ninyo lang—"kilala ko siya, o hindi ko siya kilala."

**SEN. ESTRADA.** I don't think that is an incriminating question, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes.

**SEN. ESTRADA.** Maybe we can even ask the lawyer if that question is incriminating.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Anong case? Ayun. Tinatanong ng mga colleagues ko, ano iyong case na sinasabi mong incriminatory ang tanong na ito kung kilala mo si Atty. Galicia?

**MS. A. GUO.** Ombudsman po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Anong kaso sa Ombudsman?

**MS. A. GUO.** Ay, hindi pa pala sa Ombudsman, sa DOJ po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Iyong kaso sa DOJ, on human trafficking?

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kahit sa mga tanong namin, walang kinalaman ang pagkakilala mo o hindi kay Atty. Galicia sa mga charges ng human trafficking.

Puwede ko bang tanungin si Director Santiago? Sa pagkaalam po ng NBI, kilala po ba ni Ms. Alice si Atty. Galicia?

**MR. SANTIAGO.** Mayroon pong interview na tinanong siya at sumagot siya na kakilala niya.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. Salamat, Director Santiago.

So, hindi lang po ako ang nagsasabi—from our NBI resource person, no less the director, mayroon kayong interview, sinabi ninyo kilala ninyo si Atty. Galicia.

**MS. A. GUO.** Madam Chair, wala po akong interview po about it po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay.

Atty. Galicia, any comment? Doon sa interview na nasubaybayan ng NBI, sinabi doon ni Ms. Alice na kilala ka niya. Any comment po ba doon?

**MR. GALICIA.** Madam.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Iyong mike ninyo ho, Attorney.

**MR. GALICIA.** Ito po. Madam, allow me, Your Honor, to claim the confidentiality of the executive session.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ang executive session po, gaya ng sinabi na kanina, ay may kinalaman sa national security and public safety. Iyong usapin na kung kilala kayo o hindi ni Mayor Alice, wala pong kinalaman doon, sa pagkaalam ko.

Attorney, I really hate to do this to you, pero it is clear, at least to our Committee, na you notarized the affidavit of an affiant who was not within the jurisdiction of the Philippines. At kung hindi mo sasabihin ang

buong katotohanan and explain yourself, I am sorry pero nagmumukhang you will be left holding the bag. You will be left holding the bag, Atty. Galicia.

At iyong executive session po na sina-cite ninyo, Atty. Galicia, para ipaalala lang sa inyo, ay sa pagitan noong binanggit mo in open hearing na Ka Allan(?) at iyong Senado. At sabi po, sabi mo, isang alias "Allan" ang nagbigay sa iyo ng affidavit ni Ms. Alice. Alam mo ba ang dahilan kung bakit niya fina-cilitate (facilitate) ang affidavit ng isang tao na klarong wala naman dito noon? Who was he doing it for, Attorney?

**MR. GALICIA.** Senator, hindi ko po alam iyon.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Alin po ang hindi mo alam? Iyong dahilan o who was he doing it for?

**MR. GALICIA.** Oo, iyon po, iyon pong dahilan na sinasabi po nila.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hindi mo alam iyong dahilan noong pag-facilitate niya. So, who was he facilitating for? Who was he doing it for?

**MR. GALICIA.** Wala po akong idea noon, Senator.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Wala rin kayong idea who he was doing it for. Okay.

Susunod kong tanong, balik po ako kay Ms. Alice.

Ms. Alice, gaya ng siguro alam ninyo na, si Ms. Shiela Guo, previously in-identify ninyo bilang kapatid ninyo, nag-testify na po siya dito sa Senado. Tinanong ko sa kanya noong hearing kung kilala niya si Mayor Liseldo Calugay. At ang sabi niya, si Mayor Calugay ay kaibigan mo daw. Puwede mo bang i-describe kung ano iyong ugnayan mo, ano iyong relasyon mo kay Mayor Calugay?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, kakilala, kaibigan po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kakilala at kaibigan.

Alam ba ni Mayor Calugay na simula't sapul na umalis ka ng Pilipinas noong first or second week of July? Inulit mo rin lang, kanina lang, July ka umalis. Alam ba niya iyon? At isa ba siya na sinabihan mo na paalis ka sa Pilipinas?

**MS. A. GUO.** Madam Chair, hindi po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Alin ang hindi?

**MS. A. GUO.** Wala siyang alam; wala rin po ako pinagsabihan.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So hindi niya alam na umalis ka at hindi mo rin siya sinabihan? Akala ko ba kaibigan mo siya, bakit hindi mo man lang siya sinabihan? At paanong hindi niya alam?

**MS. A. GUO.** Wala po akong pinagsabihan kahit sino po for my own safety na rin po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Wala kayong sinabihan.

To your knowledge, Ms. Alice, tumulong ba si Mayor Calugay sa pag-facilitate doon sa notarization noong affidavit ninyo kahit absent kayo noong panahong iyon?

**MS. A. GUO.** Wala po akong alam na itinulong po sa akin ni Mayor Calugay po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Partikular doon sa pagpapanotaryo noong affidavit kahit wala ka, tumulong ba si Mayor Calugay doon sa facilitation na iyon? You are under oath, Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Opo, I am under oath.

About po doon sa question ninyo po, I invoke my right po.

At tungkol naman po doon kay Mayor Calugay po, wala po siyang itinulong po sa akin.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ano iyong ini-invoke-an ninyo ng right? Alin?

**MS. A. GUO.** About po doon sa notary po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ini-invoke ninyo iyong right against self-incrimination doon sa tanong na kung nag-facilitate si Mayor Calugay sa notarization?

**MS. A. GUO.** Hindi po. I invoke my right against self-incrimination po about po doon sa notary po dahil may kaso na po pinayl (file) po sa DOJ. Pero iyong about naman po kung may alam po si Mayor Dong, wala po siyang—matagal ko na pong hindi siya nakakausap actually.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Matagal. Kailan kayo huling nag-usap?

**MS. A. GUO.** Matagal na po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ah, gaanong katagal?

SP Pro-Temp?

**SEN. ESTRADA.** Yes. Madam Chair, kung naalala ninyo noong huling hearing, Madam Alice, hindi ba itinanong ko sa iyo, mayroon ka bang karelasyon na politiko, congressman?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Hindi ba tinanong ko sa iyo?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** May karelasyon ka ba?

**MS. A. GUO.** Wala po.

**SEN. ESTRADA.** Senador?

**MS. A. GUO.** Wala po.

[laughter]

**SEN. ESTRADA.** Mayor?

**MS. A. GUO.** Wala po.

**SEN. ESTRADA.** Sigurado ka?

**MS. A. GUO.** Sigurado po.

**SEN. ESTRADA.** Hindi ba ang tanong ko sa iyo, mayroon ka bang karelasyon na mayor sa Norte? … */rpc/jmb/agc*

**SEN. ESTRADA.** ... mayor sa Norte?

**MS. A. GUO.** Wala po.

**SEN. ESTRADA.** Ha?

**MS. A. GUO.** Wala po.

**SEN. ESTRADA.** Specifically—actually, hindi ko naman binanggit iyong pangalan noong bayan at ang pangalan ng mayor noong last hearing mo rito. Pero ngayon, it is an open secret already na ang mayor ng Sual na si Mayor Dong Calugay—Sual, hindi San Juan—ang karelasyon mo. At itong—

**MS. A. GUO.** Hindi po iyon totoo, Sen.

**SEN. ESTRADA.** Hindi, hindi. Sandali lang, patapusin mo muna ako. At itong mayor na ito ay kasosyo mo, nagpapatakbo ng POGO mo sa Bamban.

**MS. A. GUO.** Clarify ko lang po, Sen, wala po akong POGO at hindi rin po ako nagra-run po ng POGO.

**SEN. ESTRADA.** Well, whatever.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Kailan kayo nagkakilala ni Mayor Calugay?

**MS. A. GUO.** Hindi ko na po rin po maalala.

**SEN. ESTRADA.** Talaga?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Kailan kayo nagkarelasyon?

**MS. A. GUO.** Wala po kaming relasyon.

**SEN. ESTRADA.** Oh? Talaga, ha? How do you describe your relationship with Mayor Calugay?

**MS. A. GUO.** Kaibigan po.

**SEN. ESTRADA.** Higit sa pagkakaibigan?

**MS. A. GUO.** Kaibigan po.

**SEN. ESTRADA.** Ibigan?

**MS. A. GUO.** Kaibigan, friend po.

**SEN. ESTRADA.** Okay. Tinulungan ka ba ni mayor o iyong mga tao ni mayor upang magtago o para hindi agad mahanap ng mga otoridad?

**MS. A. GUO.** Wala po, hindi po.

**SEN. ESTRADA.** Ah, ganoon? Ito, mayroon akong picture na ipapakita sa iyo. Ito si Mayor Calugay, correct? At ikaw ito, hindi ba?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po masyadong makita po.

**SEN. ESTRADA.** Hindi, ibibigay ko sa iyo mamaya.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Kailan ang birthday ni mayor?

**MS. A. GUO.** Birthday po ni mayor?

**SEN. ESTRADA.** Calugay, boyfriend mo.

**MS. A. GUO.** Sen, hindi ko po siya boyfriend.

**SEN. ESTRADA.** Kailan ang birthday niya?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po alam kailan ang birthday niya.

**SEN. ESTRADA.** Itong si Mayor Calugay, nakasuot ng t-shirt mo, “Alice Guo.”

**MS. A. GUO.** Marami po iyong t-shirt na iyan, more than 20,000 po iyan.

**SEN. ESTRADA.** Ah, binigyan mo siya?

**MS. A. GUO.** Baka mayroon po siya.

**SEN. ESTRADA.** Binigyan mo siya nang personal?

**MS. A. GUO.** More than 20,000 pieces po iyong t-shirt.

**SEN. ESTRADA.** Mukhang iyong—magkakatabi kayo, mukhang mainit ang pagtitinginan ninyong dalawa.

**MS. A. GUO.** Iyan po yata doon sa kasalang-bayan po iyon. In-invite lang po ako.

**SEN. ESTRADA.** Bakit ka in-invite, mayroon ka ng Tarlac, siya mayroong Pangasinan?

**MS. A. GUO.** Kasalang-bayan po. Parang ano po iyon, invitation to—

**SEN. ESTRADA.** Kasalang-bayan ng Sual o kasalang-bayan ng Bamban?

**MS. A. GUO.** Kasalang-bayan po ng Sual iyan.

**SEN. ESTRADA.** Bakit ka naimbita?

**MS. A. GUO.** Magkaibigan po kami. In-invite lang po ako.

**SEN. ESTRADA.** Maraming mga mayors na inimbita o ikaw lang?

**MS. A. GUO.** May mga ibang politicians po. Hindi ko naman po kakilala.

**SEN. ESTRADA.** Pero ikaw ang katabi?

**MS. A. GUO.** Siguro diyan po sa upuan, magkatabi po kami.

**SEN. ESTRADA.** Lagi naman yata kayong magkatabi, ano?

**MS. A. GUO.** Hindi naman po.

**SEN. ESTRADA.** O, hindi ba, mayroon siyang mga ginawa o ipinagawang mga bulaklak para sa iyo?

**MS. A. GUO.** Hindi naman po. Hindi ko po makita.

**SEN. ESTRADA.** Ayan, oh, ito. Ang laki ng bulaklak para sa iyo, ang dami. Sana all. Tapos tinanggap mo, tama? Ibibigay ko sa iyo.

**MS. A. GUO.** Sige po.

**SEN. ESTRADA.** Isauli mo rin sa akin para souvenir ko ito, ha.

Ngayon, inaamin mo ba na wala kang karelasyon? Hindi mo siya—

**MS. A. GUO.** Hindi po tama iyong term na "amin" po dahil wala naman po talaga kaming relasyon po.

**SEN. ESTRADA.** O, sige. Gaano ka kalapit kay Mayor Calugay?

**MS. A. GUO.** Kaibigan ko po.

**SEN. ESTRADA.** Kaya nga. Ako, kaibigan ko si Senator Risa, kaibigan ko si Senator Koko. Gaano ka kalapit? Iyon ang tinatanong ko. Based on the picture at hand—

**MS. A. GUO.** [off-mike] Opo—

**SEN. ESTRADA.** Hindi, gaano ka kalapit?

**MS. A. GUO.** Kakilala po, kaibigan po.

**SEN. ESTRADA.** Marami naman tayong magkakaibigan dito. Ikaw, puwede rin kitang maging kaibigan. Gaano ka kalapit kay Mayor Calugay?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po alam papaano iyong ano ninyo pong—papaano po kayo mag-gauge po na kung gaano kalapit—

**SEN. ESTRADA.** Hindi, nagsasabihan ba kayo ng sekreto, parang ganoon?

**MS. A. GUO.** Hindi naman po.

**SEN. ESTRADA.** How far is your relationship?

**MS. A. GUO.** Magkaibigan po kami.

**SEN. ESTRADA.** Magkaibigan lang?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** So, iyong parang normal na kaibigan?

**MS. A. GUO.** Opo, magkaibigan po.

**SEN. ESTRADA.** O, sige. Mamaya, babalikan kita dahil hindi pa tapos si Madam Chair.

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, SP P*ro Temp.* Okay na?

**SEN. ESTRADA.** Yes, after you.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat po.

Tatanungin ko naman muna ngayon si Ms. Cherry Ordonia Medina, and then may dalawang huling tanong ako kay Ms. Alice sa puntong ito bago buksan ko na muna iyong floor sa mga kasama kong senador.

But gusto ko lang i-make of record. Nililinaw ko po para sa kabatiran ng lahat na habang si Ms. Alice ay in-contempt sa Senado, mananatili siya sa PNP custody. Kung mag-post bail siya, dadalhin na siya dito sa Senate. At iyon iyong bahagi noong iko-coordinate namin sa korte na may kinalaman sa detention niya sa ngayon.

**SEN. TOLENTINO.** Madam Chair, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, before I proceed to my questions with Ms. Cherry, Majority Leader.

**SEN. TOLENTINO.** But that does not affect my proposed motion which I mentioned earlier regarding the custody of Ms. Alice Guo na

iyong ipo-propose ko mamaya that the Senate should retain custody of Ms. Alice Guo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** It does not affect that you will be able to—

**SEN. TOLENTINO.** I will still propose that.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, propose that, Majo.

**SEN. TOLENTINO.** And I will leave it to the Committee to make the appropriate ruling.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Majo.

**SEN. TOLENTINO.** And I will lay the grounds, Madam Chair. Perhaps, baka ma-convince ko iyong ibang members ng Committee na tama iyong sasabihin ko na ang may kustodiyang legal kay Ms. Alice Guo ngayon ay ang Senate as a whole, as an institution.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** I am sure you will lay the grounds, Majo. Salamat po. And we will take it up at the proper time.

So, ngayon po, mga tanong kay Ms. Cherry. Ma'am?

**VOICE.** [off-mike] Cheryl, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sorry, Ms. Cheryl. Okay, Cheryl Ordonia Medina.

So, Ms. Cheryl, iko-confirm ko lang po. Kayo po ay staff ni Mayor Dong Calugay?

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. Ilang taon na po kayong nagtatrabaho sa kanila?

**MS. MEDINA.** Four years po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Four years. So, mula po noong 2020?

**MS. MEDINA.** 2019 to 2020 po. Kasi iyong 2020, nag-stop po ako ng one year kasi nag-business po ako.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. Tapos?

**MS. MEDINA.** And then, bumalik po ako ng 2021.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. Hanggang ngayon?

**MS. MEDINA.** Yes po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, actually, a running total of—

**MS. MEDINA.** Four years.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Bale, actually, six years na: 2019 to 2022, tatlong taon; and then 2021 hanggang ngayon,

tatlo pang taon. So, anim, total, with a break in between noong nagnegosyo kayo?

**MS. MEDINA.** No po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ano po?

**MS. MEDINA.** Bale magpa-five years pa lang po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Magpa-five years?

**MS. MEDINA.** Yes po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. Kilala ninyo po ba si Alice Guo?

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** And kailan ninyo po siya nakilala?

**MS. MEDINA.** Siguro mga early 2022 po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Early 2022. So, mga two years ago?

**MS. MEDINA.** Yes po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay po.

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** May ipapakita po akong ID picture ni Ms. Shiela naman. Kilala ninyo po ba? Ipapakita namin iyong ID.

Yes, opo. Pero ID po, ayan; iyan po iyong ID ni Ms. Shiela. Kilala ninyo po ba si Ms. Shiela, Ms. Cheryl?

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** And this ID was purportedly issued by the municipal government of Sual. Anong klaseng ID po ito?

**MS. MEDINA.** Actually po, noong Friday po, may dumating po na letter from NBI. Parang investigation po yata regarding that ID.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay.

**MS. MEDINA.** Pero nagkataon po, half day lang po because of heavy rains. Kaya hindi po natuloy na ano—siguro po ngayong—like today, nag-start po siguro iyon, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Nag-start ang alin po?

**MS. MEDINA.** Ang investigation po regarding that ID.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. Pero the NBI investigation aside, para sa kaalaman ng Committee, anong klaseng ID po ito?

**MS. MEDINA.** Wala po kasi kaming ganyang ID, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Talaga?

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Wala kayong ID na account insurance membership?

**MS. MEDINA.** Mayroon pong—wala po kaming ID na ganiyan. Wala pong na-issue na ID na ganiyan, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, na-check ninyo na?

**MS. MEDINA.** Hindi—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Teka, ma'am. Sa Sual—

**MS. MEDINA.** Sa tingin ko po—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Teka, ma'am. Sa Sual, mayroon bang account insurance membership? Mayroon bang such a thing na ganiyan?

**MS. MEDINA.** Parang insurance—noon po kasing time na iyan na ano, wala po kasi ako, Your Honor. Iyon iyong time na wala ako, one year po iyon.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ano bang time ito inilabas? Anong taon ito in-issue? Kasi wala akong makita sa photo ng ID, anong taon in-issue. Although, sabi nga ni Sen JV, may 2021 sa control number; 2021 ba in-issue ito, kung ganoon?

**MS. MEDINA.** Siguro po, 2021 po kasi daw—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** 2021. Pero sabi ninyo, 2019 to 2022, na kay Mayor Calugay kayo.

**MS. MEDINA.** Hindi. No—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, nandoon pa kayo sa municipal government?

**MS. MEDINA.** Hindi po, 2021, ah, 2020 ng August to 2021 ng October—October ako nakabalik … /jlf/mms/agc

**MS. MEDINA.** … October ako nakabalik, nang 2021.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ah, okay. So, you are telling us na, probably, na-issue ito earlier than October 2021?

**MS. MEDINA.** Puwede po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, pero sabi ninyo kanina, wala kayong ganitong klaseng ID. Anong ibig ninyong sabihin?

**MS. MEDINA.** Kasi nagtanong po ako—nalaman ko na po ito, nakita ko po ito sa diyaryo, sa balita. Nagtanong po rin ako kung mayroon po kaming ganiyang ID. Pero wala po kaming naisyung (issue) ganiyang ID po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, kung wala kayong naisyung (issue) ganitong ID, ibig sabihin hindi kayo ang nag-issue nitong ID kay Ms. Shiela Guo?

**MS. MEDINA.** Siguro po ganoon, kasi wala po kaming ganiyan eh.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, sinong nag-issue nito sa kaniya?

**MS. MEDINA.** Hindi ko po alam, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** May Philippine flag; may, I suppose, seal ng bayan ng Sual; mayroon pang control number.

At, ma'am, Ms. Cheryl, sa original na ID, mayroon pang pirma ni Mayor Liseldo Calugay. Sa harap din po nitong ID iyong pirma ni Mayor Calugay, na-delete lang sa photo.

Okay, sorry. Ito po ay harapan ng ID, pero sa likod ng ID, sa files natin, may pirma ni Mayor Calugay.

So, kung hindi kayo ang nag-issue nito, sinong nag-issue ng ganitong ID kay Ms. Shiela Guo na may pirma pa ni Mayor Calugay sa likod?

**MS. MEDINA.** Ongoing po iyong investigation din nila ngayon, ngayon po yata iyong start nila.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Mamaya ko na po itatanong sa NBI ito. Pero kayo po, kayo po ay staff ni Mayor Calugay sa ilang mga taon na, wala lamang kayo sa early months nitong taong 2021 kung kailan ito in-issue. Pero sa likod, may pirma ni Mayor, at bumalik kayo sa pagtatrabaho kay Mayor.

**MS. MEDINA.** Yes po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Nandoon pa rin kayo sa kaniya ngayon. Sinong nag-issue nito kung hindi talaga kayo?

**MS. MEDINA.** Wala po talaga akong idea, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** All right. We will get to the bottom of that kasi ito'y isang nagmumukhang official ID ginagamit ni Ms. Shiela Guo, tapos ngayon sinasabi ninyo hindi kayo ang nag-issue.

**MS. MEDINA.** Wala po kasi kaming ganito.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ano iyon, Ms. Cheryl?

**MS. MEDINA.** Wala po kasi kaming ganito talaga, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ayun na nga, lahat kami nagulat doon. Parang, Ha?! Alam namin ID po ito ni Ms. Shiela, tapos sasabihin ninyo wala kayong ganiyang klaseng ID.

Eh iyong ibang mga kapatid ni Alice Guo, kilala ninyo ba? May ipapakita po kaming mga photos. Ayan. Ito iyong photos ninyo na—

Si Wesley Guo, kilala ninyo ba?

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Si Alice Guo, kilala ninyo, sabi ninyo, ano?

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** May trabaho din ba kayo, Ms. Cheryl, kay Alice Guo?

**MS. MEDINA.** Wala po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kay Mayor Calugay lang?

**MS. MEDINA.** Yes po. Sa munisipyo po ako employed, LGU-Sual po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sa munisipyo, LGU kayo. Ano pong sakop ng trabaho ninyo kay Mayor Calugay? Mga bagay pang-LGU lamang ba o kahit mga personal or business matters ay iniuutos din sa inyo ni Mayor?

**MS. MEDINA.** Minsan po, pero talaga sa pagiging empleyado lang po ako.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ano po?

**MS. MEDINA.** Empleyado lang po niya ako.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Iyon na nga po, pero empleyado sa LGU lang ba or empleyado din ba sa personal and business matters?

**MS. MEDINA.** Sa personal po, minsan pagka sa anak niya, ganoon po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. Minsan personal, pati sa anak. Eh sa business matters, minsan din ba may iniuutos sa inyo?

**MS. MEDINA.** Wala naman po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Wala sa business matters. Kilala ninyo po ba iyong mga assistant o mga secretary ni Alice Guo?

**MS. MEDINA.** Sino po sa kanila, Your Honor?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ilan ba ang assistant o secretary niya?

**MS. MEDINA.** Iyong nakikita ko po sa picture, kilala ko po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Anong pangalan niya?

**MS. MEDINA.** Si Cath po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Si Cath. O, ayan, ito ay photo ni Ms. Alice kasama si Cath. Anong apelyido ni Cath?

**MS. MEDINA.** Hindi ko po alam, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Tapos iyong isa pang assistant, anong pangalan?

**MS. MEDINA.** Si Gie(?).

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Anong ang apelyido ni Gie?

**MS. MEDINA.** Hindi ko po alam, Your Honor, iyong mga apelyido nila.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Alam mo iyong telephone numbers nila? Kasi nakuha na namin iyong dalawang pangalan nila at numbers.

**MS. MEDINA.** Si Cath lang po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Si Cath, Okay.

I-provide ninyo, please, sa Komite iyong telephone number ni Cath dahil sa previous hearing ay nalaman na namin iyong first name niya at kino-contact namin sila. I-corroborate ko lang kung iyong nakuha naming numbers earlier, at least iyong kay Ms. Cath, pakibigay ninyo rin sa Komite. All right, Ms. Cheryl?

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**SEN. ESTRADA.** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat po.

Yes, bago ko lang tawagin si SP *Pro Temp,* quickly lang bago ko tawagin si SP Pro Temp at matapos ako kay Ms. Cheryl.

Ms. Alice, ano pong full names nina Cath at Gie?

Mike ninyo, please.

**MS. A. GUO.** Si Gie po, alam ko po si Gie Pepito.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Gie Pepito; at si Cath.

**MS. A. GUO.** Si Cath, Cath Salazar.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Cath Salazar. All right.

Mayroon din kayo sigurong telephone numbers nila, Ms. Alice?

**MS. A. GUO.** Madam Chairman, wala na po akong cellphone.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Wala na kayong cellphone.

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Pero nasa cellphone ninyo na, probably, nasa PNP, iyong telephone numbers nila?

**MS. A. GUO.** Wala na rin po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Nasaan iyong cellphone ninyo?

**MS. A. GUO.** Iyong cellphone ko po, wala na po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Nasaan na nga po?

**MS. A. GUO.** Wala na po. A few months ago pa po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Paanong nawala sa inyo iyong cellphone ninyo a few months ago?

**MS. A. GUO.** Ano po, kinuha po noong lady po na kasama po namin.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ah, okay. How convenient. Pero sige.

So, lastly, kay Ms. Cheryl. Kailan mo naman nalaman na wala na sa Pilipinas si Ms. Alice?

**MS. MEDINA.** Noong lumabas po iyong balita po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kailan po iyon? Kailan ninyo po nabalitaan sa balita?

**MS. MEDINA.** Iyong naglabasan na po sa mga diyaryo po, na wala na po siya dito.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Mga anong buwan po iyon na nabalitaan ninyo sa mga diyaryo?

**MS. MEDINA.** Ito na lang pong August iyon po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** August, okay.

And then, lastly, kay Ms. Cheryl, sa ngayon. Nautusan ba kayo na iproseso iyong pagpapa-notaryo sa affidavit ni Ms. Alice noong August 14 na submission? Kayo ba ay nautusan para doon?

You are under oath, Ms. Cheryl.

**MS. MEDINA.** Yes po.

Sino pong nag-utos, Your Honor?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** No, no, no. Kami pong magtatanong sa inyo. Inutusan po ba kayo na iproseso iyong pagpapa-notaryo sa affidavit ni Ms. Alice para sa August 14 na submission niya?

**MS. MEDINA.** Wala pong nag-utos sa akin, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** You are under oath, Ms. Cheryl.

**MS. MEDINA.** Wala po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Pero ginawa mo ba?

**MS. MEDINA.** Yes po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ipina-notaryo ninyo ba?

**MS. MEDINA.** Hindi po. Hindi po ako ang nagpa-notaryo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** You just said "yes" po.

**MS. MEDINA.** Hindi. Hindi po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ano iyong ni-yes-an ninyo kanina?

**MS. MEDINA.** Hindi po ako nagpa-notaryo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hindi kayo nagpa-notaryo ng affidavit?

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Lastly, you are under oath, Ms. Cheryl.

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** All right.

Sa ngayon, balikan ko na lang si Ms. Alice. Dalawa na lang tanong sa iyo sa ngayon mula sa akin, Ms. Alice, bago ko buksan sa mga kasama kong senador.

Alice, actually, ang dami kong naiwang mga tanong sa iyo dati, dahil hindi ka na sumipot sa mga nakaraang pagtawag namin sa iyo. I would like to ask you about some others of your associates. Si Yu Zheng Can, incorporator ng Hongsheng Gaming, kilala mo ba siya, itong si Yu Zheng Can?

Mike, please.

**MS. A. GUO.** Your Honor, iyong incorporator po ng Hongsheng na Yu Zheng Can, na-meet ko po siya before.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. Na-meet mo siya.

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** And I am sure, alam mo na iyong Hongsheng, ang POGO sa Bamban, na pinalitan ng Zun Yuan matapos itong ma-raid ng PAOCC. Ito iyong company na pinacilitate (facilitate) mo para makakuha ng LONO, iyong letter of no objection.

Kilala mo din ba si Hong Jiang Yang na kapatid ni Michael Yang?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po siya kilala.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kasi may shared bank account sila ni Yu Zheng Can na na-meet mo na?

**MS. A. GUO.** Si Yu Zheng Can na-meet ko na po, pero iyong Hong po, hindi ko pa po siya na-meet.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Kilala mo naman ba si Michael Yang?

**MS. A. GUO.** Hindi ko rin po siya kilala. Hindi ko pa po siya na-meet.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** How about si Gerald Cruz, kilala mo ba?

**MS. A. GUO.** Gerald Cruz po?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Gerald Cruz, kilala mo ba siya?

**MS. A. GUO.** Wala po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** All right.

At this point, buksan ko na muna—sandali lang.

Huling tanong pala doon sa aking—para sa iyo ngayong araw.

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice, sino po si JP Samson? Mayroon kayong shared bank account sa kaniya, hindi ba, Ms. Alice?

**MS. A. GUO.** Opo. Si JP po, kaibigan ko po. Mayroon po kaming second car na shop po dati.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay.

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** And mayroon kang shared bank account sa kaniya, tama?

**MS. A. GUO.** Dati po para sa mga ano po ng mga second-hand cars po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Okay. Hanggang kailan itong shared bank account niyo ni JP Samson?

**MS. A. GUO.** Hindi ko na po maalala … /ges/jacs/agc

**MS. A. GUO.** … Hindi ko na po maalala po iyong exact date po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Bandang anong taon?

**MS. A. GUO.** Hindi ko na po maalala, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Few years ago or many years ago?

**MS. A. GUO.** Few years ago po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Last year, two years ago, three years ago?

**MS. A. GUO.** Baka more than three na po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, mga four years ago.

**MS. A. GUO.** Hindi po ako sure sa exact po, Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Pero mga four years ago?

**MS. A. GUO.** Or baka ano pa, baka more than four or more than five po. Matagal na po talaga.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** So, four to six years ago?

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Bakit ninyo isinara iyong joint bank account ninyo ni JP Samson?

**MS. A. GUO.** Wala—ano na po, hindi na po ginagamit po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Dahil?

**MS. A. GUO.** Hindi na po ginagamit po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Bakit hindi na ginagamit?

**MS. A. GUO.** Ang ano po—doon sa secondhand cars po kasi, per commission per unit lang naman po siya, parang pang-display lang po, ganoon. So, noong wala na pong transaction, wala na po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Si JP Samson din ang nagpakilala sa iyo kay Nancy Gamo, ano, dahil siya dati ay nagtatrabaho sa Baliwag?

**MS. A. GUO.** Ah, opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, empleyado siya doon dati. At nabanggit din ang pangalan niya noong isang hearing ng Subcommittee on Justice naman as having booked the Emon Pulo Hotel with Emon Ronquillo. It seems na si JP Samson nagpa-fraternize quite a bit with high officials in the PNP. May isang photo kami dito. At ipapatawag namin din si JP Samson sa susunod na hearing.

Si JP Samson ay iyong nakaupo, iyan po, iyong nakaupo. So, ang nasa kaliwa niya ay si PNP Police General Caramat. Then iyong nasa kanan ay si Mayor Calugay—I am sorry. Okay. Mayor Violago. Please correct the record. Mayor Violago ng San Rafael, Bulacan, ay nasa kanan naman ni Mr. Samson.

So, ipatatawag natin si JP Samson sa susunod na pagdinig.

And last, very last for now, Ms. Alice, nasabi ninyo na wala kayong phone sa ngayon, paano kayo nagtatawagan ni Atty. David?

**MS. A. GUO.** Pinupuntahan po niya ako.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Pinupuntahan kayo?

**MS. A. GUO.** Opo, doon sa PNP Custodial po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sa PNP Custodial?

**MS. A. GUO.** Opo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Pero noong nasa Indonesia kayo, nagtatawagan kayo ni Atty. David. Kasi noong natakas ka pa, nasa Indonesia ka pa pala, sinasabi sa amin ni Atty. David na nagtatawagan naman kayo at kinukumbinse daw nila kayo na umuwi na at sumuko na. Paano kayo nagtatawagan kung many months ago, kinumpiska ng misteryosong babae sa pag-eskapo ninyo iyong cell phone ninyo?

**MS. A. GUO.** Opo, WeChat lang po siya.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** WeChat?

**MS. A. GUO.** Opo, WeChat lang po. Wala pong number po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Pero phone-based din iyong WeChat, hindi ba?

**MS. A. GUO.** Opo, basta Internet po. WeChat lang po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Oo. Kahit Internet, puwedeng sa cell phone din iyon. So, mayroon kayong cellphone noong nasa Indonesia kayo?

**MS. A. GUO.** Doon sa Indonesia po, noong mga—noong huli na po, wala na rin pong cell phone.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Pero noong panahon na nagtatawagan kayo ni Atty. David, may cell phone kayo para makapag-WeChat, may Internet?

**MS. A. GUO.** Opo, para makausap ko po iyong lawyer po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** That is right. Okay. Salamat, Ms. Alice.

**SEN. ESTRADA.** Just to interject, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, SP *Pro Temp*.

**SEN. ESTRADA.** Alice, bakit pinili mo ang bansang Indonesia?

**MS. A. GUO.** Actually, after—hindi naman po iyan iyong unang pinuntahan po namin, Sen.

**SEN. ESTRADA.** Ano iyong unang pinuntahan ninyo?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Malaysia?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** And then?

**MS. A. GUO.** Indonesia naman po, noong last part na, sabi daw po, maganda.

**SEN. ESTRADA.** Sino ang nagsabing maganda?

**MS. A. GUO.** Sabi po noong brother ko po.

**SEN. ESTRADA.** Kaya ka pumayag na pumunta sa Indonesia?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** All right.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** You have the floor.

**SEN. ESTRADA.** All right. Thank you, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Unless the SP *Pro Temp* will allow Sen Doroy to interject, but you have the floor now, SP *Pro Temp.*

**SEN. ESTRADA.** Alice, ano ang tunay na pangalan ni Mayor Calugay?

**MS. A. GUO.** Ang alam ko po, Mayor Dong Calugay po.

**SEN. ESTRADA.** Iyong first name, iyong real name niya.

**MS. A. GUO.** [off-mike] Ano ba real name?

**SEN. ESTRADA.** Hoy, talaga lang ha.

**MS. A. GUO.** Alam ko po, Dong Calugay po talaga.

**SEN. ESTRADA.** Iyong real name nga niya?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Magkaibigan kayo, hindi mo alam iyong tunay na pangalan niya, "Dong" lang ang alam mo. Hindi, ang itinatanong ko iyong the real name. Sagot. Iyong totoong pangalan ni Dong Calugay. Nagtatanong ka pa, kunwari ka pa, alam mo naman.

**MS. A. GUO.** Ang alam ko po talaga, Dong Calugay po.

**SEN. ESTRADA.** Hanggang—pati ba naman sa pangalan ng boyfriend mo, nagsisinungaling ka pa rin?

**MS. A. GUO.** Sen, hindi ko po talaga siya boyfriend.

**SEN. ESTRADA.** Well, whatever. O iyong malapit na kaibigan mo, hindi mo pa rin alam ang first name, iyong real name niya?

**MS. A. GUO.** Ang alam ko po, Dong Calugay po.

**SEN. ESTRADA.** Aware ka na Liseldo ang pangalan niya?

**MS. A. GUO.** Ah, Lisel—Ay, opo, opo, Liseldo.

**SEN. ESTRADA.** Oh, artista ka nga, ano. Mas magaling ka pang umarte sa amin ni Bong Revilla.

Anyway, aware ka ba dito sa isang farm, ang pangalan, Alisel Aqua Farm.

**MS. A. GUO.** Alam ko po, hindi po lang ano po—hindi po siya existent po.

**SEN. ESTRADA.** Hindi siya—?

**MS. A. GUO.** Wala pong ganoong farm po na natuloy po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** SP *Pro Temp*, puwede nating ipakita iyong business permit na ibinigay kay Ms. Shiela Guo para sa isang aqua farm na sinasabi ninyo.

**SEN. ESTRADA.** Sige.

Okay. Kasi if you coin the name "Alisel," "Ali" stands for Alice and "Sel" stands for Liseldo, hindi ba? Okay ba? Tama? Baka nagkataon lang. Ha? Ano? Are you aware of that? Hindi ba kayo ang owner ni Alice Guo and Liseldo Calugay?

**MS. A. GUO.** Anong business po, Sen?

**SEN. ESTRADA.** Aqua farm.

**MS. A. GUO.** Aqua farm po. Wala pong—wala po akong aqua farm po doon sa place po nila.

**SEN. ESTRADA.** Puwedeng ano, Comsec, ipalabas mo na iyong business permit?

Saan naka-locate iyong Alisel Aqua Farm, iyong farm ninyong dalawa?

**MS. A. GUO.** Ah, Sen, hindi po siya natuloy. Wala pong natuloy na aqua farm po.

**SEN. ESTRADA.** Walang natuloy?

**MS. A. GUO.** Wala pong natuloy.

**SEN. ESTRADA.** Pero iyong pangalan, alam mo, aware ka?

**MS. A. GUO.** Ah, iyong pangalan, hindi ko na po maalala, Sen.

**SEN. ESTRADA.** [laughs] Na kinoin (coin) iyong dalawang pangalan ninyo—Alice at saka Liseldo.

**MS. A. GUO.** Hindi ko na po maalala, Sen.

**SEN. ESTRADA.** Oh, talaga? Ang dami mong hindi maalala.

Iyan, iyan, iyan. Tingnan mo. Pakiano nga kasi malabo iyong mata ko. Ang may-ari niyan ay—sa DTI pala—Shiela Guo. But I heard that Shiela Guo denied owning this piece of property or farm.

**MS. A. GUO.** Hindi po siya natuloy.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair, if I may, Madam Chair?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** If I recall it right, Madam Chair, for the information of the body, I don't think Shiela Guo denied it. She was just saying, Madam Chair, na she doesn't know anything about it because …

**SEN. ESTRADA.** Ah, okay.

**SEN. VILLANUEVA.** … and I quote, Madam Chair, and the records will bear me out, she was asked by Guo Hua Ping, a.k.a. Alice Guo, to sign these documents, Madam Chair. She was asked by Alice Guo to sign these documents. And so, siya iyong nagpapirma kay Shiela Guo ng mga dokumento dito sa Alisel Aqua Farm, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** That is right, SP *Pro Temp.*

**SEN. ESTRADA.** Based on the statements of Senator Joel, do you confirm it na ikaw ang nagpapirma kay Sheila Guo nitong dokumentong ito?

**MS. A. GUO.** Your Honor, uhm—

**SEN. ESTRADA.** Hindi mo maalala?

**MS. A. GUO.** Honestly, may ganoong proposal, pero hindi ko na rin maalala na natuloy.

**SEN. ESTRADA.** [laughs]

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Kasi dito sa hearing—

**MS. A. GUO.** Pero iyong farm po, wala pong natuloy na farm.

**SEN. ESTRADA.** Dito sa hearing—noong last hearing ng Committee ni Senator Risa, sinabi ni Senator Joel na sinabi ni Shiela Guo na ikaw ang nagpapirma nitong partikular na dokumentong ito. So, you know that this is existing.

**MS. A. GUO.** Sen, ano po siya, siguro doon sa application po.

**SEN. ESTRADA.** Yes.

**MS. A. GUO.** Pero iyan po, parang DTI certification na po siya.

**SEN. ESTRADA.** Yes. Is it true that you asked Sheila Guo to sign this document to make it appear that she owns this farm?

**MS. A. GUO.** Sen, ano po siya, kung hindi po ako nagkakamali, certification na po siya. Doon po siguro sa registration po.

**SEN. ESTRADA.** Ano ba ito, single proprietor? Kasi DTI lang ito.

**MS. A. GUO.** Pero wala pong ganoon na existing na farm.

**SEN. ESTRADA.** Okay. Sinabi mo, hindi natuloy itong nasimulan ninyong i-establish, itong Alisel Aqua Farm. Sa inyo dapat ito ni Mayor Calugay, ano? Ano ba ito, magiging bangus farm ba ito?

**MS. A. GUO.** Ah, hindi—ano lang po iyon, proposal lang po.

**SEN. ESTRADA.** Kaya nga. Anong klaseng proposal? … */pgpc/imjv/agc*

**SEN. ESTRADA.** … Anong klaseng proposal?

**MS. A. GUO.** Proposal na gusto kong mag-farming pero hindi naman po kasali diyan si Mayor Calugay.

**SEN. ESTRADA.** Gaano kalaki ito?

**MS. A. GUO.** Mag-uumpisa po sana kami sa dalawang cage po dapat.

**SEN. ESTRADA.** Cage?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** So, kaya nga, gaano nga kalaki itong farm na ito?

**MS. A. GUO.** Hindi po siya natuloy, kaya wala po.

**SEN. ESTRADA.** Oo nga, gaano nga kalaki? Siyempre, alam mo. Kahit hindi natuloy, alam mo kung gaano kalaki, hindi ba?

**MS. A. GUO.** Mag-uumpisa po dapat.

**SEN. ESTRADA.** Ha?

**MS. A. GUO.** Mag-uumpisa po dapat, Senator.

**SEN. ESTRADA.** Saan located ito? Saan ang lokasyon?

**MS. A. GUO.** Dapat po mag-uumpisa po sa Sual.

**SEN. ESTRADA.** O, see.

**MS. A. GUO.** Pero hindi po siya natuloy.

**SEN. ESTRADA.** Kaya nga, sa Sual pa rin?

**MS. A. GUO.** Opo, pero hindi po siya natuloy.

**SEN. ESTRADA.** Ha?

**MS. A. GUO.** Hindi po siya natuloy.

**SEN. ESTRADA.** Bakit ba iginigiit mo sa amin na hindi natuloy? Eh tinatanong ko lang.

Sino nag-coin noong pangalan?

**MS. A. GUO.** Tingnan ninyo po—wala naman po.

**SEN. ESTRADA.** Hindi mo alam kung sino nag-coin ng pangalan? Wala kang participation sa pangalan noong farm?

**MS. A. GUO.** Wala naman po. Wala naman po.

**SEN. ESTRADA.** Hindi ba, very obvious naman, ALISEL—Alice, "A-L-I" tapos "SEL", Liseldo. O, hindi ba? Ano? Ayaw mo pa ring umamin na malalim ang pagkakaibigan ninyo? At itong pagkakaibigan ninyo, ito iyong tumutulong sa iyo sa lahat ng mga activities mo?

**MS. A. GUO.** Sen, hindi naman po—wala naman po siyang itinutulong po sa akin.

**SEN. ESTRADA.** Anyway, Alice, we will find it out when Mayor Calugay appears in the next hearing.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Okay. If I may continue, Madam Chair, I would like to ask questions to the former Mayor of Bamban, Mayor Feliciano.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Mayor Feliciano? Yes, sir.

**SEN. ESTRADA.** Inimbitahan yata kayo ng last hearing, hindi kayo nakapunta? Is it true?

**MR. FELICIANO.** Yes, Your Honor, Senator, Madam Chair.

**SEN. ESTRADA.** Bakit?

**MR. FELICIANO.** There was a previous commitment. The problem was the message came in only that Friday late afternoon and the hearing was on a Monday.

**SEN. ESTRADA.** All right. It is good that you acceded to the invitation of this Committee to appear today.

**MR. FELICIANO.** Yes, sir. No problem, sir, Your Honor.

**SEN. ESTRADA.** All right. Gaano ka katagal naging mayor ng Bamban?

**MR. FELICIANO.** I was the mayor of Bamban since 2013.

**SEN. ESTRADA.** When did you start your political career in Bamban?

**MR. FELICIANO.** I ran 2010; I lost.

**SEN. ESTRADA.** That was the first time, 2010?

**MR. FELICIANO.** Yes. That was the first time.

**SEN. ESTRADA.** All right. For mayor, right away?

**MR. FELICIANO.** Yes, sir, for mayor.

**SEN. ESTRADA.** And then?

**MR. FELICIANO.** And then, I got reelected. I ran again 2013.

**SEN. ESTRADA.** You won?

**MR. FELICIANO.** And then, I won.

**SEN. ESTRADA.** Okay.

**MR. FELICIANO.** And then, I won for the next succeeding two terms again. So, nag-graduate po ako up to 2022.

**SEN. ESTRADA.** 2022?

**MR. FELICIANO.** Yes, sir.

**SEN. ESTRADA.** So, you completed your three terms as mayor of Bamban?

**MR. FELICIANO.** Yes, Your Honor.

**SEN. ESTRADA.** Okay. Why did you endorse the candidacy of Alice Guo for mayor to replace you? Because I gathered information that there was a barangay captain who was supposedly going to run for mayor. At nag-usap na raw kayo na siya iyong next mayor na iendorso

ninyo. And all of a sudden, you endorsed the candidacy of Alice Guo. Is that right?

**MR. FELICIANO.** Yes, sir.

**SEN. ESTRADA.** There was a barangay captain who wanted to run for mayor.

**MR. FELICIANO.** Yes, sir.

**SEN. ESTRADA.** But unfortunately, he did not get your endorsement and instead you endorsed the candidacy of Alice Guo.

**MR. FELICIANO.** Yes, sir. That is right.

**SEN. ESTRADA.** Yes. Why is that so?

**MR. FELICIANO.** To make the long story short, iyong barangay captain na iyon, he was supposed to be my predecessor.

**SEN. ESTRADA.** Yes.

**MR. FELICIANO.** But the problem was—

**SEN. ESTRADA.** Predecessor or successor?

**MR. FELICIANO.** Ay! Successor pala, sorry. Successor.

**SEN. ESTRADA.** Uh-huh.

**MR. FELICIANO.** But the problem was, during my last term, I decided to run for congressman for the third district.

**SEN. ESTRADA.** Did you run for congressman?

**MR. FELICIANO.** Yes, I ran for congressman.

**SEN. ESTRADA.** Unfortunately, you lost.

**MR. FELICIANO.** Unfortunately, I lost.

**SEN. ESTRADA.** Who was your opponent then?

**MR. FELICIANO.** Cong Bong Rivera.

**SEN. ESTRADA.** All right. Okay.

**MR. FELICIANO.** And then, during the time that I was campaigning, he insisted that I do not run for congressman because I already endorsed Congressman Noel Rivera to him. So, ang nangyari doon, "Hindi ka puwede tumakbo kasi inendorso mo na si Congressman Noel, hindi ko siya puwedeng iwanan." So, sabi ko, "That is not a problem with me. Kahit na ang mayor ko, ikaw, walang problema, dalawa iyong congressman mo." But he insisted na hindi puwede. So, siniraan nila ako. So, on late notice—

**SEN. ESTRADA.** No. Was that during the campaign period already?

**MR. FELICIANO.** No, prior to that.

**SEN. ESTRADA.** Ah, prior to that?

**MR. FELICIANO.** Yes, prior to that.

**SEN. ESTRADA.** Wala pang filing ng COC?

**MR. FELICIANO.** Wala pa po.

**SEN. ESTRADA.** Okay.

**MR. FELICIANO.** This was after already the pandemic.

**SEN. ESTRADA.** Okay.

**MR. FELICIANO.** So, when I decided to run for congressman, sabi niya, "Hindi puwede. Kailangan ako lang ang tatakbo, suportahan mo ako."

**SEN. ESTRADA.** Sabi noong barangay captain?

**MR. FELICIANO.** Yes.

**SEN. ESTRADA.** Okay.

**MR. FELICIANO.** So, on my part, since wala po akong running mate on my town, I decided I had to have a running mate of myself. And considering the fact that Bamban is only small—

**SEN. ESTRADA.** What is your population in Bamban?

**MR. FELICIANO.** Our population is around 80,000 and voting is around 40,000.

**SEN. ESTRADA.** By rule of thumb, kalahati?

**MR. FELICIANO.** Yes.

**SEN. ESTRADA.** Okay.

**MR. FELICIANO.** And, so, after that, I needed somebody on my side. So, ang nangyari doon, me, as a former local chief executive, we local chief executives should be economic managers—small investment, small capital, big dividend. So, in my town, when I took it over—

**SEN. ESTRADA.** Okay, okay. Sige, sige. Paano mo nakilala itong si Alice Guo?

**MR. FELICIANO.** Since she was a pig farmer—

**SEN. ESTRADA.** Since she was a—?

**MR. FELICIANO.** Pig farmer.

**SEN. ESTRADA.** Uh-huh.

**MR. FELICIANO.** Mayroon sila pong pig farm sa Bamban.

**SEN. ESTRADA.** Okay.

**MR. FELICIANO.** So, on my second term, pumupunta na po siya sa opisina.

**SEN. ESTRADA.** Okay.

**MR. FELICIANO.** So, she was the one handling the duty of—

**SEN. ESTRADA.** On your second term, did she express interest that she wanted to enter politics?

**MR. FELICIANO.** No, nothing.

**SEN. ESTRADA.** Nothing at all?

**MR. FELICIANO.** Nothing at all.

**SEN. ESTRADA.** Wala kang inkling na gusto niyang maging mayor?

**MR. FELICIANO.** Wala po.

**SEN. ESTRADA.** So, ano talaga siya noon?

**MR. FELICIANO.** She was just an ordinary person that is coming into my office, kumukuha ng mga permits.

**SEN. ESTRADA.** So, when did you first meet her?

**MR. FELICIANO.** Siguro 2016?

**SEN. ESTRADA.** When she went to your office or when you went to her farm?

**MR. FELICIANO.** No, pumunta po sila sa office.

**SEN. ESTRADA.** Sino sila?

**MR. FELICIANO.** Si Mayor Alice and the group of hog farmers po sa Bamban.

**SEN. ESTRADA.** Okay. And then, what did you talk about?

**MR. FELICIANO.** Iyon nga, the problem with the business in the pig industry, since ang Bamban po is mostly an agricultural town, so there were certain things na kailangan i-address, iyong foul smell. That is why Bamban is not progressing because of the foul smell in the area.

**SEN. ESTRADA.** Uh-huh.

**MR. FELICIANO.** And, of course, since we need to increase the income of the town, I was lobbying for them to help us out. So, that was the only time na nagkilala po kami, Your Honor.

**SEN. ESTRADA.** Okay. Sa pagkakaalala ninyo, kailan nag-apply ang Baofu Land ng permit sa Bamban?

**MR. FELICIANO.** Baofu Land started out for the reclassification of the land for lease rentals po. This was March 8, 2019.

**SEN. ESTRADA.** March 8, 2019?

**MR. FELICIANO.** Opo, yes.

**SEN. ESTRADA.** You were still the mayor then?

**MR. FELICIANO.** Yes, sir.

**SEN. ESTRADA.** Okay. Sino ang nag-facilitate? Sino ang humingi ng—pumunta sa opisina mo para kumuha ng permit ng Baofu Land?

**MR. FELICIANO.** Si Ms. Alice Guo.

**SEN. ESTRADA.** Ah, siya mismo?

**MR. FELICIANO.** Yes, sir.

**SEN. ESTRADA.** Okay. Itong si Zun Yuan at Hongsheng Gaming Corporation, kailan po sila nag-apply ng business permit sa iyo?

**MR. FELICIANO.** Ang dinaanan ko lang po diyan was Hongsheng.

**SEN. ESTRADA.** Hongsheng?

**MR. FELICIANO.** Yes, sir.

**SEN. ESTRADA.** In behalf of Hongsheng, sino nagpunta sa iyo?

**MR. FELICIANO.** Sa Hongsheng po, siya po iyong nag-request din sa amin ng—

**SEN. ESTRADA.** Si Alice Guo?

**MR. FELICIANO.** Siya po.

**SEN. ESTRADA.** Sa tingin mo, ano ang participation niya sa Baofu Land at saka dito sa Hongsheng Gaming?

**MR. FELICIANO.** She was just an investor in my town that she bought the land and then she had investors under her arm to put in money in the town para ipatayo po iyong mga buildings for lease rental po noong real estate property.

**SEN. ESTRADA.** May idea po ba kayo kung anong klaseng operasyon ang ginagawa niya sa loob ng Baufo compound sa Bamban, Tarlac…

**MR. FELICIANO.** Ay! Wala po.

**SEN. ESTRADA.** … noong kayo ang nakaupong mayor?

**MR. FELICIANO.** When I was mayor already, they got the LONO from us.

**SEN. ESTRADA.** Ano, ano, excuse me?

**MR. FELICIANO.** Letter of no objection.

**SEN. ESTRADA.** Who provided that LONO?

**MR. FELICIANO.** What do you mean, sir?

**SEN. ESTRADA.** Sino nag-issue ng LONO?

**MR. FELICIANO.** The Sangguniang Bayan po.

**SEN. ESTRADA.** During your time?

**MR. FELICIANO.** During my time.

**SEN. ESTRADA.** So, you approved it?

**MR. FELICIANO.** No, hindi po ako. The Sangguniang Bayan approved the letter of no objection; it's a resolution.

**SEN. ESTRADA.** Yes, but of course, when they approve it, the mayor will also sign.

**MR. FELICIANO.** I didn't sign the document, Your Honor. The document is signed by the SB secretary and the vice mayor … /mpm/peg/agc

**MR. FELICIANO.** … and the vice mayor.

**SEN. ESTRADA.** But you were—as mayor, aware ka doon?

**MR. FELICIANO.** Yes, I was aware. But I wasn't part of that document. I am part already of the building permits and the other things with regard outside of that reclassification, Your Honor.

**SEN. ESTRADA.** You mean to say you did not sign the—Is that an ordinance?

**MR. FELICIANO.** It's a resolution, Your Honor.

**SEN. ESTRADA.** It's a resolution.

**MR. FELICIANO.** Yes, Your Honor.

**SEN. ESTRADA.** The mayor doesn't sign the resolution when approved by the Sangguniang Bayan?

**MR. FELICIANO.** The mayor doesn't sign the resolution, Your Honor, only the vice mayor.

**SEN. ESTRADA.** Well, noong panahon namin, dumadaan sa amin.

Anyway, nag-issue ka ba ng travel pass kay Huang Zhiyang, the incorporator of Baofu?

**MR. FELICIANO.** As I could recall, Your Honor, during the time of the pandemic, if a legitimate business owner comes to my office and asks for a travel permit in order to move out of Bamban and coming to Bamban, because negosyante sila, yes, probably, I did, Your Honor.

**SEN. ESTRADA.** You did. Why?

**MR. FELICIANO.** Your Honor, you're a businessman and then they need to travel back and forth to Fontana.

**SEN. ESTRADA.** But you didn't check his background?

**MR. FELICIANO.** No, Your Honor.

**SEN. ESTRADA.** Why did you not check his background? Nagbibigay ka na lang ba—kahit sino bang mag-apply ng permit sa iyo, walang due diligence?

**MR. FELICIANO.** Wala na, Your Honor, because during the time it was pandemic already. And, you know, wala na pong negosyo sa bayan.

**SEN. ESTRADA.** Katulad nito, big boss pala ng POGO itong Huang Zhiyang.

**MR. FELICIANO.** So, it's an educating—pag-aaralan na po natin ngayon na dapat sa susunod, kailangan po bago tayo gumawa ng mga dokumentong ganoon, kailangan ma-check na po sila.

**SEN. ESTRADA.** Hindi. As mayor, command responsibility mo iyan.

**MR. FELICIANO.** Yes.

**SEN. ESTRADA.** Nag-mayor din ako.

**MR. FELICIANO.** Yes sir.

**SEN. ESTRADA.** That's my command responsibility as mayor.

**MR. FELICIANO.** Yes, sir. But the problem is, sa sobrang dami po nang kumukuha, kung lahat po sila, tse-check-an po natin—

**SEN. ESTRADA.** I understand. Totoo naman. Totoo naman iyong sinasabi mo. But in this case, kita mo, inisyuhan mo ng permit, iyon pala, big boss pala ng POGO ito. Siyempre, sa iyo babagsak ang problema, hindi ba? Sa mayor, babagsak ang problema.

**MR. FELICIANO.** Yes, sir. Okay.

**SEN. ESTRADA.** Okay. Sa iyong pagkakaalam, ano-ano ang mga negosyo ni Alice Guo sa Bamban?

**MR. FELICIANO.** Ang alam ko lang po iyon lang pong piggery.

**SEN. ESTRADA.** Hindi kayo naging business partner?

**MR. FELICIANO.** Ay, hindi po.

**SEN. ESTRADA.** Kahit kailan?

**MR. FELICIANO.** Hindi po. Civil lang po ang relationship namin.

**SEN. ESTRADA.** Okay. How did you approve to endorse the candidacy of Alice Guo? Siya ba ang lumapit sa iyo o ikaw ang nagkusa sa kanya na, "O, ikaw nang sumunod sa akin"?

**MR. FELICIANO.** Ay, hindi. Tinanong ko po siya if she's interested to run. And then after a while, iyon nga, because ang criteria

ko po nga for choosing a mayor, dapat economic manager po para malaman pong—

**SEN. ESTRADA.** So, inechapwera mo na talaga iyong barangay captain na talagang tubong Bamban, Tarlac?

**MR. FELICIANO.** Wala. Kung makikita ninyo po iyong video during that time, talagang linalait na po nila ako. Parang hindi ako naging mayor. So, I had to do something para maproteksyunan naman iyong interest ko when I ran for congressman.

**SEN. ESTRADA.** Maproteksiyunan ang interest mo?

**MR. FELICIANO.** No, sir. I'm running for congressman. Pag wala ka pong kandidato sa town na sinasakupan mo, wala po kayong—

**SEN. ESTRADA.** Okay. Noong kinausap mo si Alice Guo to run for mayor, what did she say right away?

**MR. FELICIANO.** Sabi po niya—

**SEN. ESTRADA.** Did she agree right away to run for mayor?

**MR. FELICIANO.** Hindi po.

**SEN. ESTRADA.** O nagpakipot nang kaunti?

**MR. FELICIANO.** Pag-iisipan daw po niya.

**SEN. ESTRADA.** Gaano katagal siya nag-isip bago siya pumayag na tumakbong mayor?

**MR. FELICIANO.** Thirty to 60 days.

**SEN. ESTRADA.** One month to two months?

**MR. FELICIANO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Okay. Noong pumayag siya na tumakbong mayor under your ticket, I presume, ikaw ang dala kanyang congressman, correct?

**MR. FELICIANO.** Independent po. Independent po.

**SEN. ESTRADA.** Okay. Magkano kinontribute ni Alice Guo sa campaign kitty mo?

**MR. FELICIANO.** Wala po.

**SEN. ESTRADA.** Kinuha mo, sabi mo, businesswoman siya.

**MR. FELICIANO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Imposibleng hindi siya nag-donate sa campaign kitty mo?

**MR. FELICIANO.** Ay wala po. Sarili ko po.

**SEN. ESTRADA.** O ikaw ang nagbigay kay Alice?

**MR. FELICIANO.** Ay hindi naman po.

**SEN. ESTRADA.** Ha?

**MR. FELICIANO.** Hindi po. Negosyante lang po akong maliit.

**SEN. ESTRADA.** O sige. Anong pagkakaalam mo rito—kasi I only have three minutes to go.

**MR. FELICIANO.** Yes sir.

**SEN. ESTRADA.** Anong pagkakaalam mo rito sa Alisel Aqua Farm?

**MR. FELICIANO.** Ay wala po akong alam diyan.

**SEN. ESTRADA.** Wala kang alam?

**MR. FELICIANO.** Wala po akong alam diyan.

**SEN. ESTRADA.** Hindi ka na mayor noon?

**MR. FELICIANO.** Hindi na po.

**SEN. ESTRADA.** Ha? Noong in-incorporate ito, hindi ka na mayor noon?

**MR. FELICIANO.** Wala po.

**SEN. ESTRADA.** Ha?

**MR. FELICIANO.** Wala na po.

**SEN. ESTRADA.** Wala ka na, hindi ka na mayor?

**MR. FELICIANO.** Hindi na po yata. Hindi ko pa alam kung kailan po iyong—?

**SEN. ESTRADA.** Kailan ba itong ano, iyong document sa DTI?

Comsec?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Comsec, paki-pakita natin ulit iyong DTI.

If I remember correctly, SP Pro Temp, 2022, August. Pero i-check po natin.

**SEN. ESTRADA.** Yes. Kung August 2022, hindi na nga siya mayor.

**MR. FELICIANO.** Wala na ako, ibang mayor na po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sorry, SP Pro Temp. March 2022.

**SEN. ESTRADA.** Mayor ka pa. Mayor ka pa noon kung March.

**MR. FELICIANO.** Sa Sual po iyan.

**SEN. ESTRADA.** Oo nga pala, I'm sorry. I stand corrected.

**MR. FELICIANO.** Your Honor, Bamban po tayo.

**SEN. ESTRADA.** Hindi. Pero wala kang kinalaman?

**MR. FELICIANO.** Wala po.

**SEN. ESTRADA.** Ha?

**MR. FELICIANO.** Wala po.

**SEN. ESTRADA.** Hindi mo nakikita si Mayor Calugay sa Bamban?

**MR. FELICIANO.** I was just able to meet him sa LMP one time.

**SEN. ESTRADA.** Sa LMP?

**MR. FELICIANO.** Yes po.

**SEN. ESTRADA.** Na magkasama sila ni Mayor Alice?

**MR. FELICIANO.** Hindi po. LMP po iyon, dito po sa Marriott po iyon eh.

**SEN. ESTRADA.** Ha?

**MR. FELICIANO.** Sa Marriott po iyon.

**SEN. ESTRADA.** Hindi … naging presidente ako ng LMP. Sa convention ng lahat ng mga presidente.

**MR. FELICIANO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Hindi kayo nagkakasama ni Mayor Calugay?

**MR. FELICIANO.** Hindi po.

**SEN. ESTRADA.** Pero kilala mo siyang personal?

**MR. FELICIANO.** No, civil lang po.

**SEN. ESTRADA.** Civil lang.

**MR. FELICIANO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** So, wala kang alam sa dalawa?

**MR. FELICIANO.** Wala po.

**SEN. ESTRADA.** Sigurado ka?

**MR. FELICIANO.** Opo.

**SEN. ESTRADA.** Sige. I'm done, Madam Chair. Thank you very much.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Maraming salamat din, SP Pro Temp.

Since wala dito ngayon si Minority Leader, Sen Joel, you have the floor.

**SEN. VILLANUEVA.** Thank you very much, Madam Chair, dear colleagues.

I would like to ask questions kay Guo Hua Ping aka Alice Guo. Gusto kong malaman, noong mayor po kayo ng Tarlac, puwede hong malaman kung nagbibiyahe kayo abroad? Mayor, before mayor, nagbibiyahe kayong abroad?

**MS. A. GUO.** Yes po, bumabiyahe po.

**SEN. VILLANUEVA.** Lagi iyon? Gaano kadalas sa isang taon?

**MS. A. GUO.** Noong nag-mayor na po ako, pag umaalis po ako, humihingi naman po ako ng travel permit.

**SEN. VILLANUEVA.** Yes. So, before nag-mayor ka, madalas ka rin bang bumibiyahe o mas naging madalas noong naging mayor ka?

**MS. A. GUO.** Mas madalas po noong hindi pa po ako mayor.

**SEN. VILLANUEVA.** Noong hindi ka mayor. Sa pagkakaalala mo, naka ilang travel ka na sa bansa, more or less?

**MS. A. GUO.** Hindi ko na po maalala, Sen.

**SEN. VILLANUEVA.** Maraming-marami na. May isang daan na kaya na ibang bansa?

**MS. A. GUO.** Wala naman po siguro.

**SEN. VILLANUEVA.** Singkuwenta?

**MS. A. GUO.** More than. Baka more than po.

**SEN. VILLANUEVA.** Baka more than, oo. Paano ka nagbu-book sa flight mo? Online ba? Tumatawag ka? May nag-a-arrange?

**MS. A. GUO.** Online po.

**SEN. VILLANUEVA.** Online.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Ikaw mismo o may nag-a-arrange sa iyo, may secretary ka?

**MS. A. GUO.** Ako po.

**SEN. VILLANUEVA.** Ikaw mismo?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** So, ganoon din ba kung iyon sa flight mo—ganoon din ba pagka nagbu-book ka ng accommodation o hotel?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Online din.

**MS. A. GUO.** Online po.

**SEN. VILLANUEVA.** So, usually website ka, Agoda, perhaps, Klook?

**MS. A. GUO.** Opo, Booking.com

**SEN. VILLANUEVA.** Booking.com, there you go, yes. So, ikaw ang nagbu-book din ang—?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** So, flight and hotel accommodation, ikaw ang nagbu-book normally, ano?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** So, normally, you would take flights. Mayroon kang paboritong airline?

**MS. A. GUO.** Wala naman po.

**SEN. VILLANUEVA.** But ano iyong pinakamadalas mo na natatandaan na, tingin mo pag ni-recall mo, number one airline na naiisip mo na iti-take mong flight? Wala?

**MS. A. GUO.** Wala naman po, Sen.

**SEN. VILLANUEVA.** Kahit isa, wala?

**MS. A. GUO.** Wala po.

**SEN. VILLANUEVA.** Saang airport ka nagde-depart kung bumabiyahe? Mas madalas ba sa Clark o sa NAIA?

**MS. A. GUO.** Depende po. Minsan Manila.

**SEN. VILLANUEVA.** Saan mas madalas na lang? Comparing the two, saan mas madalas?

**MS. A. GUO.** Pag nasa Manila po, Manila. Pag nasa Bamban po, Clark po.

**SEN. VILLANUEVA.** Sa Clark. So pareho, ano? Pareho halos.

**MS. A. GUO.** Pareho po.

**SEN. VILLANUEVA.** Nasubukan mo na bang mag-barko noon?

**MS. A. GUO.** Nasubukan ko po, opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Nag-ano ka, cruise ship siguro?

**MS. A. GUO.** Cruise ship, opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Cruise ship. Mga ilang beses ka na nag-cruise ship? Kasi ako, hindi pa.

**MS. A. GUO.** Ano lang po, iyong short time lang po, hindi naman po iyong—

**SEN. VILLANUEVA.** When you say "short time," gaano katagal iyon?

**MS. A. GUO.** Iyong pang mga one day lang po, ganoon.

**SEN. VILLANUEVA.** One whole day lang.

**MS. A. GUO.** Opo, one whole day.

**SEN. VILLANUEVA.** So, hindi siya umaabot ng overnight, ganoon?

**MS. A. GUO.** Hindi po, hindi po.

**SEN. VILLANUEVA.** Cruise ship kaya iyong—So, first time mong mahabang panahon sa bangka, sa barko, ng limang araw sa isang bangka. First time mo?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** First time mo iyon?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** First time?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Kaya sabi mo noong nasa gitna ka ng laot, parang gusto mo nang bumalik?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Dahil nahirapan ka?

**MS. A. GUO.** Opo, mahirap po talaga.

**SEN. VILLANUEVA.** Mahirap, ano. So, klaro sa iyo na noong mga panahon na iyon, tumatakas ka.

**MS. A. GUO.** Kalagitnaan po.

**SEN. VILLANUEVA.** Naging klaro sa iyo, kalagitnaan. Parang si Shiela, sinabi din sa amin, kalagitnaan, doon niya na-realize, maling-mali iyong mga ginagawa ninyo.

So, noong nasa Malaysia ka, Singapore, Indonesia, gaano katagal iyong plano ninyo ba na mag-stay sa ibang bansa? Kasi si Shiela, noong tinanong namin, biglaan, ikaw ang nagsabi sa kanya, "Ate, nalulungkot ako. Samahan mo ako."

So, sa pag-iisip mo, mga ilang panahon ka aalis ng bansa?

**MS. A. GUO.** Actually, Sen, nag-uusap din po kami ng lawyer ko po na uuwi na po ako, haharapin ko na po.

**SEN. VILLANUEVA.** Paalis ka pa lang dito sa Pilipinas, sasakay ka ng maliit na boat, I presume hindi limang oras ang biyahe mula farm hanggang Maynila.

**MS. A. GUO.** Wala naman pong five, pero paikot-ikot po iyong nangyari po sa amin … /jbc/alicc/agc

**MS. A. GUO.** … iyong nangyari po sa amin.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay. Pero alam mo na aalis ka ng bansa, so sa pag-iisip mo, mga ilang oras, ilang araw ang tingin mong mawawala ka ng bansa? Umalis ka na eh. Wala kang pag-iisip kung—

**MS. A. GUO.** Noong paalis pa lang po o—?

**SEN. VILLANUEVA.** Noong paalis ka na, yes.

**MS. A. GUO.** Noong paalis po, wala pa akong iniisip.

**SEN. VILLANUEVA.** Wala kang iniisip? Anong ultimate destination mo noong paalis kayo? Kasi nagtatanong daw sa iyo si Shiela, ayaw mo siyang pagtanungin. Sabi mo, "Huwag ka tanong, sumama ka lang sa amin."

**MS. A. GUO.** Actually, mayroon pong dalawang option po, pinapipili.

**SEN. VILLANUEVA.** Which is? Ito iyong pinuntahan ninyo talaga?

**MS. A. GUO.** Opo. Iyong isa po, pinuntahan po namin.

**SEN. VILLANUEVA.** Iyong isa, hindi?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** So, iyong isa is Sabah, iyon iyong last day na destination, hindi ba?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** At iyong isa, ano iyon? Hindi ninyo naman pinuntahan iyon, puwede mo naman sabihin.

**MS. A. GUO.** Opo, hindi po namin pinuntahan.

**SEN. VILLANUEVA.** O kaya nga. Which is, anong lugar iyon na kinonsider (consider) mo?

**MS. A. GUO.** Actually, hindi ko po siya kinonsider (consider), option lang po siya.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay. So, kinonsider (consider) mo iyon kasi it is an option. When you say it is an option, you consider.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** But anyway, if you don't want to answer it, it is okay.

Paano iyong paggastos ninyo habang nandoon kayo sa ibang bansa? Gumagamit ka ng cash? Gumagamit ka ng credit card?

**MS. A. GUO.** Gamit ko po, cash po.

**SEN. VILLANUEVA.** Cash lagi?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Sa lahat ng pagkakataon ng paggastos, ikaw ang gumagastos? Kasi ikaw ang boss eh, ikaw ang big boss.

**MS. A. GUO.** Hindi naman po ako big boss, kumbaga, ako lang po iyong nag-aano po sa family.

**SEN. VILLANUEVA.** Gumagastos.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Sa amin kasi, kung ikaw iyong boss, ikaw dapat talaga ang gumastos. So ikaw iyong gumagastos?

**MS. A. GUO.** Opo, ako po.

**SEN. VILLANUEVA.** Lagi?

**MS. A. GUO.** Sa aming tatlo po.

**SEN. VILLANUEVA.** Oo. So maraming cash iyong dala ninyo, ibig sabihin. Kasi hindi mo alam kung ilang araw kayo, so maraming cash iyong dala-dala mo dahil hindi ka gumamit ng credit card. Tama ba?

**MS. A. GUO.** Hindi po.

**SEN. VILLANUEVA.** Paano kayo kumakain? Sa restaurant ba? Delivery app, et cetera?

**MS. A. GUO.** Ano po, delivery.

**SEN. VILLANUEVA.** Delivery app. Sa delivery app, nagbabayad ba ng cash din?

**MS. A. GUO.** Opo, puwede po.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay. Sige.

So, iyon ang plano mo, ano, kumain—Nagre-restaurant ba kayo, hindi?

**MS. A. GUO.** Hindi po.

**SEN. VILLANUEVA.** Hindi. May plano ka bang bumalik sa Pilipinas noong umalis ka?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Noong umalis ka, I am sure wala ka pang plano dahil sabi mo hindi mo nga alam kung ilang araw ka mamamalagi, ano, aalis. Pero ngayon, sinasabi mo may plano kang bumalik.

**MS. A. GUO.** Opo. August pa lang po, pinag-uusapan na po namin na uwi na po ako, babalik po ako.

**SEN. VILLANUEVA.** Kailan mo na-realize na magplano ka ng bumalik ng Pilipinas? Noong nasa Sabah ka ba? Noong nasa Indonesia ka ba? Nasa Singapore ka ba? Nasa hotel ka ba noong naplano mo? Kailan mo naisip iyon?

**MS. A. GUO.** Sa Singapore po.

**SEN. VILLANUEVA.** Noong nasa Singapore.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** So magtatagal ba sana kayo sa ibang bansa noong una, hindi mo pa pinaplanong uuwi? O talagang sa dulo ng pag-iisip mo, hindi ka rin talaga makakatakas at babalik ka?

**MS. A. GUO.** Noong kalagitnaan po, gusto ko na rin po talaga umuwi.

**SEN. VILLANUEVA.** Noong naisip mo na gusto mong bumalik na, ano iyong nagpaisip sa iyo na gusto mo nang bumalik na? Mayroon ka bang inaasahan na pagbabago kaya o magbabago ang sitwasyon mo dito o iyong kaso mo dito sa Pilipinas kaya ka uuwi? Anong naisip mo bakit nagplano ka na na uuwi ka sabi mo?

**MS. A. GUO.** Haharapin ko na lang po lahat.

**SEN. VILLANUEVA.** Wala kang inaasahang pagbabago?

**MS. A. GUO.** In fact, noong time po na iyan, wala naman po, pending naman po lahat ng case po sa court. At noong huli ko lang din po na-realize din po na I just have to explain and I just have to face it.

**SEN. VILLANUEVA.** And tell the truth.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Salamat, Guo Hua Ping.

Bakit isinama mo si Shiela, si Cassandra, at saka si Wesley? Anong dahilan?

**MS. A. GUO.** Si Cassandra po, hindi po namin siya kasama.

**SEN. VILLANUEVA.** Ha?

**MS. A. GUO.** Hindi po namin kasama si—

**SEN. VILLANUEVA.** Ah, doon, doon ninyo na siya kasama. Sige.

Si Shiela na lang, puntahan natin iyong istorya ni Shiela. Sabi mo nalulungkot ka, isinama mo siya, hindi mo siya pinatatanong,

pinapipirmahan mo siya ng mga papeles na hindi niya alam. Anong—bakit, parang susunod lang ba sa iyo si Shiela? Anong dahilan bakit mo siya ipinasama?

**MS. A. GUO.** Kami naman po kasi ni Shiela, Sen, ever since, kami magkakasama. Although hindi kami mag-ano, ever since po, since bata po, magkasama na po kami.

**SEN. VILLANUEVA.** So close na close na close talaga kayo?

**MS. A. GUO.** Hindi naman po sa sobrang—oo, close.

**SEN. VILLANUEVA.** I think close kayo.

**MS. A. GUO.** Yes, close.

**SEN. VILLANUEVA.** Kasi kung hindi kayo close, sasabihin mo sa kaniya na alis kayo at hindi mo alam saan ang pupunta; apat na araw, limang araw ka sa maliit na kwarto. I don't think hindi kayo close, ano? So, ikaw ang leader ng barkada eh, itong grupo ninyo. Wala kang amo, sabi mo. So, ikaw ba lahat ang sumasalo ng expenses? Lahat? Magbu-book ng ticket, lahat?

**MS. A. GUO.** Ano po, wala naman pong masyadong expenses po pagdating po namin doon. Flight ticket po, tapos pagkain lang po. Tapos iyong mismong tinirhan po namin.

**SEN. VILLANUEVA.** Sa mga lakad ninyo, madam, ikaw ang gumagastos? Kahit noong hindi ka pa tumatakas, iyong mga lakad

ninyo? Nabanggit ni Shiela na mga sampung beses na kayong umalis ng ibang bansa. Ikaw ang sumasagot noon?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Lagi, ano? Noong nasa boat kayo, paano iyong damit ninyo nga pala? Nagbibihis ba kayo? May dala ka bang maleta? Nag-pack ka ba ng pang-one week, one month?

**MS. A. GUO.** Wala po. Ang dala ko lang po, isang bag, tapos may laman lang po ng personal po na item lang po.

**SEN. VILLANUEVA.** At maraming pera siguro, ano?

**MS. A. GUO.** Wala po.

**SEN. VILLANUEVA.** Gaano karami, sige, kung wala? Kasi papaano kang bibili? Kasi sabi mo kanina, cash iyong ginagamit mo.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Paano kang gagamit kung wala kang dala?

**MS. A. GUO.** Opo. Less than—tatlo po kami, less than $20,000 po.

**SEN. VILLANUEVA.** Less than?

**MS. A. GUO.** Less than $20,000 po.

**SEN. VILLANUEVA.** Less than $20,000, halos isang milyon lang, ano?

Sorry, nalito ako sa—Sabi mo kanina, umalis ka ng Pilipinas dahil may death threat sa iyo. Is that a correct statement?

**MS. A. GUO.** Yes po, Sen.

**SEN. VILLANUEVA.** Noong nasa labas ka ng Pilipinas, pakiramdam mo ba mas safe ka?

**MS. A. GUO.** Hindi po.

**SEN. VILLANUEVA.** Hindi. So bakit ka umalis ng Pilipinas?

**MS. A. GUO.** Noong time po, feeling ko po maging mas safe po ako.

**SEN. VILLANUEVA.** [laughs] Sabi mo, hindi ka mas safe. Tapos ngayon, mas safe.

Pakiramdam mo mas safe ka kung aalis ka ng Pilipinas?

**MS. A. GUO.** Noong time po na iyon, but not now.

**SEN. VILLANUEVA.** Ngayon, mas tingin mo safe ka na nasa Pilipinas ka?

**MS. A. GUO.** Safe po ako dito po, opo.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay. Kung may tinataguan ka at umalis ka ng Pilipinas, ang tinataguan mo ba iyong sinasabi mong nagbibigay ng death threat sa iyo? In your story. Is that it?

**MS. A. GUO.** Hindi po.

**SEN. VILLANUEVA.** So sino? Kasi sabi mo nasa Pilipinas iyong nagde-death threat sa iyo.

**MS. A. GUO.** Opo. For security reason po, I refuse to answer po, Sen. Sorry po talaga.

**SEN. VILLANUEVA.** Let it be also placed on record that the resource person keeps on evading and not cooperating, Madam Chair.

Kung may tinataguan kasi sa Pilipinas at nasa ibang bansa ka na, pero bakit doon sa ibang bansa nagtatago ka pa rin? Nagtatago ka pa rin ba noong nasa ibang bansa ka? Maingat kang lumalabas?

**MS. A. GUO.** Paglabas ko po, Sen, sa totoo lang, gusto ko nang bumalik. Nag-iisip na po ako talaga na haharapin ko ito.

**SEN. VILLANUEVA.** So, you mean to say, nagtatago ka pa rin noong nasa ibang bansa ka? Honest answer, nandoon ka sa ibang bansa—

**MS. A. GUO.** Opo. Hindi naman po to be exact na nagtatago, pero, siyempre po, malungkot po.

**SEN. VILLANUEVA.** So, sa pagkakaalam mo, iyong nagbabanta sa iyo, may connection din sa ibang bansa at kung saan nandoon ka?

**MS. A. GUO.** Sen, security reason po, hindi ko po sasagutin po.

**SEN. VILLANUEVA.** Ito ba ay international mafia na pinagtataguan mo o local lang?

**MS. A. GUO.** Sen, for security po, I refuse to answer po.

**SEN. VILLANUEVA.** Mayroon bang parte ng gobyerno—Siguro mas magandang sagutin mo ito dahil we are all public servants here. Mayroon bang parte ng gobyerno, opisyal, na tingin mo sangkot dito sa pinagtataguan mong diumano death threat?

**MS. A. GUO.** Sen, I refuse to answer po for the reason of security po.

**SEN. VILLANUEVA.** Anong koneksiyon mo kay Duanren Wu?

**MS. A. GUO.** Ano po ibig sabihin ng "koneksiyon" po?

**SEN. VILLANUEVA.** Sino siya para sa iyo dahil siya iyong nag-asikaso sa inyo doon sa ibang bansa, hindi ho ba?

**MS. A. GUO.** Your Honor, hindi po siya iyong nag-asikaso sa amin, pero kilala ko po siya.

**SEN. VILLANUEVA.** So, nagsisinungaling ang isa sa inyo ni Shiela Guo dahil nandoon ito at nag-asikaso sa inyo. Iyon ang sabi niya.

So, hindi mo kilala si Duanren Wu?

**MS. A. GUO.** Kilala ko po siya, pero hindi po siya iyong nag-asikaso sa amin.

**SEN. VILLANUEVA.** Hindi ka close sa kaniya?

**MS. A. GUO.** Kaibigan ko po siya. Nakilala ko po siya gawa nang mag-i-invest po sa Bamban.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay. Si Shiela, ano—nandito si Shiela. Baka puwedeng patanggal din ng iyong face mask.

Sabi mo, Shiela, sa amin noon, there was a time na lumakad kayo ni Miss a.k.a. Alice Guo, nagpunta kayo sa Thailand … */rpc/jmb/agc*

**SEN. VILLANUEVA.** ... nagpunta kayo sa Thailand para magbakasyon at kasama mo iyong dalawang isinulat mong pangalan na ipinatawag na natin ngayon dito: si Kat at si G(?). Gusto ko lang malaman, Shiela—Kat Salazar and G Pepito(?). Kasama ninyo rin ba itong si Duanren Wu, Shiela? Kasi sabi mo sa amin, kayong apat lang, noong last hearing. Gusto mo bang baguhin iyon, kung kasama ninyo si Duanren Wu?

**MS. S. GUO.** Ano po? Saan po?

**SEN. VILLANUEVA.** Doon sa trip ninyo na binanggit mo sa amin last hearing na nagpunta kayo. Sabi mo bakasyon lang kayong apat, walang negosyo, kayong apat lang nitong dalawang binanggit nating pangalan.

**MS. S. GUO.** Sa Thailand po?

**SEN. VILLANUEVA.** Ikaw ang nagsabi noon, hindi ako.

**MS. S. GUO.** Sa Thailand?

**SEN. VILLANUEVA.** Ikaw ang nagsabi nga na sa Thailand. At ikaw ang nagsabi—

**MS. S. GUO.** Ang kasama lang iyong dalawa tauhan ni Alice.

**SEN. VILLANUEVA.** Iyon nga, iyong binanggit natin na iyon, kayong apat lang?

**MS. S. GUO.** Kami, bale kasama si Wesley?

**SEN. VILLANUEVA.** Hindi, ang binanggit mo noong nakaraang hearing, Shiela—tingin ka sa akin, Shiela, para magkaintindihan tayo nang husto.

**MS. S. GUO.** Dito po ako—[referring to the monitor]

**SEN. VILLANUEVA.** Okay, okay. Okay lang din. Okay lang din diyan. Sige. Diyan na lang tayo magtinginan. Okay. [laughter]

**MS. S. GUO.** Sorry po.

**SEN. VILLANUEVA.** No problem, no problem. Ang binanggit mo, Shiela, sa amin noong nakaraang pagdinig ay sa sampung beses na alis ninyo ni alias Alice Guo, kasama mo itong dalawang tao na ito, si Kat at si G, nagbakasyon kayo at ang sabi mo rin, sa Thailand. At iyan lang iyong pagkakataon na magkasama kayo na may ibang taong kasama na umalis kayo ni Alice Guo, nagpunta kayo ng Thailand. Ikaw ang nagsabi noon, hindi ako. So—

**MS. S. GUO.** Opo, sila lang po dalawa.

**SEN. VILLANUEVA.** So, sila lang?

**MS. S. GUO.** Opo.

**SEN. VILLANUEVA.** So, apat lang kayo, ano? Okay.

Madam Chair, let me just share with you a—can we just show this slide 14, a flight manifest detailing, Your Honors, na hindi lang kasama o lumalabas kayo ng bansa na hindi lang kayo ang magkakasama,

Shiela at Alice, kasama ninyo rin si Duanren Wu. Mayroon po ito. Papaano ninyo kaming kukumbinsihin ngayon na hindi kayo magkakasama? At itong barkada trip ninyo ay papuntang Taipei, hindi po papuntang Thailand.

So, Sheila, hindi mo ba nare-recall ito?

**MS. S. GUO.** Hindi, kasi sa Thailand, wala naman kaming kasama. Mayroon lang iyong dalawa tauhan po ni Alice.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay, good.

Shiela, ikaw, natatandaan mo ba itong trip na ito na kasama mo si Duanren Wu?

**MS. S. GUO.** Sa Thailand po?

**SEN. VILLANUEVA.** Ito, ipinapakita, Taipei iyong nakalagay diyan.

**MS. S. GUO.** Ah, Taiwan po. May kasama isang ano—hindi ko alam kung siya ba iyon kasi iyong ninong ni Cassie.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay. Madam Chair, iba iyong binanggit po niya noong nakaraang pagdinig, iba rin po ngayon.

Ms. Alice, puwede bang matanong ka? Anong trip itong Taipei na ito, kung nare-recall mo?

**MS. A. GUO.** I think, kung hindi po ako nagkakamali, Chinese New Year po iyan.

**SEN. VILLANUEVA.** Chinese New Year?

**MS. A. GUO.** Opo, Chinese New Year.

**SEN. VILLANUEVA.** So, close talaga kayo, bumabiyahe kayong magkakasama ni Duanren Wu?

**MS. A. GUO.** Iyan lang po iyong biyahe po namin na magkasama po, Chinese New Year.

**SEN. VILLANUEVA.** So, anong relasyon mo sa kanya, kay Duanren Wu?

**MS. A. GUO.** Wala po akong relasyon sa kanya, pero mag-i-invest po dapat siya sa Bamban.

**SEN. VILLANUEVA.** Mag-i-invest siya sa Bamban, pero papaano mo siya nakilala?

**MS. A. GUO.** Nakilala ko po siya through Cassy.

**SEN. VILLANUEVA.** Anong ginawa ninyo dito sa Taipei? Bakasyon?

**MS. A. GUO.** Opo, pumunta ng Shi-men Ting, kumain ng mala.

**SEN. VILLANUEVA.** Walang negosyo na pinag-usapan kayo ni Duanren Wu?

**MS. A. GUO.** Wala po. Wala po.

**SEN. VILLANUEVA.** Madam Chair, may we know if this Committee had invited Mr. Duanren Wu na katakot-takot na na ilang

beses na nating naririnig ang kanyang pangalan? If I am not mistaken, siya iyong big boss ng Lucky South, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Joel, inimbita natin siya, itong si Mr. Wu, Duanren, one of the early hearings. Kaya lang wala rin tayong makuhang address niya dito sa Pilipinas.

**SEN. VILLANUEVA.** May I now move that we issue a subpoena, Madam Chair, to this Duanren Wu?

I so move, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you, Sen Joel.

Comsec, we issue a subpoena to Mr. Wu, Duanren for his appearance before the Committee sa susunod na--

**SEN. GATCHALIAN.** Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** In fact, if I can correct the record, yes, we have—the Committee has a standing subpoena for Mr. Wu, Duanren.

**SEN. GATCHALIAN.** Madam Chair, just a quick interjection.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, for an interjection, Sen Sherwin.

**SEN. GATCHALIAN.** Apparently, Mr. Duanren Wu left the country last June 11 of this year. Mr. Duanren left at the same time

with Cassandra Li Ong during that time. And we do not have any records of that person, Duanren, coming back to the Philippines.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Sherwin.

**SEN. VILLANUEVA.** So, mayroon po tayong live na subpoena na in-issue sa kanya, Madam Chair. And at the proper time, siguro pag-usapan ho natin, baka dapat ipaaresto na din natin siya.

Madam Chair, let me finish by asking two more questions kay Alice.

Anong transaksiyon mo kay Atty. Galicia? Paano mo siya nakilala?

**MS. A. GUO.** Sen, may pending case po sa DOJ po. I invoke my right against self-incrimination po.

**SEN. VILLANUEVA.** Are you aware na mayroong sasakyan, sasakyan mo daw—Anyway, let me ask that question. Is that your vehicle na nagpunta at nagpakita doon sa abogado na nag-notaryo na nandito ka sa Pilipinas? Would you deny it? Yes or no?

**MS. A. GUO.** Sen, I invoke my right against self-incrimination po.

**SEN. VILLANUEVA.** It is just yes or no. Madali namang i-check namin iyong sasakyan. So, that has been super being uncooperative. We can easily ask LTO and find out kung sa iyo iyon o hindi. At binanggit

na doon sa mga interview, lahat ng kasama mo at staff mo, kailangang mahaba ang buhok at medyo kamukha mo para madali kang makaalis.

So, kung hindi sa iyo iyong sasakyan, which nakakagulat dahil iyon ang sinasabi nitong si alias Allan at si Atty. Galicia. Gusto lang naming malaman, Alice, aware ka na may affidavit na pina-notarize sa isang abogado na ikaw ay narito pa sa Pilipinas?

**MS. A. GUO.** Sen, with due respect po, I have pending case po sa DOJ po.

**SEN. VILLANUEVA.** Hindi ka magagalit na ginagamit, kung sakaling hindi ikaw iyon, ginagamit ang pangalan mo? Tumakas ka na, pero ginagamit iyong pangalan mo para notaryohin?

**MS. A. GUO.** Sen, sorry po talaga, I invoke my right po.

**SEN. VILLANUEVA.** But I will be very mad if someone is using my name na magpapa-notaryo.

So, hindi ka nakokonsensiya na ipapa-disbar itong si Atty. Galicia dahil sa nagsinungaling ka sa kanya na hindi ka pala humarap sa kanya?

**MS. A. GUO.** Sen, I invoke my right po. Sorry po.

**SEN. VILLANUEVA.** And you do not care kung mayroong mapasama at matanggalan ng lisensya bilang abogado.

May kilala ka ba na Cherry na nandito ngayon, si Ms. Cherry Ordoña—Cheryl Medina, sorry. Kilala mo ba si Cheryl Medina? Ano mo siya, Ms. Alice?

**MS. A. GUO.** Nakikita ko po siya.

**SEN. VILLANUEVA.** Kilala mo siya?

**MS. A. GUO.** Kilala ko po siya.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay. Iyon lang naman iyong tanong ko.

Ms. Cheryl Medina, anong alam mo dito sa dokumento na ito na ipina-notarize kay Atty. Galicia? Anong participation mo dito, Ms. Cheryl?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Cheryl.

**MS. MEDINA.** Dito ko na po kayo titingnan.

**SEN. VILLANUEVA.** Yes, please.

**MS. MEDINA.** Sa notaryong iyan po, actually po, hindi ko talaga alam na iyang notaryong iyan ay iyon po iyong affidavit na iyan, na nakita ko na lang po sa dyaryo noong lumabas po.

**SEN. VILLANUEVA.** So, kalaunan, nalaman mo na iyan iyon?

**MS. MEDINA.** Yes po. Yes po, Your Honor.

**SEN. VILLANUEVA.** Kalaunan, ano. Kalaunan, nalaman mo na parte ka ng paper trail na ito. May tinawagan ka, mayroon kang

kinausap kasama si Ms. Kat, if I am not mistaken. Kat, kilala mo ba iyon, Cheryl?

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay. So, kinausap mo siya para mag-facilitate din nitong ni-notaryo na ito, tama po ba?

**MS. MEDINA.** Hindi po, Your Honor.

**SEN. VILLANUEVA.** So—

**MS. MEDINA.** Siya po—

**SEN. VILLANUEVA.** Okay, sige, ikwento mo.

**MS. MEDINA.** Tumawag po si Kat sa akin, nagtatanong lang po, kung mayroong abogado na magno-notaryo ng affidavit … /jlf/mms/agc

**MS. MEDINA.** … na magno-notaryo ng affidavit.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay. Tapos, anong naging sagot ninyo po?

**MS. MEDINA.** Ang sabi ko po, "Sa Sual po, wala talaga."

**SEN. VILLANUEVA.** Ano pa ho iyong alam ninyo tungkol dito?

**MS. MEDINA.** Pero mayroon po akong—parang ang nag-suggest-suggest lang, magtanong-tanong siya sa iba.

**SEN. VILLANUEVA.** At mayroon kang ibinigay na tao o pangalan na tinawagan ngayon ni Cath, is that correct?

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**SEN. VILLANUEVA.** Sino po itong tao na ito?

**MS. MEDINA.** Si Ka Dante po, Your Honor.

**SEN. VILLANUEVA.** Ka Dante. Okay. And then ito iyong kinausap ni Cath para i-facilitate itong pag-notaryo nitong dokumento na ito. Pero ang ating napag-alamanan na dito naman pumasok iyong traveling body ng barkada na si Gie(?). Si Gie naman iyong kumuha at nagpapirma at nag-facilitate nitong pag-notaryo na ito.

Alam niyo din po ba iyon, Ms. Cheryl?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** With the indulgence of Sen Joel. Follow-up lang, Ms. Cheryl.

**SEN. VILLANUEVA.** Yes, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Iyong Ka Dante, anong buong pangalan niya?

**MS. MEDINA.** Hindi ko po alam, Your Honor. Ka Dante lang po ang tawag.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Sen Joel.

**SEN. VILLANUEVA.** Yes, Ms. Cheryl, can you answer my question? Ano pa ho iyong alam ninyo doon sa napag-alamanan ninyo, na kalaunan, na ito pala iyon, na ito pala itong ipinano-notaryo o dokumento na itinawag po sa inyo?

**MS. MEDINA.** Actually po, noong sinabi ko po kay Cath na si Ka-Dante po, sabi ko kay Cath ibigay ko na lang iyong number, tapos sila na po ang mag-usap. Ganoon lang po, wala na po akong alam.

**SEN. VILLANUEVA.** At wala na ho kayong narinig kay Cath?

**MS. MEDINA.** Wala na po, Your Honor.

**SEN. VILLANUEVA.** At ang nangyari na lang po, narinig ninyo na lang sa mga balita na ito na nga po iyon?

**MS. MEDINA.** Yes po, Your Honor.

**SEN. VILLANUEVA.** Salamat, Ms. Cheryl.

Madam Chair, may I just ask one last question kay Alice. Iyon pong pinanggagalingan ng inyong kayamanan, napakarami po eh. Iyong SALN ninyo, tinitingnan ko po, 117.5 million, SALN December of 2023.

Saan po nanggagaling itong napakaraming pera? In fact, hindi nga ho kayang suportahan ng SALN ninyo itong mga karangyaan na naipakita na dito sa Committee na ito. Puwede ho bang malaman namin gaano kalaki iyong kinikita nitong mga negosyo po ninyo?

**MS. A. GUO.** Sen, I think may isinampa na pong kaso po sa akin sa AMLC, kaya, I refuse to answer po. Thank you po.

**SEN. VILLANUEVA.** Ganoon kalaki, ano? Nag-admit ka owning a helicopter; sa LTO records, mayroon ka labintatlong vehicles: may Jeep Gladiator Sport, Land Cruiser, Expedition, McLaren, *et cetera*, *et cetera*, ano? Masyadong malaki iyong iyong kayamanan talaga.

Sinabi mo rin na nakakapag-negosyo ka dahil binibigyan ka ng tatay mo. Minsan, kalahating milyon, one time; minsan, ₱1 million; ₱2 million. Ano naman iyong business ng tatay mo? Tatay mo ba itong si Jian Zhong Guo?

**MS. A. GUO.** Opo. Textile po iyong negosyo ng tatay ko po. At, Sen, wala, hindi po sa akin iyong McLaren. At iyong mga ibang sasakyan po na na-mention ninyo po kanina, baka iyong iba naibenta na po kasi wala na po sa akin iyong mga sasakyan na iyon ngayon.

**SEN. VILLANUEVA.** Okay. But it's immaterial because you have so much money and binabanggit mo itong fabric and embroidery business. Napakalaki pala. Ito lang ang negosyo ng iyong tatay?

**MS. A. GUO.** Textile po ang negosyo po niya sa China.

**SEN. VILLANUEVA.** Ganoon kalaki para kumita ng ganito karami, makapagpatayo ng maraming building. And based on LRA records, mayroong at least 32 land titles under his name. Would you agree? Would you know about it?

**MS. A. GUO.** Thirty-two titles po, under whose name po?

**SEN. VILLANUEVA.** Sa tatay ninyo po, he has, itong si Jian Zhong Guo.

Hindi mo alam. Narinig ko iyong sagot ng lawyer mo. Hindi mo alam.

**MS. A. GUO.** Hindi ko po alam.

**SEN. VILLANUEVA.** Hindi mo alam itong tatay mo. Kasi kung tatay ko ito, alam na alam ko.

Sino iyong mga kasosyo mo sa negosyo o kasosyo ng tatay mo na kakilala mo?

**MS. A. GUO.** Sen, wala po akong kakilala. Kami-kami lang.

**SEN. VILLANUEVA.** O last question ko na lang. Sige, dahil wala ka rin lang sasagutin sa tanong ko. Bakit mo pinapipirma si Shiela nang hindi niya naiintindihan? Bakit ka papirma nang papirma ng papel? Bakit hindi na lang ikaw ang pumirma? Bakit siya? Bakit ang dami mong pinapirmahan sa kaniya?

**MS. A. GUO.** [off-mike] Anong document?

**SEN. VILLANUEVA.** Because Shiela signed 96 times, Madam Chair, 96 documents, of which 66 were with general information sheets as a corporate secretary; 10 times for articles of incorporation as an incorporator; 20 times on audited financial statements as an auditor and chief financial officer. Mukhang galit na galit ka kay Shiela para papirmahan lahat ito.

**MS. A. GUO.** Sen, wala po ako maalala. Ido-double check ko rin po.

**SEN. VILLANUEVA.** So, wala kang maalala. Si Shiela kasi may naaalala. Kawawa naman itong close friend mo na idinidiin mo at ibinabaon mo at sigurado kami na mapaparusahan itong mga lumabag sa batas.

Iyon lamang po, Madam Chair. Maraming salamat po sa inyong oras at pasensiya. Thank you.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Maraming salamat din, Sen Joel.

So, next, we will have—unahin ko na si Majority Leader o Sen Francis, and then pagkatapos nila, si Sen Doroy, Sen JV, Sen Sherwin, and Sen Bong Go.

So, mayroon tayong mga isang oras bago tayo kailangang mag-session. So, if you can take 10 minutes each at least during this first round. Okay.

Majo, you have the floor.

**SEN. TOLENTINO.** Thank you, Madam Chair.

These are all related to my previous assertions during the opening of this hearing. Madam Chair, without prejudice to your earlier ruling that Ms. Guo would be returned to the custody of the PNP Custodial Center immediately after this hearing. I reiterate again that the Senate should be the primary institution that should take custody of Shiela Guo. At siguro, kung may matanong ako ritong ilang abogado—hindi na ikaw, Shiela, siguro.

Is there anybody here from the Ombudsman? Wala?

Anybody here from the Department of Justice?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, DOJ is here, Majo. Usec Ty.

**SEN. TOLENTINO.** Okay. Kahit sino sa inyo. Recitation lang nang kaunti ito. Sino ang gusto mauna?

Ikaw na lang.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Usec Ty, please.

**SEN. TOLENTINO.** Your name? Usec—?

**MR. TY.** Ty po, Madam Chair.

**SEN. TOLENTINO.** Basic criminal procedure, Criminal Law, Remedial Law—difference between venue and jurisdiction. In this case, na-file iyong case sa Capas, Tarlac. Is that considered the venue?

Maraming nakikinig, simple lang. Place where the case is brought.

**MR. TY.** Your Honor, for criminal cases, the venue is jurisdictional as well.

**SEN. TOLENTINO.** No, no, that's not my question.

Difference between venue and jurisdiction. The venue here is Capas.

**MR. TY.** Yes.

**SEN. TOLENTINO.** Earlier a while ago, during his opening statement, Senator Joel Villanueva mentioned something about Republic Act 10660. Iyong 10660 speaks of a venue wherein a municipal mayor here is concerned. Once an Ombudsman files a case, it has to be outside, even though she was dismissed, outside the judicial region where she holds office. She holds office in Tarlac, that's the third judicial region, and yet, where was the case filed?

**MR. TY.** It's filed in Capas, Tarlac, Your Honor.

**SEN. TOLENTINO.** And Capas, Tarlac, belongs to?

**MR. TY.** That judicial region, the third judicial region.

**SEN. TOLENTINO.** The same judicial region. So, in effect, it is a violation of Republic Act 10660. And now, when we come to jurisdiction, it will now refer to the power of the court to try to and decide here and decide cases.

Judge Santiago, you are not yet raising your hand. I will not be grading you.

So, tama ba iyon?

**MR. TY.** That is correct, Your Honor.

**SEN. TOLENTINO.** Tama iyon.

So, when the law speaks of, that it should be filed in another regional trial court outside the judicial region, when we look at Batas Pambansa 129, ano pong ibig sabihin nito? Iyong pinakamalapit sa Capas? Iyon ba iyon?

**MR. TY.** Silent po eh. Silent po iyong batas kung saan po ipa-file.

**SEN. TOLENTINO.** Silent iyong 106—.

**MR. TY.** One-zero-six-six-zero—yes, Your Honor.

**SEN. TOLENTINO.** So, it appears, Usec, you are not reviewing your law. So, bibigyan kita ng C.

There is a circular issued by the Office of the Court Administrator. There is a circular issued by the Court Administrator wherein it states that all cases … /ges/jacs/agc

**SEN. TOLENTINO.** … wherein it states that all cases related to 10660 should be filed in the nearest RTC of the next judicial region. I am now referring to Exhibit A—natango na si Judge Santiago—OCA Circular 211-2019. Nakalagay dito, "within three days from the filing of the case, where the accused or one of the accused is a public official"—when the case was filed, she was still a mayor—"the case shall be forwarded to the nearest RTC of the nearest judicial region from the judicial region where the official holds office, pursuant to Section 2 of Republic Act 10660." May example pa ho dito ang Supreme Court. Ang sabi ng Supreme Court, "For instance, a case filed before Branch 61 of RTC Gumaca, Quezon, may be forwarded to Branch 64 of RTC Labo, Camarines Norte." So, ibig sabihin, sang-ayon din po sa interpellation noon ni Senator Angara kay Senator Pimentel, to prevent influence from being exerted.

So, in this case, Usec, tama ba na sa Capas ifinile (file)?

**MR. TY.** Your Honor, this case, we weren't the ones who investigated this case.

**SEN. TOLENTINO.** Yes.

**MR. TY.** This is a case of corruption which is under the Ombudsman.

**SEN. TOLENTINO.** Hindi, hindi. Sagot ka lang. Tama bang sa Capas ifinile (file)?

**MR. TY.** Your Honor, on paper, mukhang may kaunting pagsalungat.

**SEN. TOLENTINO.** May kaunting mali?

**MR. TY.** Oo, may kaunting salungat sa batas.

**SEN. TOLENTINO.** Sa batas.

**MR. TY.** But mas mabuti siguro marinig natin ang Ombudsman.

**SEN. TOLENTINO.** Yes, yes.

**MR. TY.** Baka may paliwanag sila para dito.

**SEN. TOLENTINO.** Yes. The Ombudsman has an option, with all due respect to them, if they are listening. They can withdraw the information and refile it to the proper court.

Nakalagay po dito sa OCA circular, "within three days from the filing of the case, where the accused or one of the accused is a public official, the case shall be forwarded to the nearest RTC of the nearest judicial region."

Kailan po ifinile (file) itong case?

**MR. TY.** Noong same day na inuwi si Mayor Guo, kung hindi ako nagkakamali, that was Friday or Thursday last week.

**SEN. TOLENTINO.** So, you are referring to September 4? September 5?

**MR. TY.** September 5, Your Honor.

**SEN. TOLENTINO.** September 5. Kung September 5, ngayon po ay September 9, so—This is a mandatory duty on the part of the RTC, and with all due respect to the RTC of Tarlac, I would endeavor to ask the good Chairperson to write also, soonest possible time, the RTC judge of Tarlac. Maraming salamat sa tulong nila, Branch 109, pero mukhang mali iyong court.

So, pag mali, sir, iyong court—venue is jurisdictional, that was your statement a while ago—papaano po ito, quashable, motion to dismiss? Ano po ang puwedeng gawin ng—Tinuturuan pa natin iyong abogado dito ni ano. Ano iyong dapat gawin?

**MR. TY.** Maaari pong maging option iyon ng akusado, Your Honor. But, again, hintayin natin ang Ombudsman, baka may paliwanag sila kung bakit doon nila isinalang.

**SEN. TOLENTINO.** Hindi. Ang paliwanag nila, wala kasing damages. So, tama sila, walang damages sa RTC. But the venue here, as what you mentioned, is jurisdictional because this is a criminal case.

So, sinukat ko po iyan, sir, Madam Chairperson, sinukat ko po. Ang dami kong mapang ginawa kagabi. From Capas, the nearest RTC

would be Region I. And Region I, ang pinakamalapit po is Urdaneta City, Urdaneta, Pangasinan. Iyon po ay sa first judicial region. But since the name of a Pangasinan mayor was likewise implicated here, ay baka naman magkaroon din ng influence. So, hindi po pupuwede sa Region I.

So, iyong pangalawang sinukat ko po—nandito iyong mga mapa ng mga husgado—iyong pangalawang sinukat ko na malapit-lapit is Region II, sa Santa Fe—ang layo na po—Nueva Vizcaya. Ang kaniya pong regional trial court is 100 to 120 kilometers away from Capas, which is in Bayombong, Nueva Vizcaya. Ang layo na po noon. And yet, iyong custodial facility ay sa Camp Crame.

Sinukat ko rin po iyong pinakamalapit na makakatulong—tinutulungan na natin lahat dito. Ang pinakamalapit po is Valenzuela City, Metro Manila, which is 95 to 100 kilometers away from Capas. Doon talaga po ito papatak, Valenzuela City, near to Camp Crame. And I think one of our colleagues here is from Valenzuela City.

So, tama po ba ako, Usec?

**MR. TY.** Maaari po iyon.

**SEN. TOLENTINO.** Maaaring tama?

**MR. TY.** Ang nakalagay po sa batas ay, "file the same to the proper court."

**SEN. TOLENTINO.** Proper court. So, again, this is the quandary right now, ngayon po—iyan, may mapa pala diyan—medyo may mali tayo nang napag-file-an. While we are talking of the arrest, the rights of the accused, the rights likewise of the government, kung mali po itong napag-file-an natin, sino po ngayon—halimbawa, mali po iyong court. Tama po ba iyong court kung walang jurisdiction na mag-issue rin ng warrant of arrest?

**MR. TY.** Walang bisa po iyon, Your Honor.

**SEN. TOLENTINO.** Wala. Invalid iyong warrant of arrest. My God, invalid iyong warrant of arrest.

So, pag titingnan po natin, as we speak, 2:20 p.m., iisa na lang po ang natitirang warrant of arrest na valid, the warrant of arrest coming from the Senate, the Senate of the Philippines. So, sino po ang may karapatang mag-issue ng direktiba kung saan ide-detain? Is it the court without jurisdiction, or is it the Senate of the Philippines, which has acquired jurisdiction? And, in fact, the warrant of the Senate was the one used when Ms. Guo was arrested in Indonesia.

Usec?

**MR. TY.** Your Honor, baka magandang makipag-ugnayan ang Senado sa Korte upang maresolba ang tanong na iyan.

**SEN. TOLENTINO.** Yes. We really want to help the court. Gusto namin, si Branch 109, ilipat na niya sa Valenzuela. But this is the dilemma, hindi basta-basta ho ililipat iyan sa Valenzuela because Valenzuela is a multi-sala RTC, magkakaroon pa ng raffle. Alam ni Judge Santiago iyan. Siguro ang raffle niyan, baka sa Huwebes na kung ano pa. And, yet, we are doing this, we are having discussions here. So, legality wise, may mga kaunting problema. Para mawala lahat iyon, ang Senate pa rin ang may jurisdiction.

Tama po ba ako, Usec? Mukhang may abogado ka na diyan na nagtuturo sa iyo. "D" na iyong ibibigay ko sa iyo. Tama?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Before the Usec answers, Majo, I think Asec Benitez would like to interject.

DILG, ano, sir?

**SEN. TOLENTINO.** DILG, yes.

**MR. BENITEZ.** Yes, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, DILG, please, Asec.

**MR. BENITEZ.** Magandang hapon po.

**SEN. TOLENTINO.** You were the complainant, ano?

**MR. BENITEZ.** The Department, yes.

**SEN. TOLENTINO.** Yes. Go ahead.

**MR. BENITEZ.** Your Honor, please.

**SEN. TOLENTINO.** You are the existing counsel of DOJ?

**MR. BENITEZ.** Not yet, Your Honor.

**SEN. TOLENTINO.** Go ahead. Biro lang iyon.

**MR. TY.** Your Honor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Usec Ty.

**MR. TY.** Hindi pa—It is still the Ombudsman and the Office of the Special Prosecutor who's handling the case. Wala pa pong delegation sa mga prosecutor namin.

**SEN. TOLENTINO.** The DOJ would want to interject.

**MR. TY.** Yes, sir.

**SEN. TOLENTINO.** Okay.

**MR. BENITEZ.** Sir, again, Your Honors, please, I just would like to express a manifestation that we agree with the position of the Undersecretary from the DOJ that it is at best, we listen to the pronouncement or the explanation of the Office of the Ombudsman. Now, for all legal intents and purposes, I believe that there is a wisdom now behind the referral of the Office of the Ombudsman of the filing of the criminal case before the RTC of Capas, Tarlac.

**SEN. TOLENTINO.** What is the wisdom?

**MR. BENITEZ.** No, this is just an observation, Mr. Chair.

**SEN. TOLENTINO.** Preserved evidence?

**MR. BENITEZ.** The law is very clear that as far as venue, as the good Senator articulated earlier, that venue should be held in the RTC of a judicial region other than where the official holds office.

**SEN. TOLENTINO.** Other than. Underscore "other than."

**MR. BENITEZ.** Yes, "other than where the official holds office." Now, maybe this is just an observation, Mr. Chair, that, probably—probably, now, a possible way of reconciling some misunderstood portion here is, maybe the benchmark here is that the Office of the Ombudsman believes that at the time the information was referred for filing before the RTC of Tarlac is that the good mayor is no longer an incumbent official.

**SEN. TOLENTINO.** I just mentioned a while ago that the OCA circular, Office of the Court Administrator, took cognizance of the spirit behind the law, and that is to prevent influence, exert influence. Ang tagal nag-mayor nito. Talagang maimpluwensiya pa siya doon, hindi ba?

**MR. BENITEZ.** Yes, Mr. Chair.

**SEN. TOLENTINO.** So, when the crime took place, mayor pa siya, hindi ba ho? So, siguro immaterial iyon, but we leave that to the Ombudsman.

**MR. BENITEZ.** Yes.

**SEN. TOLENTINO.** So, ang sinabi ko, the Ombudsman can withdraw the information and file another case.

**MR. BENITEZ.** Yes, Your Honor.

**SEN. TOLENTINO.** But in the meantime, ano ang gagawin natin?

**MR. BENITEZ.** Again, just one point, Mr. Chair.

**SEN. TOLENTINO.** Yes, go ahead.

**MR. BENITEZ.** I do believe that the law made critical mention of the filing of the information as the proper reckoning point of which particular court would acquire exclusive regional jurisdiction and which particular court should be stamped with the proper venue. … */pgpc/imjv/agc*

**MR. BENITEZ.** … should be stamped with the proper venue.

**SEN. TOLENTINO.** But you should look at the interpellations for purposes of statutory construction.

**MR. BENITEZ.** I agree with that, Your Honor.

**SEN. TOLENTINO.** 10660, the debate between Senator Angara and Senator Pimentel.

**MR. BENITEZ.** Anyway, Mr. Chair, that is only a point of observation, and it is at best—

**SEN. TOLENTINO.** Para mahalaga siguro ilipat na kaysa maisahan kayo ng abogado nila, mag-move pa ng—mag-*quashal* pa iyong mga iyan, na-dismiss pa, hindi ba? Magtulungan na tayo rito.

**MR. BENITEZ.** We will do that, Mr. Chair.

**SEN. TOLENTINO.** Madam Chair, maliwanag po ito na—ang sa tingin ko para mas maayos iyong lahat, the court that should have exclusive jurisdiction—ito lang iyong tingin ko, iyong pinakamalapit dahil kinumpute (compute) ko na lahat, and this is just a matter of procedural law, it should be the Regional Trial Court of Metro Manila and that probably would be the Regional Trial Court of Valenzuela City.

So, uulitin ko po, the issue here is my previous proposal that i-retain na natin ang custody kay Ms. Guo kasi tayo lang iyong legal ngayon—sa tingin ko, tayo lang iyong may legal na warrant of arrest.

But since the good Chairperson has already made a ruling that she be returned to the custodial center, her original stint in the custodial center was based on, as what the usec said—ako na ito, a flawed jurisdictional application of 10660. Walang jurisdiction si RTC Capas. Papaano ka mag-i-issue ng mga order? Although, the Senate Committee was very cordial enough to ask for permission to seek the permission of the good judge that she be allowed to attend the hearing today in today's hearing.

But, for purposes of legality, Madam Chair, palagay ko, ang Senado po ang tama. Tayo po ang unang nag-issue ng warrant of arrest. Ito iyong kinilala sa Indonesia. At mayroong kaunting problema doon sa Capas, unless mai-file nila hanggang Huwebes—pero three days nga lang dapat, three days lang. September 9 na ngayon.

With that, Madam Chair, I reiterate my previous motion that the Senate take custody of Ms. Alice Guo and that she be detained in the Senate premises without prejudice to any ruling of the good Chairperson as to her transfer to another facility where she would be more safe,

considering the repeated discussions about death threats and without prejudice likewise to our continuing engagements and dialogue with the Regional Trial Court of Capas, Tarlac, a coequal branch of government, which this Committee should likewise respect. I so move, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat, Majority Leader.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** I second the motion, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** I was about to say—the Chair was about to say, bago may mag-second or posibleng object sa motion ng Majority Leader, mayroong gustong i-reiterate iyong Chair sa naunang ruling at dagdagan din. And I think one thing that this very rich discussion shows ay—Diyos ko po!—iyong lahat na ng separate at coequal branches of government ay nag-aabala sa kasong ito ni Alice Guo at sa lahat ng mga kaso ng POGOs.

Earlier, the Chair ruled that Alice Guo is to remain in the custody of the Senate until the conclusion of this Committee's inquiry. And this Committee will coordinate with any court ordering your detention.

Later, dinagdagan ko nito na—the Chair is clarifying that while Alice Guo is in contempt of the Senate, she will remain in PNP custody. But if she posts bail, she will be taken to the Senate.

And now we hear this very strongly argued motion by the Majority Leader, duly seconded. The Chair would have wanted to say without prejudice sa maaaring paglilinaw at pagtutulungan sa pagitan ng DILG at saka DOJ. That in the quick meantime, opo, susulat kami sa korte, as the Chair had done to the judge. At na-appreciate ko iyong pagpapayag nila na nandito ngayon si Ms. Alice para sumagot sa atin.

The Committee will write again to the Chair and to the Office of the Ombudsman. Until we get some quick answers from those two good bodies na maaaring gumabay sa atin. Otherwise, Ms. Alice will remain in PNP custody.

Your concerns are very, very well-taken, Majority Leader and Sen Doroy. But until this legal issue is decided, we will respect the judiciary until the termination of proceedings, good Majority Leader.

**SEN. TOLENTINO.** Can we have a minute suspension?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, we declare a minute suspension for us to deliberate.

**[THE HEARING WAS SUSPENDED AT 2:26 P.M.]**

**[THE HEARING WAS RESUMED AT 2:27 P.M.]**

**SEN. TOLENTINO.** Ready to resume, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hearing is resumed.

Yes, Majority Leader.

**SEN. TOLENTINO.** Madam Chair, just a quick manifestation. I submit to the decision of the Chair, the Committee. I likewise would want to reiterate the cordial relations between this Committee and the Judiciary, as well as the Executive Branch which has to be maintained for all intents and purposes.

I would like to thank Senator Dela Rosa likewise for his seconding the motion.

So, with that, Madam Chair, I leave it to the body to write the appropriate communications to the presiding judge of Branch 109—106 or 109 of Capas Regional Trial Court, as well as the Office of the Ombudsman to clarify all of these things.

Maraming salamat po, Madam Chair. And I yield the floor.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Maraming salamat din po, Majority Leader.

Salamat kaayo, Sen Doroy.

Just as a last point on this discussion, questioning the jurisdiction of the court is valid, but this Senate investigation—there may be a more proper venue. And the Committee will write the good court and the Office of the Ombudsman. Salamat po.

Now, we have—yes, we still have half an hour, and four more colleagues to pose their questions. Next will be Sen Doroy.

You have the floor, sir.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Madam Chair, I want to yield my—Madam Chair, just a question to the chairman, Madam Chairman.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Magkakaroon pa ba tayo ng executive session o wala na? Mayroon pa ba tayong gustong malaman galing sa kaniya na i-share niya during executive session?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Tama naman kayo, Sen Doroy, may gusto pa tayong malaman. Pero kanina there were serious concerns and objections doon sa motion po natin na mag-executive session.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Okay. That is just a clarification, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat kaayo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** Thank you, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat kaayo.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DELA ROSA).** I yield to Senator Bong Go, Madam Chair.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat.

Actually, next in line po is Sen JV, and then Sen Sherwin, and then Sen Bong Go.

Salamat kaayo.

**SEN. EJERCITO.** Thank you, Madam Chair.

Anyway, take advantage na rin po ako nandito si Alice.

Kasi po, base sa iyong mga salaysay, nakikinig ako sa mga hearings mula noon, ang iyong salaysay talagang lumaki ka sa Tarlac, tama ba? Lumaki sa farm … /mpm/peg/agc

**SEN. EJERCITO.** … Lumaki sa farm, hindi ba, iyan ang iyong, tama ba, iyong istorya mo? Puwede mong paki-confirm lang.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Yes po, Sen.

**SEN. EJERCITO.** Kasi, Madam Chair, kung lumaki ka talaga sa probinsya, halimbawa, sa Tarlac, ang ano doon, lumaki ka sa "bukid." Bihira ang gumagamit ng "farm" doon, hindi ba? Parang iyon ang ano, kapag nagtanong ka ng taga-probinsya, madalas, "Doon po ako sa bukid." So, bakit po ganoon?

At saka ang sabi rin kanina ay may ebidensiya rin na nag-aral kayo dito sa Grace Christian. Mako-confirm ninyo ba iyon?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Bago sumagot si Ms. Alice, the Chair would like to recognize the presence of Sen Robin. *Shukran.*

Please proceed.

**MS. A. GUO.** Sen, iyong term po na "bukid" po, kung hindi po ako nagkakamali po, para siya mga rice field farming po. Iyong sa amin po kasi pig farming po.

**SEN. EJERCITO.** Iyon nga. Hindi kasi kung talagang lumaki ka probinsya, talagang ang tawag sa "farm," "bukid." Kaya iyon lang po, just an observation, Madam Chair.

Doon po sa inyong entry sa politics, siyempre, natanong din po iyan, ang sabi ninyo rin po, ito ay inyong childhood dream. Siguro puwede ninyo lang bahagya i-narrate kung sino po ang talagang nag-encourage sa inyo tumakbo at tumulong sa inyo na makapasok sa pulitika?

**MS. A. GUO.** Sen, wala naman pong nag-encourage po sa akin. Talagang ako lang po may gusto. At noong sa campaign period po, isa rin pong tumulong po sa akin na nagbigay po sa akin ng mga leaders, mga tao ay iyong former na mayor po namin. Iyon lang po.

**SEN. EJERCITO.** Opo, iyong si Mayor Feliciano kanina po ay nagsalita na. Mukhang siya po ang iyong taga-suporta, pero natanong na siya po kanina.

Iyon pong nabanggit ninyo rin kanina, interesado po ako doon sa iyong pagtakas, iyong narration. At iyong ibinigay ninyo kaninang pangalan, iyong isang tumulong sa inyo na nag-ayos noong iyong sasakayan na yate, ang sabi mo kanina, nagalit ka pa, pinagalitan mo siya. Bakit nga pala kayo nagalit sa kanya?

**MS. A. GUO.** Sen, hindi naman pong galit pero masama po iyong loob ko po. For security reason po talaga, Sen, ayaw ko po siya i-discuss po sa public.

**SEN. EJERCITO.** So, hindi naman nagalit. Sumama loob ninyo sa kanya. So, ibig sabihin, kaya ninyong sumama ang loob kung medyo nagalit kayo sa kanya, may utang na loob ba siya sa inyo dahil may negosyo siya sa Bamban o may kinalaman siya sa mga POGO doon?

**MS. A. GUO.** Sen, for my own security po, I refuse to answer that question po. Sorry po talaga.

**SEN. EJERCITO.** Tungkol naman doon sa inyong pagtakas, tulad nito, iisang tao ba ang may-ari ng yate at iyong taong nagbanta sa inyo?

**MS. A. GUO.** Sen, wala po akong idea po doon sa mismong may-ari po ng yate po.

**SEN. EJERCITO.** Itong may-ari ng yate, kanina sabi mo, pinagsalitaan mo siya. Muli, tinatanong ko, hindi kaya siya natakot kaya ginawan niya ng paraan na ikaw ay makatakas? Na baka siya ay masangkot, ma-expose sa Senate hearing kaya siya ay nag-initiate. Sabi mo kanina, ikaw ay tinakas. Hindi ikaw ang tumakas. Mayroong nag-initiate para mai-smuggle ka palabas ng Pilipinas. Hindi kaya dahil takot siya na malaman ang kanyang pagkatao rito?

**MS. A. GUO.** Sen, possible po. Pero for that question po, for my own safety po, ayoko ko po siya i-discuss po sa public po.

**SEN. EJERCITO.** Okay, sige po. At least, sinubukan po natin.

Doon po sa PNP, any representative sa PNP?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Yes, General Tacaca.

**MR. TACACA.** Good afternoon, sir.

**SEN. EJERCITO.** Yes. General Tacaca, according to news reports of May this year ay si General Marbil, ang ating chief, PNP, nag-direct sa CIDG at sa IG to investigate alleged ties to CCP that was circulating on social media. Anything significant that turned up in this investigation?

**MR. TACACA.** So far, sir, wala po akong personal na idea. But we will check on that, sir.

**SEN. EJERCITO.** That's a very important investigation.

Kasi nga ang worry natin, Madam Chair, iyong pagpasok ng mga Chinese na CCP-funded, just like Ms. Guo, na nakapasok sa atin pong politika, in this case, mayor na. Baka mamaya, may governor at lahat.

And matagal na ho ito. You should submit already to this Committee anything significant with this investigation.

**MR. TACACA.** Yes, Your Honor. I will check the updates of that investigation, Your Honor.

**SEN. EJERCITO.** Doon naman po sa kanyang claim na mayroon pong death threats, were you able to substantiate these claims? Sabi po niya kay SILG at kay chief, PNP na may death threats. Any initial reports

that would substantiate itong claim na mayroon pong death threats si Ms. Guo?

**MR. TACACA.** Your Honor, wala pa po kaming nakukuha sa kanya na formal na report with regard to her alleged death threat, Your Honor.

**SEN. EJERCITO.** Wala pa ho siyang report?

**MR. TACACA.** Wala pa ho siyang report na formally na binigay po sa Philippine National Police, Your Honor.

**SEN. EJERCITO.** Siguro you can ask DOJ also. Based on the news report, sabi ni Assistant Secretary Mico Clavano, the DOJ is doing its best to complete their investigation.

Siguro si Usec Nicholas Ty. Any preliminary result of the investigation? Kasi po iyong istorya po nila Shiela at Alice Guo, iyon pong they went to Sabah or Malaysia by boat, narinig ko rin na si DOJ secretary does not agree with it. So, would you confirm this na iba po ang theory ng DOJ dito at NBI?

**MR. TY.** We confirm, Madam Chair, that the secretary of Justice doesn't believe the story that the Guo siblings went through the very dangerous and inconvenient route of a lot of boats in waters that are very dangerous. Pero kami naman, bukas kami sa lahat ng posibilidad. Tuloy pa rin ang pagsisiyasat kung paano nakalabas ng totoo ang mga Guo siblings at ilalabas namin iyan sa tamang panahon.

**SEN. EJERCITO.** So, ongoing pa ho iyong investigation?

And ang ano natin dito, what we really are interested in, Madam Chair, is iyong siguro those who aided Ms. Guo, especially those in the government agencies.

So, ang DOJ, medyo skeptical doon sa boat story. Ang PAOCC naman—siguro nandito na si Gilbert Cruz—ano po ang initial investigation ninyo? Either southern backdoor o mayroon na ba kayong—possible na ito ay by private plane? Or do you confirm iyong story din?

Sige, si Usec Gilbert na lang.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Usec Cruz.

**MR. CRUZ.** Yes, Madam Chair.

We have some information but, sir, we need some confirmation pa rin. So, we will just coordinate with the DOJ, sir, for the confirmation.

**SEN. EJERCITO.** Okay.

Madam Chair, siguro last na po itong ano siguro sa DOJ. I came across a news article this morning regarding the possibility of Alice Guo as a state witness, it is possible, if it leads to POGO mastermind. And I do believe, Madam Chair, also na Si Ms. Alice Guo is just a pawn of a web of international syndicate.

Ano po ang magiging qualification, Usec Nicholas Ty, for her to become a state witness, given the chance, kung sasabihin ba niya iyong mga talagang big bosses, international big bosses ng this triad or this syndicate? So, does that qualify her to become a state witness?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Usec Ty.

**MR. TY.** Your Honor, sa ngayon, wala po talagang kahit anong usapin na maging state witness si Alice Guo.

Sa Witness Protection Law natin, madaming requirements bago maging state witness. Isa na doon, hindi siya ang most guilty. Tapos bukod doon, kailangan makabuluhan iyong sinasabi niya, magagamit sa kaso, mako-corroborate ng ibang mga witness. Tapos dadaan ito sa mahaba-habang proseso. Kailangan muna siyang ma-charge sa korte, tapos kailangan makumbinse kami na ihiling sa korte na i-discharge siya for state witness. At kailangan may pahintulot din ang korte. So, hindi po basta-basta ito. At sa ngayon, klaro po, wala pong ganoong usapin.

**SEN. EJERCITO.** Thank you, Usec Nicholas.

Alice, alam kong sinasabi mong natatakot ka sa iyong safety, pero siguro narinig mo naman na kung saka-sakaling ituturo mo kung sino iyong talagang mga nasa likuran nitong mga krimen, nitong sindikato na nagpapatakbo nito ay malaki maitutulong mo. Kung talagang may pagmamalasakit ka … /jbc/alicc/agc

**SEN. EJERCITO.** … Kung talagang may pagmamalasakit ka at talagang sinasabi mong dito ka ipinanganak ay malaki ang maitutulong mo, especially in this Committee kung sasabihin mo. So, naiisip mo ba puwede mong sabihin kung sino ang nasa likuran nitong mga krimen na ito, I mean, nitong mga pag-setup nitong mga syndicate nitong mga POGO na ito?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice?

**MS. A. GUO.** Sen, I refuse to answer for that question po sa aking security po. Sorry po talaga.

**SEN. EJERCITO.** Okay. Madam Chair, thank you. That is all for me.

But before I end, I just want to give you this executive order from Mayor Calugay na—siguro itanong ninyo ang reason. Nag-issue ng EO assigning an acting mayor. I think he will be very vital in our succeeding hearings, Your Honor.

Madam Chair, thank you.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you, Sen JV.

So, ni-receive ko po iyong Executive Order No. 045, Series of 2024, an order designating Vice Mayor John Christopher A. Arcinue as acting municipal mayor of the Municipality of Sual, Pangasinan, from September 9, 2024 to September 13, 2024. So, apat na araw lamang.

Harinawa, within those four days, makadalo na finally si Mayor Calugay sa ating pagdinig.

So, salamat, Sen JV.

Now, you have the floor, Sen Sherwin.

**SEN. GATCHALIAN.** Thank you, Madam Chairperson.

I will take off where Senator Villanueva and Senator Ejercito ended at didirekta ko po iyong aking katanungan kay Ms. Guo Hua Ping. And iba dito ay natanong ko na noong nandito siya last May 22, but itatanong ko na lang ulit dahil medyo matagal-tagal na iyon.

Humingi kami ng iyong tax returns during that time at nag-submit ka ng dalawang tax returns for 2022, 2023. Ito ay noong mayor ka. Kaya talagang automatic, ang gobyerno magde-deduct sa suweldo ng isang salaried civil servant.

Gusto kong matanong, bago ka naging mayor, saan ka kumukuha ng income? Anong source ng income mo?

**MS. A. GUO.** Sen, sa business po.

**SEN. GATCHALIAN.** Sa business. Anong business iyon?

**MS. A. GUO.** Piggery po.

**SEN. GATCHALIAN.** Piggery. Which particular company? Kasi marami kayong kumpanya, hindi ba? Tiningnan ko, may more than a

dozen companies ang inyong kumpanya. So saan ka kumukuha ng income?

**MS. A. GUO.** Sa mismong piggery business po.

**SEN. GATCHALIAN.** Which is?

**MS. A. GUO.** [off-mike] Ano iyong mga dineclare (declare) natin?

**SEN. GATCHALIAN.** Ano iyong kumpanya na iyon?

**MS. A. GUO.** QJJ Farm po.

**SEN. GATCHALIAN.** QJJ Farm. So dito ka kumukuha ng income?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** In the form of anong klaseng income? Anong klaseng income ang ibinibigay sa iyo ng QJJ Farm?

**MS. A. GUO.** Ako po iyong nagma-manage po noong business po.

**SEN. GATCHALIAN.** So, may suweldo ka doon?

**MS. A. GUO.** Opo. Ako na po iyong nagma-manage po talaga.

**SEN. GATCHALIAN.** Oo nga. Pag nagma-manage ka, may suweldo ka?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** Tama?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** Magkano ang suweldo mo?

**MS. A. GUO.** Hindi po suweldo na salary po. Sa akin na po iyong business po.

**SEN. GATCHALIAN.** What do you mean? Linawin mo iyong sagot mo, Ms. Guo. Nagma-manage ka ng QJJ Farm, hindi ba, this is your family business? Mayroon ba kayong—mayroon ka bang suweldo na nakukuha sa kanya?

**MS. A. GUO.** Hindi po siya exactly suweldo po kasi parang sa akin na po siya, ganoon.

**SEN. GATCHALIAN.** So, anong klase? May dibidendo ka bang nakukuha sa kanya?

**MS. A. GUO.** Mismo sa ano, sa business po, doon ako kumukuha ng ano po, ng pang-expenses ko rin po.

**SEN. GATCHALIAN.** Magkano ang kinukuha mo every month?

**MS. A. GUO.** Wala po siyang ano, wala po siyang—

**SEN. GATCHALIAN.** More or less lang, bigyan mo lang kami ng ballpark figure.

**MS. A. GUO.** Wala naman pong more or less po, pagka may kailangan po.

**SEN. GATCHALIAN.** For example lang, in the last—bago ka naging mayor. The last 12 months bago ka naging mayor, magkano

ang kinukuha mo? On the average lang. More or less lang, bigyan mo lang kami ng idea.

**MS. A. GUO.** Opo, Sen.

**SEN. GATCHALIAN.** Kasi ikaw ang nagma-manage niyan, ikaw may-ari noon, hindi ba? So, kaya mong diktahan kung magkano pumupunta sa iyo, whether through income or through dividend. So, magkano iyong nakukuha mo?

**MS. A. GUO.** Wala po akong maibigay po na exact po. Basta pag kailangan po, kumukuha po ako doon.

**SEN. GATCHALIAN.** Hindi. Ano ba, 50,000? 100,000? More or less lang.

**MS. A. GUO.** Hindi ko po sure sa amount.

**SEN. GATCHALIAN.** Pero kumukuha ka doon?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** Okay. Noong kinukuha mo iyon, ibinabalik mo? O sa iyo na iyon?

**MS. A. GUO.** Sa akin na po.

**SEN. GATCHALIAN.** Sa iyo na iyon?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** So parang income mo na rin iyon galing sa kumpanya?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** At nire-record mo iyan sa libro? O kinukuha mo lang sa kahera?

**MS. A. GUO.** Ah—kinukuha ko lang po.

**SEN. GATCHALIAN.** Kinukuha mo lang.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** Hindi mo nire-record sa libro?

**MS. A. GUO.** Kinukuha ko lang po.

**SEN. GATCHALIAN.** Kinukuha mo lang. Okay.

Dahil iyong kanina, ipinakita nga ni Senator Joel iyong SALN mo at lumalabas—ipakita ko lang muna iyong financial statements ng QJJ Farm. Kasi Iyong QJJ Farm, nakita namin na hindi naman siya ganoon kalaki ang kanyang kita. Ipakita lang namin. Iyan.

So, in—iyan, medyo mabagal lang ang internet. In 2022, negative 954(?); in 2021, 81,000 iyong kanyang net income. So iyan iyong kanyang kita sa QJJ Farm na sinabi mo, iyan ang main income source mo. Pero ang iyong SALN, ang net worth mo is 177 million. So, inaano namin, pinag-aaralan namin saan galing iyong income stream mo. Dahil mayroon kang net worth of 177 million, pero ang QJJ Farm ay, at the very least, maliit lang iyong kanyang kita. Ipakita lang namin.

Iyan. So, 177 million iyong net worth mo. At tiningnan rin namin iyong mga tax returns mo, natuklasan, based on our research, dalawang beses ka lang nag-file ng tax return mo, in 2011 at 2016. Iyan. So, nagbayad ka lang sa gobyerno ng 14,000 in 2011; in 2016, 24,000. And yet, iyong net worth mo is 177 million.

So, saan ba nanggagaling iyong iyong income stream, hindi ba? Kahit na sinabi mong kumukuha ka sa QJJ Farm, pero iyong QJJ Farm naman, at very least—at the very most nga, 91,000 lang iyong kita. Saan ka kumukuha ng iyong pangbili ng mga assets mo?

**MS. A. GUO.** Sen Win, in due respect po, I think I have a pending case po sa BIR. I invoke my right against self-incrimination.

**SEN. GATCHALIAN.** Iyong pending case mo is because of that transfer—allegedly, nagbenta ka ng shares mo from Baofu Land to Mr. Jack Uy.

**MS. A. GUO.** And AMLC po. And I have pending case din po sa AMLC.

**SEN. GATCHALIAN.** No. But this has nothing to do with AMLC. This has nothing to do with your tax evasion case. So wala namang connection siya sa tax evasion case mo kasi iyong tax evasion case mo is iyong pagbenta mo ng shares mo kay Jack Uy.

**MS. A. GUO.** Opo. Pero sa dami po ng cases po naka-file po sa akin, nagwo-worry din po ako lahat na isasagot ko po dito might be use against me po. Sorry po, Sen.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Sen Sherwin, before you continue.

**SEN. GATCHALIAN.** Yes, go ahead. Go ahead, ma'am.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Para sa kaalaman lamang ng lahat, pumayag si Senate President na magse-session tayo by 3:20. So hard stop na po natin before then, so that sina Sen Bong Go and Sen Robin ay makapagtanong pa. Salamat po.

Please proceed, Sen Sherwin.

**SEN. GATCHALIAN.** Sige. Thank you. Thank you, Madam Chairman.

Tatalon ako sa isang question, but related, at natanong ko na rin ito last time, kasi hindi ko pa rin ma-figure out kung paano natayo iyong POGO hub sa Bamban. Dahil kinos (cost) out namin iyong POGO hub sa Bamban, lumalabas na, at the very least, is about ₱6.1 billion. Ipapakita namin. At based sa mga dokumento at doon sa hearing din natin, Ms. Guo, kayo ang nag-apply ng LONO, kayo nag-apply ng mga building permit. And I understand from your testimony last time … /*rpc/jmb/agc*

**SEN. GATCHALIAN.** ... from your testimony last time na ang Baofu is the landowner and the lessor. Tama po ba? Do you confirm this again?

**MS. A. GUO.** Before po ako nag-divest po, sa akin po iyong lupa. After po ako nag-divest po, hindi ko na po alam sa kanila.

**SEN. GATCHALIAN.** Correct, correct. Pero nasabi mo in your first hearing na ang Baofu Land ay siya iyong lessor dito sa mga POGO na mag-o-operate, tama? At based din doon sa mga dokumento, nakita namin, from building permit to fire safety permit to occupancy permit, ikaw ang nag-apply lahat nito.

**MS. A. GUO.** Nag-apply po ako, Sen Win, ng dahil sa akin pa po iyong lupa that time. After po ako nag-divest po, hindi na po ako nakialam.

**SEN. GATCHALIAN.** Nag-divest ka is noong naging mayor ka na, correct?

**MS. A. GUO.** I think hindi po. Hindi pa po ako mayor po noon.

**SEN. GATCHALIAN.** Kailan ka nag-divest?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po alam po iyong exact date po doon sa documents po pero—

**SEN. GATCHALIAN.** Pero sabihin na natin, from 2019 all the way, let us say, to 2022, ikaw pa rin ang nakapangalan doon as

president? Hindi ba, as president? Ikaw pa rin ang nakapangalan sa Baofu as president, tama?

**MS. A. GUO.** Opo, Sen. After po ako nag-divest, hindi ko na po alam sa kanila.

**SEN. GATCHALIAN.** Correct.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** But from 2019 to 2022, ikaw ang president ng Baofu, correct?

**MS. A. GUO.** Hindi po ako sure kung hanggang 2021 or 2022 po, in the records.

**SEN. GATCHALIAN.** But ikaw ang nag-apply ng lahat, correct? Nang building permit, ng LONO, ng fire safety permit, lahat ng permit for Baofu until nag-divest ka, correct?

**MS. A. GUO.** Isa po ako tumulong.

**SEN. GATCHALIAN.** Okay.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** But iyong pangalan mo, nandoon.

**MS. A. GUO.** Opo, isa po ako.

**SEN. GATCHALIAN.** That is the record. Ngayon, ang tanong ko sa iyo is, since kayo ang nag-apply ng mga permit, sino iyong contractor nitong corporation na ito? At sino iyong mga ginamit ninyong

mga—tinanong ko na ito, but tatanungin ko ulit para ma-recall nating lahat. Sino iyong contractor? Sino iyong mga nag-supply ng labor, and all that? Sinong nag-supply ng labor? Sinong nag-supply ng heavy equipment? Sino iyong mga iyon?

**MS. A. GUO.** Sen, honestly, wala po akong idea pero puwede ko pong kunin iyong details at i-provide po sa inyo. Ang alam ko po, ang contractor po is Chinese po iyong contractor. Hindi po ako kausap kaya hindi ko po alam pero makukuha ko din naman po iyong details po kung kailangan ninyo po. Puwede ko po i-coordinate po.

**SEN. GATCHALIAN.** Sige, i-supply mo na lang dito sa Committee iyong mga detalye ng sino iyong—ito, iyong ipinapakita ko sa slide, 6.1 billion iyong cost nitong lupa na ito.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** Maraming buildings ang itinayo diyan at hindi naman iyan puwedeng parang kabute na lang na lalabas, hindi ba?

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** May nag-construct niyan.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** At kayo, bilang 50 percent owner ng Baofu, kayo ang nag-apply ng permit, obviously, kayo ang may kinalaman sa nag-construct nito?

**MS. A. GUO.** Sen, katulad po noong na-mention ko po kanina, wala po akong kinalaman. Pero puwede ko pong kunin iyong details, ipo-provide ko po sa inyo.

**SEN. GATCHALIAN.** Sige, mamaya pag-usapan natin ulit iyan.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** Sino ang nag-finance nitong POGO sa Bamban? Sino ang nag-finance? Sino ang nagpasok nitong billion peso para maitayo iyong Bamban na POGO hub?

**MS. A. GUO.** Sen, after ko po nag-divest, hindi ko na po alam. Pero before po ako nag-divest po, iyong isang Chinese po ang nag-approach po sa akin.

**SEN. GATCHALIAN.** Sino iyong Chinese na iyon?

**MS. A. GUO.** Isa rin po siyang incorporator po ng Baofu po.

**SEN. GATCHALIAN.** Anong pangalan niya?

**MS. A. GUO.** Iyong Huang po.

**SEN. GATCHALIAN.** Complete name?

**MS. A. GUO.** Ipo-provide ko po.

**SEN. GATCHALIAN.** Huang ano?

**MS. A. GUO.** Ipo-provide ko po, Sen.

**SEN. GATCHALIAN.** Iyan ba iyong sa incorporation papers, si Huang Zhiyang?

**MS. A. GUO.** Opo, isa po siya doon sa incorporation papers po.

**SEN. GATCHALIAN.** Si Huang Zhiyang?

**MS. A. GUO.** I think so, opo.

**SEN. GATCHALIAN.** I think so o hindi? Iyon lang naman.

**MS. A. GUO.** Opo, siya po iyong kausap—siya po iyong incorporator, opo.

**SEN. GATCHALIAN.** At siya rin ang nag-finance nito?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po alam kung sino pa po ang nag-finance. Basta siya lang po iyong alam po namin.

**SEN. GATCHALIAN.** Pero siya ang kausap mo dito para ipatayo itong POGO hub sa Bamban?

**MS. A. GUO.** Initially, hindi naman po POGO hub ang usapan. Ang initial po, housing po. Kaya iyong lupa ko po ang gagamitin. After po ako—after po, nag-iisip po sila ng ibang types of business na po, umalis na po ako.

**SEN. GATCHALIAN.** Paano ka—sige, babalik ako diyan, ha. But sinabi mo kasi kanina na si Huang Zhiyang ang nag-finance nito.

**MS. A. GUO.** Sen, hindi ko po sinabi siya po ang nag-finance, ang sinabi ko po, siya po iyong kausap po namin.

**SEN. GATCHALIAN.** Sino nga ang nag-finance? Iyon ang kailangan naming malaman kung sino ang mga taong nasa likod nito, hindi ba? Hindi ka nagbibigay ng sagot sa amin. Hindi naman parang may pera, babagsak lang sa langit, at magtatayo ng POGO hub sa Bamban. Mayroong nagbigay ng pera nito. Sino iyong nagbigay ng pera?

**MS. A. GUO.** Sen, very cooperating po talaga ako. At na-mention ko rin po sa inyo kanina, kukunin ko po iyong details po doon sa mga contractor. Then, from—

**SEN. GATCHALIAN.** Hindi, iyong contractor, iba. Iyong contractor, iyong binayaran mo.

**MS. A. GUO.** Wala po akong binayaran na contractor po, Sen.

**SEN. GATCHALIAN.** Iyong contractor, iba iyon. Mamaya ipapakita ko iyan.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** Iyong binagsakan ng pera—iyong pinanggalingan ng pera, saan galing iyon?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po alam, Sen.

**SEN. GATCHALIAN.** Hindi mo talaga alam?

**MS. A. GUO.** Hindi ko po talaga alam.

**SEN. GATCHALIAN.** Okay, sige. May ipapakita kami, ito. Kasi based sa mga news reports, may mga nabasa akong news reports, may mga nabasa akong—based on our research at saka news reports at saka iyong mga isina-submit dito sa amin, na from 2018 to 2024, ₱1.9 billion ang pumasok sa accounts mo. Ipapakita ko ngayon. And this is based on the—sa mga news reports, nakita namin. Kung makikita natin, noong mga unang panahon, wala namang pumapasok sa accounts mo. Pero pumasok sa account mo, between 2018 to 2024, ₱1.9 billion, of which, 666 million in cash, at 1.2 billion in check.

Kanina, sinabi mo, kumukuha ka ng income sa QJJ Farms. Nakita namin, walang income iyong QJJ Farms. Tinatanong ko sa iyo kung magkano ang kinukuha mo doon, ayaw mong sabihin kung magkano ang kinukuha mo ngayon. Pero sa aming pag-aanalisa, hindi kayang magbigay ng QJJ Farms ng ₱1.9 billion sa iyo in the span of six, seven years.

Ngayon, ang tanong ko sa iyo, saan galing itong perang ito?

**MS. A. GUO.** Sen, since may mga kaso na po finayl (file) po sa akin, I invoke my right against self-incrimination po.

**SEN. GATCHALIAN.** Anong kaso iyong mga finayl (file) sa iyo?

**MS. A. GUO.** Ang finayl (file) po sa akin, AMLC, ifinayl (file) po sa akin sa BIR, I think seven cases and more.

**SEN. GATCHALIAN.** Hindi, pero wala naman itong connection sa mga kaso mo.

**MS. A. GUO.** Alam ko, kung hindi po ako nagkakamali, may file din po sila ng tax evasion po.

**SEN. GATCHALIAN.** But the tax evasion nga is pag-transfer mo ng shares to Jack Uy. Ito, iba naman ito. Wala namang connection ito sa tax evasion.

So, ang tanong ko sa iyo, saan galing itong perang ito?

**MS. A. GUO.** Sen, since may AMLC na po na na-file po, I refuse to answer po. Sorry po talaga.

**SEN. GATCHALIAN.** Isa pa, kanina ipinakita namin iyong QJJ Farms ay maliit lang iyong kita niya. Pero natuklasan din namin, again, sa mga news reports ito, sa mga news reports, sa mga research namin, na between 2018 to 2024, three billion ang pumasok sa QJJ Farms, of which, 1.2 billion in cash at 1.7 billion in check. At ito, kapag i-add ko iyong kaninang sinabi ko at saka ito, almost five billion na, malapit na malapit na ito doon sa halagang ginamit sa pagpapatayo sa Bamban POGO hub. Kapag titingnan mo rin iyong timing, 2017, 2018, 2019, lahat ito, eksakto kung kailan ipinatayo iyong Bambam POGO hub.

Ang QJJ Farm, sino ang presidente?

**MS. A. GUO.** Sen, I think regarding po diyan—

**SEN. GATCHALIAN.** Hindi, but who is the president ng QJJ Farms? Sino ang president?

**MS. A. GUO.** Ako po iyong president.

**SEN. GATCHALIAN.** Kayo ang president ng QJJ Farm, hindi ba?

**MS. A. GUO.** Opo, opo.

**SEN. GATCHALIAN.** Kanina sabi mo, you also manage and control dahil nakakakuha ka ng pera doon.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** Definitely, alam mo rin, may pumapasok na pera doon?

**MS. A. GUO.** Sen, regarding naman po diyan, since may naka-file na po sa akin na case, I think sasagutin ko po siya sa korte. At regarding naman po, Sen, doon sa sinabi ninyo po kanina sa akin na iyong pera might be used in POGO … /jlf/mms/agc

**MS. A. GUO.** … iyong pera might be used in POGO, matse-check ninyo rin po, wala pong POGO-related na pera, if ever po. At saka even po sa mga contractor po, wala pong any transactions po.

**SEN. GATCHALIAN.** Itong pera na ito, never ito pumunta sa mga contractors, sa mga POGO, never iyan pumunta?

**MS. A. GUO.** Sen, wala po akong business na POGO, kaya wala rin po akong ipinagawa po na POGO.

**SEN. GATCHALIAN.** Itong perang ito, hindi ito pumunta sa pagpapatayo ng POGO sa Bamban?

**MS. A. GUO.** Wala po. Wala pa pong—

**SEN. GATCHALIAN.** Kasi iyong timing, perfect timing—

Balikan natin iyong kanina.

**MS. A. GUO.** Opo, Sen. Matse-check ninyo naman po.

**SEN. GATCHALIAN.** Iyong pagpasok ng pera, eksakto 2018, 2019. Sa farm, ganoon rin, 2018, 2019. Iyan iyong eksaktong ipinatayo iyong POGO hub sa Bamban?

**MS. A. GUO.** Kung hindi po ako nagkakamali, nag-umpisa po iyong POGO hub sa Bamban po year 2019 kasi pandemic year.

**SEN. GATCHALIAN.** Yes, oo, correct.

**MS. A. GUO.** Pero wala po akong POGO business po at wala rin po akong ipinatayo.

**SEN. GATCHALIAN.** Okay.

**MS. A. GUO.** Matse-check ninyo naman din po iyan, Sen.

**SEN. GATCHALIAN.** Okay.

**MS. A. GUO.** Opo. Sorry po talaga.

**SEN. GATCHALIAN.** Sabi mo kanina na hindi ka konektado doon sa mga contractors o sino ang nagpatayo ng POGO hub sa Bamban, pero tiningnan rin namin iyong accounts ng Baofu Land, of which, ikaw ang presidente, tama, ng Baofu Land?

**MS. A. GUO.** Hindi po. Wala po akong pinirmahan na any bank documents po ng Baofu.

**SEN. GATCHALIAN.** Hindi, hindi. Oo nga. But ikaw ang presidente ng Baofu Land, tama?

**MS. A. GUO.** Before po ako nag-divest po.

**SEN. GATCHALIAN.** Correct, correct.

**MS. A. GUO.** Noong lupa pa lang po siya.

**SEN. GATCHALIAN.** Oo. Hindi, dinivest (divest) mo siya is before election, 2022. Based sa mga records, 2022. So, from 2019, noong nag-incorporate iyong Baofu, until 2022, ikaw pa rin iyong presidente and you own 50 percent.

**MS. A. GUO.** [off-mike] Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** Ngayon, nakita namin sa mga accounts na ang Baofu may binayaran na isang Haoli Builders Construction, of which nakita namin iyong ID, at ibinigay sa amin rin ito ng mga nag-raid sa Bamban. At mayroon rin kaming nakita MaxGear Construction Supply na binayaran nitong Baofu Land. Tsinek (check) ko sa Internet, itong MaxGear is an equipment supplier.

**MS. A. GUO.** Wala po akong idea.

**SEN. GATCHALIAN.** Equipment supplier siya. So, dito, makikita natin na ang Baofu nagbayad sa contractor na Haoli; nagbayad rin sa equipment supplier na MaxGear, of which ang Baofu, ikaw ang presidente at 50 percent owner. Pero ang pera, nanggaling sa QJJ Farm. Kung makikita ninyo, QJJ Farm, credit the account of Baofu.

So, ang ibig sabihin nito, ang perang pumasok sa QJJ Farm, iyong kaninang ipinakita naming three billion, pumunta dito sa Baofu at binayaran iyong mga contractors. Ito iyong matagal na namin ni Sen Risa na hinahanap because, honestly, na-dead-end kami dito. But based on our research, ngayon, nati-trace na namin saan nanggaling ang pera, sino iyong mga contractor at, definitely, iyong pera bumagsak sa kompanya ninyo, QJJ Farm, at bumagsak sa personal account mo as Alice Guo.

**MS. A. GUO.** Sen, hindi ko po siya masasagot kasi wala po akong matandaan. Ido-double-check ko po, pero wala po akong maalala na may ganoong transaksiyon po.

**SEN. GATCHALIAN.** Paanong hindi mo maalala? You are the president in 2020. Nag-divest ka lang diyan before you became a mayor noong 2022.

**MS. A. GUO.** Opo, Sen. Pero doon sa account po ni Baofu, never po ako naging signatory at never po ako sumali po sa pag-open po ng account ng Baofu.

**SEN. GATCHALIAN.** Imposible naman iyon kung ikaw ang presidente, hindi mo alam kung saan pumupunta iyong pera. Pero, definitely, alam natin na galing sa QJJ Farm iyong pera.

**MS. A. GUO.** Ang pagkakatanda ko po, wala po ako naalala na may pera po na galing sa QJJ. Ido-double-check ko rin po, Sen.

**SEN. GATCHALIAN.** Well, iyan naman iyong standard na sagot mo, wala kang maalala, "Itse-check ko ho sa records ko."

But itong records na ito, official ito. Itong records na ito, hindi naman magsisinungaling dahil ibinigay ito sa Committee at tinagpi-tagpi lang namin ito para makita namin iyong totoong larawan. Dahil iyan ang importante sa amin, malaman namin kung saan nanggagaling iyong pera.

Madam Chair, I know that we are rushing against time, pero mayroong—a few items na lang, with the permission of the good Chairperson.

Kanina, madalas kong marinig sa iyo na sabi mo wala kang koneksiyon sa POGO, at wala kang koneksiyon doon sa operation ng POGO sa Bamban. Pero, mayroon din kaming nakitang mga dokumento na nagbabayad sa TARELCO. And itong mga dokumentong ito, nakapangalan sa iyo.

And, in 2022—ipakita lang namin, ha—in 2022, mayor ka na nito, noong 2022. December 29, 2022, nagbayad ka ng 28 million in cash to TARELCO, at ito ay nakapangalan sa iyo, iyong kontador; in September 11, 2022, nagbayad ka rin ng 5.4 million in cheque; in 2023, under your name, mayor ka na nito, 6.4 million in cheque.

Ipakita na lang natin sa slide—2023. In 2023, you also paid ₱3.1 million in cheque; in 2024, bago lang ito, January 4, nagbayad ka ng 3.4 million in cash; and in January of 2024, 5.3 million in cheque.

Paki-flash lang iyong 2024. Is that the 2024?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** [off-mike] Yes.

**SEN. GATCHALIAN.** Okay. So, mayor ka na nito noong nagbabayad ka ng TARELCO. At sinabi mo kanina, wala kang koneksiyon sa POGO, pero pag walang kuryente, walang POGO. Ganoon kasimple

lang iyon. Kung hindi mo binayaran iyong kuryente, walang POGO; walang mari-raid; walang human trafficking; walang torture; wala. Pero tuloy-tuloy kang nagbayad. Even noong mayor ka, nagbayad ka. Even this year, nagbayad ka.

So, alam mo na may nangyayari diyan, at we can also prove na iyong amounts na binabayaran mo is equivalent to the size, iyong laki ng POGO hub doon. Pero ito, makikita natin, mayor ka na noong nagbabayad ka. Kaya hindi lang ito—narinig ko, sinabi mo last time, nakapangalan lang sa iyo. Hindi nakapangalan ito sa iyo; gumawa ka ng tseke, binayaran mo, nag-withdraw ka ng 28 million, binayaran mo. So hindi lang ito simpleng nakapangalan at nakaligtaan lang na i-transfer sa iba. Nasa pangalan mo pa rin itong kuryenteng ito. So, in other words, active participant ka dito sa POGO hub in Bamban.

**MS. A. GUO.** Sen, dahil po may naka-file po sa DOJ na human trafficking po, I refuse to answer the question po. Sorry po.

**SEN. GATCHALIAN.** Hindi mo sasagutin, but again, iyong ebidensiya malakas na malakas; iyong dokumento malakas na malakas. Kahit hindi ka magsalita, it will speak for itself, sabi ng ating Chairperson. Dahil madalas kung naririnig sa iyo, hindi ka active participant diyan.

And lastly, Madam Chair, kaya pa ba ng—

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** One last point, Sen Sherwin, because Sen Bong Go is also going to question until 3:20.

**SEN. GATCHALIAN.** Yes, one last point, Madam Chair, because it is connected to this.

Nakita rin namin sa aming mga research at doon sa mga dokumento, dahil alam ninyo—actually, itong mga dokumento sa likod, Ms. Guo, ito iyong mga dokumentong ipinapadala dito at binabasa namin lahat iyan at tinatagpi-tagpi ho namin, kaya hindi simpleng trabaho po iyong ginagawa namin at ng Komite. At nakita rin namin na ginamit mo rin iyong mga kompanya ninyo para bayaran deretso iyong kuryente ng POGO hub sa Bamban gamit ang inyong mga korporasyon.

So, ipapakita namin dito. For example, in 2020, ang QJJ Farm, nagbayad ng kuryente in different dates, deretso sa TARELCO. In 2021, 2022, ang QJJ Farm rin nagbayad in those amounts rin, iba-iba: may 1.3 million, five million, deretso sa TARELCO … /ges/jacs/agc

**SEN. GATCHALIAN.** … deretso sa TARELCO. In 2021, 2022, ang QJJ Farm din nagbayad in those amounts din, iba-iba, may 1.3 million, five million, deretso to TARELCO. In 2023, iyong QSeed Genetics, nagbayad din ng different amounts—six million, 2.6 million—deretso to TARELCO.

Sino ang presidente ng QSeed Genetics?

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Ms. Alice.

**MS. A. GUO.** Ako po.

**SEN. GATCHALIAN.** Kayo ang presidente ng QSeed Genetics.

**MS. A. GUO.** Opo.

**SEN. GATCHALIAN.** So, in other words, nag-transfer ka ng pera—kasi pumasok sa iyo iyong 1.9 billion—tinransfer (transfer) mo sa QSeed Genetics, at binayaran niya iyong koryente ng POGO hub sa Bamban.

**MS. A. GUO.** Wala pong pumasok na 1.9 billion, Your Honor. At for that question po, I invoke my right po, gawa po nang mayroon na pong pending po ng human trafficking na related din po diyan sa issue, kaya hindi ko na po sasagutin po dito sa—

**SEN. GATCHALIAN.** At gusto ko rin i-point out, 2023, mayor ka na nito. Residente ka ng QSeed Genetics, mayor ka na ng Bamban, pero ginagamit mo iyong kompanya mo to—bayaran iyong POGO hub sa

Bamban. At in QSeed Genetics, tiningnan din namin sa SALN mo, hindi naka-declare iyong equity participation mo in QSeed Genetics.

So, ang punto ko rito, ang punto na gusto kong i-emphasize, Madam Chair, na may active participation ka, nagbabayad ka ng koryente. Iyong koryente, iyan ang isa sa pinakamahalagang aspeto ng POGO hub dahil kung walang koryente, hindi tatakbo lahat iyan. Kaya iyong statement mo na madalas mong marinig na wala kang participation, base sa dokumento, active participant ka, at ginagamit mo pa iyong family businesses ninyo para pondohan itong POGO hub sa Bamban. Iyon po ang aking gustong i-emphasize, Madam Chair.

Any comments to that, Ms. Guo?

**MS. A. GUO.** Sen, dine-deny ko po. Uulitin—doon pa rin ako naka-stick, doon sa statement ko po, na hindi po ako involved diyan sa POGO. In fact, ngayon nga po, kung hindi po ako nagkakamali, may forfeiture nga po ng property nga po noong POGO, hindi rin po ako interested kasi hindi naman po talaga siya akin.

**SEN. GATCHALIAN.** Pero wala, hindi ka naman puwedeng—hindi mo naman choice iyon kung interested ka o hindi. Ang dokumento lang ang nagsasabi dito na presidente ka ng QSeed Genetics, binayaran mo iyong koryente ng POGO hub sa Bamban, at mayroon kang control sa pagbabayad noong POGO hub sa Bamban.

**MS. A. GUO.** For that po, since mayroon na pong human trafficking case sa DOJ po, I refuse to answer po, Sen. Sorry po talaga.

**SEN. GATCHALIAN.** Sige.

Madam Chair, gusto ko lang namang ilagay iyan sa records natin dahil ito iyong mga dokumentong nakita ho namin to disprove, para mapatunayan natin na si Guo Hua Ping ay hindi lang ordinaryong tao o ordinaryong personalidad dito sa POGO hub, mayroon siyang active participation from start all the way noong naging mayor pa siya, by paying TARELCO in cash, paying TARELCO in check using her own family businesses.

Mayroon pa ho kaming, actually, mga ibang ebidensiya, but I will yield for now, and I am sure na mayroon pa naman tayong second hearing on this topic.

So, thank you very much, Madam Chairperson.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you very much, Sen Sherwin.

So, now, you have the floor. Last six minutes ang ating hearing, if you could take five minutes sa first round natin, and the Chair will take the last minute. You have the floor, Sen Bong Go.

**SEN. GO.** Salamat, Madam Chair.

Nandito tayo ngayon para malaman ang katotohanan. Tandaan natin na ang katotohanan lang ang kakampi at poprotekta sa iyo, Ms. Alice Guo. Huwag mong sayangin iyong oportunidad na ibinigay namin sa iyo dito sa Senado. Just tell the truth, iyong totoo lamang po.

Kasi dahil sa pagiging evasive mo noong mga nakaraan hanggang ngayon, kung ano-ano na pong mga insinuations, haka-haka, tsismis, at conspiracy theories ang kumakalat. Marami na pong nadadamay na mga inosente. Pati po si former President Duterte ay kinokonekta sa iyo. Ayaw ko na sanang bigyan ng panahon ang mga tsismis, pero since nandito ka na at cited in contempt ka na, ayaw mo rin namang sagutin ang mga tanong ng mga kasamahan ko rito, mabuti nang klaruhin mo ang iba't ibang mga alegasyon, tutal hindi naman ito connected sa mga kaso mo.

I am here not to defend former President Duterte, but to tell the truth. Sa pagkakilala ko po sa kaniya, knowing former President Duterte for the longest time when he was still the mayor of Davao, hindi talaga pumapayag nang ilegal iyon. Noong mayor siya, binalaan nga niya mismo iyong parating nali-link sa kaniya na si Michael Yang sa Davao. Nagnenegosyo iyan doon, pumunta—early 2000 pa siguro—nagdala iyan ng bayong, nagnenegosyo ng mga cellphone, mayroon siyang maliit na paninda. Sinabihan niya iyan, "Pag nagnegosyo ka nang ilegal dito,

ibabaon kita nang buhay dito." Ibig sabihin, ayaw niya po nang ilegal, ni dating Pangulong Duterte. Lalo na noong naging presidente po siya, ayaw niya nang ilegal sa kaniyang pamumuno. Ako rin po mismo ay saksi rito.

At for the record po, lahat nang gumagamit ng pangalan niya, o ng pamilya niya, o malapit sa kaniya, parating niyang sinasabi, "Consider it denied. Huwag kayong maniwala." Kasi marami talagang gumagamit ng pangalan noong panahon na nasa pamumuno pa siya. Marami pong mga name dropper na gumagamit ng pangalan. Huwag ho kayong maniwala. Pag ginagamit po ang pangalan, masama po ang intensiyon niyan.

At ako po ay, mismo, noon pa, against po ako sa POGO pag apektado na po ang peace and order. For the record, ayaw ko rin ng POGO, lalong-lalo na po pag naghahasik na po sila ng lagim. Diyan po mismo sa mga condominium, dito sa may malapit lang sa atin, kita mo, nagkakalat sa mga condo, naghahasik ng lagim. Pag compromise na po ang peace and order, ako mismo, ayaw ko po. I am against sa POGO. Matagal ko na pong sinasabi iyan.

At, lastly, to Ms. Alice, kung may intensiyon ka bang magsabi nang totoo dito, please lang po sabihin mo na iyon lahat, iyong totoo lamang po. Kung rerespetuhin ka pa rito, huwag kang maging evasive, sabihin

mo lang iyong totoo. Huwag kang tumakas, huwag kang magsinungaling. Just tell the truth, iyong totoo lamang po.

Salamat, Madam Chair.

**MS. A. GUO.** [off-mike] Thank you po, Sen.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Salamat kaayo, Sen Bong.

So, before we suspend this hearing, one quick question, quick initial answer sana mula sa PAOCC, kay Usec Cruz. You just raided a POGO in Cebu. Tama po ba na you established links also to the POGOs in Bamban and Porac na parehong linked kay Alice Guo, Usec?

**MR. CRUZ.** Yes, ma'am.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Thank you so much. We will ask you more questions, details about that sa susunod na pagdinig.

Dear colleagues, mukhang malalim pa ang hahalungkatin natin para maabot ang katotohanan.

At, Guo Hua Ping alias Alice Guo, kahit anong subok mo, hindi mo mapapaikot ang Senado. I am sure even if you are talking to your attorney, you can overhear me.

**MS. A. GUO.** Sorry po.

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** Hindi ako naniniwala na walang Pilipinong tumulong para makalabas kayo sa Pilipinas. Hindi ako naniniwala na walang opisyales ng gobyerno na tumulong sa inyo.

I remind the resource persons and the body na ang right against self-incrimination ay hindi isang mahiwagang anting-anting para makaiwas sa napakasimpleng mga tanong ng Senado.

Guo Hua Ping, huwag mo na kaming tuluyang insultuhin.

Kanina lang po ay may inulat na sinibak na ang presidente. Pero BI lang ba ang involved? At sino-sino exactly sa BI? Paano ang liability ng Coast Guard kung umalis nga siya sa isang yate? Paano ang involvement ng local governments—sabi ni Sen Robin, ng ating National Police—kung local governments? Inamin na po ng staff ni Mayor Calugay na siya ang naghanap ng notary para sa dokumento na turned out to be Alice Guo's affidavit.

Pero for now, Guo Hua Ping is cited in contempt. She will be held in the PNP Custodial Center, and the court will be informed … */pgpc/imjv/agc*

**THE CHAIRPERSON (SEN. HONTIVEROS).** … and the court will be informed that her presence will be required by the Senate for the continuation of our committee hearings.

The OSAA, under the good General Ancan, will coordinate with the PNP for her turnover, if she posts bail, turnover to the Senate, or once there is a final determination on the issue of jurisdiction of the court which issued the judicial warrant.

Hanggang hindi ka magsabi nang buong totoo, Guo Hua Ping, your contempt citation stands. At kung ikaw ay totoong natatakot para sa buhay mo, sa tingin ko, ang pagsasabi ng katotohanan, iyon ang mas makakaprotekta pa sa iyo.

So, nang may lubos na pagpapasalamat sa lahat at sa aking mga kasama dito sa Senado, this hearing is suspended.

**[THE HEARING WAS SUSPENDED AT 3:21 P.M.]**

/mpm/peg/agc

Republic of the Philippines
**SENATE**
Pasay City

**COMMITTEE ON WOMEN, CHILDREN, FAMILY RELATIONS AND GENDER EQUALITY**
***joint with the Committees on Migrant Workers; and Public Order and Dangerous Drugs***

**PUBLIC HEARING**
**Monday, September 9, 2024, 10:00 a.m.**
**Senator Padilla Room, Senate of the Philippines, Pasay City**

## AGENDA

- **Privilege Speech of Sen. Risa Hontiveros on Human Trafficking, delivered on November 21, 2022**

- **SRN 595 - Inquiry in Aid of Legislation, on the Alleged Human Trafficking and Cyber Fraud Operation at Clark (Senator Poe)**

- **SRN 611 - Human Trafficking Inside the Clark Freeport Zone (Senator Gatchalian)**

- **SRN 853 - Involvement of an Internet Gaming Licensee of PAGCOR on the Alleged Crimes or Offenses (Senator Gatchalian)**

- **SRN 977 - Alleged human trafficking, serious illegal detention, and physical abuse and torture in the premises of an internet gaming licensee of Philippine Amusement Gaming Corporation (PAGCOR) in Tarlac (Senator Gatchalian)**

- **SRN 1032 - Alleged human trafficking and involvement in scamming activities, violating the Cybercrime Prevention Act of 2012, within Multinational Village in Paranaque City Senator Gatchalian)**

## RESOURCE PERSONS

1. **Secretary JESUS CRISPIN C. REMULLA**
   Department of Justice (DOJ)

   Represented by:

   **Assistant Secretary FRANCIS JOHN L. TEJANO**

   **ATTY. MARIEL FRANCISCO**
   Prosecution Attorney

   **Atty. HANNAH LIZETTE S. MANALILI**
   Attorney V

Atty. BENJAMIN R. SAMSON
Deputy City Prosecutor

2. **Solicitor General MENARDO I. GUEVARRA** -
   **CONFIRMED**
   Office of the Solicitor General (OSG)

   Together with:

   **Assistant Solicitor General JAMES L. CUNDANGAN**

   **Assistant Solicitor General BERNARD G. HERNANDEZ**

   **June Abigail S. Dela Cruz**
   State Solicitor II

3. **PGEN ROMMEL FRANCISCO MARBIL**
   Chief, Philippine National Police (PNP)

4. **PMGEN LEO M FRANCISCO**
   Criminal Investigation and Detection Group (CIDG)
   Philippine National Police

5. **PMGEN ROMEO CARAMAT JR** -
   **REGRETS**
   Acting Area Police Commander of Northern Luzon
   Philippine National Police

6. **PCOL JAY C DIMAANDAL** -
   **CONFIRMED**
   Provincial Director, Pampanga PPO
   Philippine National Police

   Together with:

   **ATTY. SWANNERIE SANGSHELL T COTAY**
   Legal Officer

   **Mr. Samuel A Quibete**
   PNP Pampanga

7. **Secretary IVAN JOHN E. UY**
   Department of Information and Communications Technology (DICT)

8. **Secretary ENRIQUE A. MANALO**
   Department of Foreign Affairs (DFA)

9. **Secretary BENJAMIN C. ABALOS, JR.**
   Department of Interior and Local Government (DILG)

   Represented by:

   **Assistant Secretary ROMEO P. BENITEZ**

Assistant Secretary for Legal and Legislative Affairs

**ATTY. BENJAMIN J. ZABALA, JR**
Chief, Internal Audit Division 1 (Local Government Sector Internal Audit Division)

**Atty. JOCELYN V. PELANTAGAAN-REYES**
Attorney III

**Atty. MARIEL JEAN RAÑESES**
Attorney III

10. **Secretary JAIME J. BAUTISTA**
Department of Transportation (DOTr)

**Represented by:**

**ASEC. ENRIQUE ANTONIO J. ESQUIVEL III**
Assistant Secretary for Aviation and Airports

11. **Undersecretary GILBERTO CRUZ**
Presidential Anti-Organized Crime Commission (PAOCC)

12. **Undersecretary NICHOLAS FELIX L. TY** -
**CONFIRMED**
Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT)

Together with:

**ATTY. ISSER JOSEF GATDULA**
Assistant City Prosecutor, IACAT

13. **MR. ALEJANDRO H. TENGCO CONFIRMED**
Chairperson
Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR)

Atty. Jessa Mariz Fernandez
Assistant Vice President
Offshore Gaming Licensing Department

OTHER ATTENDEES:
Gen. Raul Villanueva (Ret.)
Senior Vice President
Security and Monitoring Cluster
2) Atty. Josephine Pagdanganan
Vice President
Legal Group
3) Atty. Aliah Comagul
Officer-in-Charge
Corporate Services Department
Support /Technical Staff
Mr. Joaquin Abejar Jr.
Senior Manager
2) Ms Mary Ann Vitug

Senior Liaison Officer
3) Ms. Maria Laarni Orbeta
Protocol Officer
4) Ms. Sweet Ramos
Liaison Officer
5) Mr. Anthony Santos
Liaison Officer
6) Mr. Reynaldo Domingo Jr
Videographer

14. **ATTY. MATTHEW DAVID**
Executive Director
Anti-Money Laundering Council (AMLC)

Represented by:

**ATTY. ADRIAN A. ARPON**
Deputy Director, Financial Crimes Investigation Group
Investigation and Enforcement Department, AMLC

**ATTY. ARNOLD T. KABANLIT**
Deputy Director, Compliance and Supervision Group
Detection and Prevention Department, AMLC

Assisting Resource Persons:

**ATTY. MARIJUNE F. FABROA**
Acting Bank Officer V,
Financial Crimes Investigation Group

**Mr. Jayson V. Padilla**
Bank Officer IV
Financial Crimes Investigation Group

**Atty. Nestor Pol P. Rasco**
Executive Assistant
Compliance and Supervision Group

15. **Commissioner ROMEO D. LUMAGUI, JR.**
Bureau of Internal Revenue (BIR)

16. **Commissioner NORMAN G. TANSINGCO**
Bureau of Immigration (BI)

17. **CHIEF VINCENT BRYAN ALLAS** -
**CONFIRMED**
Head, Border Control and Intelligence Unit (BCIUA), BI

Together with:

**MS. CECILLE G. MARIN**
Administrative Officer

**MS. NIÑA PEARL O VALENCIA**

Central Administrative Officer
Border Control and Intelligence Unit, Intelligence Division, BI

18. **CHIEF ROGELIO D. GEVERO, JR.**
Chief, Immigration Regulation Division, BI

19. **Judge JAIME B. SANTIAGO (Ret.)** -
**CONFIRMED**
Director
National Bureau of Investigation (NBI)

**Together with:**

**Atty. ANGELITO DLP. MAGNO**
Assistant Director, Investigation Service, NBI

**Atty. YENTL D. MALICAD**
Executive Assistant, Office of the Director, NBI

**Ms. AGRIFINA S. DELA CRUZ**
Assistant Chief, Legislative Liaison Unit NBI

20. **DIRECTOR GENERAL RICARDO F. DE LEON**
National Intelligence Coordinating Agency (NICA)

21. **Undersecretary CLAIRE DENNIS MAPA**
Philippine Statistics Authority (PSA)

Represented by:

**ENGR. MARIZZA B. GRANDE**
Assistant National Statistician
Civil Registration Service, PSA

**ATTY. ELIEZER P. AMBATALI**
Director III
Legal Service, PSA

**MS. EMILY R. MACARIO**
Registration Officer IV
Civil Register Management Division, PSA

**MR. RANDOLF RYAN NUGUID**
Registration Officer II, Fraud Management Division

**ATTY. PRECIOUS ANGELA EUGENIO-PAGANAJE**
Attorney III, Legal Service, PSA

22. **MR. ERIC JOSE C. INES** -
**CONFIRMED**
General Manager, Manila International Airport Authority (MIAA)

Together with:

**Atty. CHRIS NOEL A. BENDIJO**
Head Executive Assistant, MIAA

23. **Captain MANUEL ANTONIO LARA TAMAYO**
Civil Aviation Authority of the Philippines (CAAP)

Represented by:

**ATTY. ROBERTO MARTIN S. BUENAVENTURA**
Assistant Director General II, CAAP

MS. JESSICA ADELINE D. JAMERO, Department Manager III, Air Traffic Control and Airspace Management Department, Air Traffic Service (ATS)

BGEN DIONISIO L. ROBLES AFP (RET), Division Chief III, Intelligence and Investigation Division, CAAP Security and Intelligence Service (CSIS)

Staff:

**Joy Gabrielle A. Bedaña**
Special Project Research Officer

24. **Administrator SONIA B. MALALUAN**
Maritime Industry Authority (MARINA)

25. **General Manager JAY DANIEL R. SANTIAGO**
Philippine Ports Authority (PPA)

26. **CG ADMIRAL RONNIE GIL L GAVAN**
Commandant
Philippine Coast Guard (PCG)

27. **VADM TORIBIO D ADACI JR PN**
Flag Officer in Command
Philippine Navy (PN)

28. **MR. EMILIO B. AQUINO**
Chairperson, Securities and Exchange Commission (SEC)

29. **MAYOR LISELDO CALUGAY**
Sual, Pangasinan

30. **MS. CHERRY ORDOÑA**
Personal Secretary of Mayor Calugay

31. **MR. JOSE ANTONIO T. FELICIANO** -
**CONFIRMED**
Former Mayor of Bamban, Tarlac

Together with:

**MR. MARC ANTHONY FLORENTINO**

**ATTY. ENRICO GUINTO BARIN**

32. **ALICE GUO / GUO HUAPING**

33. **SHIELA GUO / ZHANG MIER**

34. **KATHERINE CASSANDRA LI ONG**

35. **ATTY. ELMER GALICIA** -
    **CONFIRMED**
    Notary Public for Ms. Alice Guo, EAG Law Firm

36. **ATTY. STEPHEN L. DAVID** -
    **CONFIRMED**
    Counsel of Shiela Guo, David and Jamilla Law Offices

37. **MS. RONELYN B. BATERNA** -
    **CONFIRMED**
    Corporate Secretary, Lucky South 99 Outsourcing Inc.

38. **MS. STEPHANIE B. MASCAREÑAS** -
    **CONFIRMED**
    Incorporator, Lucky South 99 Outsourcing Inc.

39. **MR. NORMAN MACAPAGAL**
    Lucky South 99 Outsourcing Inc.